# Katekistang Malikhain

## Mga Turong-Gabay sa Gawaing Katekesis





**Mga May-akda**

**Clarence M. Batan**
*Patnugot*

*Mga Katuwang na Patnugot*
**Keith Aaron T. Joven**
**Joan Christi Trocio-Bagaipo**
**Renniel Jayson Jacinto Rosales**
**Leonardo O. Quimson, Jr.**
**Jonathan James O. Cañete**

*Kasama sina*
**Christine C. Balmaceda**
**Ser Allan G. Bodoraya**
**Tricia Mae V. Cruz**
**Arthur G. Octubre**
**Ma. Elena P. Octubre**
**Abigael Maitim-Padilla**
**Maria Corazon C. Sanin**
**Mc Kyle F. Vilaz**



## *Kuwento ng Disenyo ng Pabalat at Layout*

Ang konsepto ng pabalat ng libro ay mula sa imahinasyon nina Clarence M. Batan at Vincent Reuben E. Valientes na binigyang-búhay ng malikhaing **linyang-sining** ni Gracelle C. Tungbaban. Mababanaag na ang pabalat ay pinagsamang kulay puti at itim na ang puti ay kinakatawan ng liwanag ng kaalaman samantalang ang itim ay sinasagisag ng katahimikan ng pagninilay. Sa pabalat na ito ay may isang larawang-guhit na belen na may mga aninag ng anghel, tatlong haring mago, at ang Banal na Pamilya. Sa pagitan nila, may isang kamay na nakaturo't waring inaabot ang talà ng Pasko. Kinakatawan nito ang "sinagtalà" sa bawat isang katekistang nais maging katekistang malikhain na magbibigay-lakas sa tumatamlay na pananampalataya at magpapainit sa ministeryong kateketikal sa buong bansa.

# Katekistang Malikhain

## Mga Turong-Gabay sa Gawaing Katekesis



**Mga May-akda**


**Clarence M. Batan**
*Patnugot*

*Mga Katuwang na Patnugot*
**Keith Aaron T. Joven**
**Joan Christi Trocio-Bagaipo**
**Renniel Jayson Jacinto Rosales**
**Leonardo O. Quimson, Jr.**
**Jonathan James O. Cañete**

*Kasama sina*
**Christine C. Balmaceda**
**Ser Allan G. Bodoraya**
**Tricia Mae V. Cruz**
**Arthur G. Octubre**
**Ma. Elena P. Octubre**
**Abigael Maitim-Padilla**
**Maria Corazon C. Sanin**
**Mc Kyle F. Vilaz**

**Inilathala** ng University of Santo Tomas (UST)
Research Center for Social Sciences and Education (RCSSED)
Room 211, Thomas Aquinas Research Complex (TARC),
UST, España Boulevard, Sampaloc, Manila, Philippines, 1015
Telepono: +632-8786-1611 local 4040 | Telefax: +632-8731-3535
Email: rcssed@ust.edu.ph

**Karapatang-Ari © 2021** ng *Catholic Bishops' Conference of the Philippines (CBCP) - Episcopal Commission on Catechesis and Catholic Education (ECCCE)*, *University of Santo Tomas (UST) Research Center for Social Sciences and Education (RCSSED)*, at ni Clarence M. Batan

Ang **karapatang-ari** ng bawat kabanata ay nananatili sa mga indibiduwal na may-akda

Reserbado ang lahat ng karapatan kasama na ang karapatan sa muling paglilimbag at paggamit sa anomang anyo at paraan maliban kung may nakasulat na pahintulot mula sa mga may hawak ng karapatang-ari.

Unang paglimbag, 2021

Konsepto at disenyo ng pabalat nina Clarence M. Batan, Vincent Reuben E. Valientes, at Gracelle C. Tungbaban

Disenyo ng libro nina Gracelle C. Tungbaban at Vincent Reuben E. Valientes

Linyang-Sining ni Gracelle C. Tungbaban

*Vector Illustrations* ni Jayson U. Dela Cruz

**Rekomendadong Talâ:**

Katekistang malikhain : mga turong-gabay sa gawaing katekesis /

Clarence M. Batan, editor. -- Manila, Philippines : UST Research Center for Social Sciences and Education (RCSSED), c2021.
X, 186 pages; 22.86 cm.

ISBN 978-621-8269-07-1 *(Softbound/Paperback)*
ISBN 978-621-8269-08-8 *(Hardbound)*
ISBN 978-621-8269-09-5 *(EPUB)*
ISBN 978-621-8269-10-1 *(PDF downloadable)*
ISBN 978-621-8269-11-8 *(PDF read only)*

1. Catechetics – Study and teaching. 2. Catechetics – Catholic Church.
3. Religious education -- Philippines. 4. Religion and sociology. 5. Catholicism.
6. Catechisms. I. Batan, Clarence M., editor.

BX1968 .K159 2021

**Inilimbag** ng Raintree Trading & Publishing, Inc.
21 Matimtiman Street, U.P. Village, Quezon City
Telephone: 02 8921 8060
Email: raintree.publishing@gmail.com

Ang gawang ito ay lisensiyado sa ilalim ng *Creative Commons Attribution-NonCommercial-ShareAlike 4.0 International License*. Upang makita ang kopya ng lisensiyang ito, bisitahin ang http://creativecommons.org/licenses/by-nc-sa/4.0/ o magpadala ng sulat sa *Creative Commons, PO Box 1866, Mountain View, CA 94042, USA*.

Ang ***Porticus Asia, Ltd.*** ay naggawad ng ***international research grant*** sa proyektong ito. Ang pondong ito ay malaking suporta sa Simbahang Katolika at sa espirituwal na pagbuo ng ministeryong kateketikal sa bansang Pilipinas.

# Paghahandog

Para sa mga ***Katekistang Malikhain***
na ang liwanag ng paglilingkod ay
sinagtalà ng maraming naghahangad
matuto at maisabúhay ang mga
turo't aral ng Simbahang mahal.



# Mga Nilalaman

**Paghahandog** **I**

**Lupon ng Turong-Gabay** **IV**

**Malikhaing Pasasalamat** **VI**

**Panimulang Mensahe mula sa Pangulo ng *CBCP* (2021-2023)** **IX**

**Kabanata 1 | Sinagtalà:**
**Gabay-Turo sa mga Katekistang Malikhain** **1**

**Kabanata 2 | Liwanag:**
**Malikhaing Guro, Malikhaing Katekista** **11**

***Mga Pedagohiya sa Pagtuturo ng Katekesis*** **24**

**Kabanata 3: Parabula** **25**
*Experience is the best teacher!* 25
Pedagohiya ng Parabula 27
Si Santo Domingo de Guzman 29
Paano Naman ang Iba? 31

**Kabanata 4: Panalangin** **35**
Hiwaga ng Katekista: "Kasama Ko ang Diyos Kahit Saan" 35
Panalangin at Pedagohiya 37
Santa Monica 40
Panalangin at Katekesis 42

**Kabanata 5: *Lecture*** **46**
Katekista Bilang Tagapagdaloy ng Katekesis 46
Panayam Bilang Pedagohiyang Pangkatekesis 48
Si San Pedro Calungsod, Isang Katekistang
Saksi ng Pananampalataya 50
Malikhaing Panayam, Katekista Bilang
Tagapagdaloy ng Katekesis 53

**Kabanata 6: Kuwentúhan** **58**
Mga Kuwento at Karanasan ng Isang Katekista 58
Kuwentúhan at Katekesis 59
Ang mga Kuwento at Karanasan ni San Antonio de Padua 62
Kuwento't Karanasan sa Katekesis (KKK) 65

**Kabanata 7: Tula** **68**
Tula ng Aking Búhay-Katekista 68
Ang Kapangyarihan ng Tula 71
Si Karol Wojtyla, ang Makatang Katekista 73
Ang Tula sa Katekesis 74

**Kabanata 8: Awit** **76**
Musika ng Puso, Awit Para sa Iyo 76
Ang Kahalagahan ng Awit at Musika sa Katekesis 78
Ang Mahiwagang Musika sa Puso ni Santa Cecilia 82
Ang Ligaya ng Pasko Gamit ang Musika 84

***Mga Larawang Retablo ng mga Katekistang Banal***

***Malikhaing Linyang-Sining***

**Kabanata 9: Sayaw** **87**
Sayaw: Galaw at Indak ng Papuri 87
Katekesis at Pagsasayaw 88
Ang Sayaw at Indak ni Santa Teresa ng Avila 92
Paggamit ng Sayaw sa Panalangin 93

**Kabanata 10: Teatro at Pelikula** **97**
Ang Dula at Ang Pagiging Katekista 97
Dula sa Katekesis 100
Santa Teresa ng Batang Hesus: Aktor at Manunulat 104
Dulaan 106

**Kabanata 11: Larawan at Retrato** **112**
Pagpapahayag ng Pananampalataya sa Pagguhit at Potograpiya 112
Mainam na Larawan ng Pananampalataya 114
Santa Veronica, Patrona ng mga Potograpo 119
Halimbawang Gawain Gamit ang Pagguhit at Potograpiya 121

**Kabanata 12: Kalikásan** **124**
Sa Ilalim ng Punò ng Narra 124
Kalikásan at Katekesis 126
Ang mga Kapatid ni Kiko 129
Ang Kalikásan Tungo sa Kalakasan 130

**Kabanata 13: Katahimikan** **136**
Ang Tinig ng Diyos sa Katahimikan 136
Katahimikan at Katekesis 137
Ang Tahimik na Búhay ni San Benito 142
Tahimik na Palagid, Paglalim ng Katekesis 143

**Kabanata 14: Talambúhay** **149**
Mga Banal na Talambúhay 149
Talambúhay na Nakapagpapabago ng Búhay 151
Mga Banal sa Likod ng Isa ring Banal 155
Malikhaing Katekesis 158

**Kabanata 15 | Mga Kislap ng Kabanalan: Malikhaing Ministeryong Kateketikal na Naghahatid ng *Mabuting Balita* Tungo sa Búhay na Banal** **164**

**Pangwakas na Mensahe mula sa Tagapamuno ng *CBCP-ECCCE* (2016-2021)** **180**

**Tungkol sa Mga May-akda at Mga Taga-disenyo ng Libro** **182**

# Lupon ng Turong-Gabay

## Mga May-akda

Clarence M. Batan (Patnugot), *Unibersidad ng Santo Tomas*

Keith Aaron T. Joven (Katuwang na Patnugot), *Unibersidad ng Santo Tomas*

Joan Christi Trocio-Bagaipo (Katuwang na Patnugot), *Unibersidad ng Santo Tomas*

Renniel Jayson Jacinto Rosales (Katuwang na Patnugot), *Sta. Teresa College*

Leonardo O. Quimson, Jr. (Katuwang na Patnugot), *Unibersidad ng Santo Tomas*

Jonathan James O. Cañete (Katuwang na Patnugot), *La Salle College of Antipolo*

Arthur G. Octubre, *Siena College of San Jose, Inc.*

Ma. Elena P. Octubre, *Siena College of San Jose, Inc.*

Tricia Mae V. Cruz, *Unibersidad ng Santo Tomas*

Maria Corazon C. Sanin, *Unibersidad ng Santo Tomas*

Ser Allan G. Bodoraya, *Unibersidad ng Santo Tomas*

Christine C. Balmaceda, *St. Bridget College - Batangas*

Abigael Maitim-Padilla, *De La Salle University - Laguna Campus*

Mc Kyle F. Vilaz, *De La Salle Araneta University*

## Teknikal na Patnugot ng Wika *(Language Editor)*

Alvin Ringgo C. Reyes, *Unibersidad ng Santo Tomas*

## Taga-disenyo ng Pabalat

Clarence M. Batan
Vincent Reuben E. Valientes
Gracelle C. Tungbaban

## Taga-disenyo ng Libro

Gracelle C. Tungbaban
Vincent Reuben E. Valientes

## Tagaguhit ng mga Larawan

Gracelle C. Tungbaban (Linyang-Sining)

Jayson U. Dela Cruz *(Vector Art)*

## Mga Tagasuri ng Nilalaman

Reb. Padre Amado V. Gino, *Diyosesis ng Kalookan*

Vanessa B. Sabit, *Diyosesis ng Bacolod*

German J. Calacat, Jr., *Arkidiyosesis ng Cagayan de Oro*

## Catholic Bishops' Conference of the Philippines – Episcopal Commission on Catechesis and Catholic Education (CBCP-ECCCE)

Obispo Roberto C. Mallari, DD, *Tagapamuno*

Reb. Padre Ernesto B. de Leon, *Kalihim*

Sr. Ma. Jesusa G. Enginco, OP, *Katuwang na Kalihim*

## National Catechetical Study (NCS) 2021: Pastoral Action Research and Intervention (PARI) Project


Clarence M. Batan
*Lider-Mananaliksik*
Florence Co-Navidad
*Kawaksing Mananaliksik*
Ruth DL. Andaya
*Katuwang sa Administrasyon at Pondo*
Tisha Isabelle M. de Vergara
Keith Aaron T. Joven
Jaycar P. Espinosa
*Mga Katuwang sa Pananaliksik at Dokumentasyon*
Celda L. Palma
*Sosyologong Mag-aaral na Katuwang sa Pananaliksik at Dokumentasyon*
Vincent Reuben E. Valientes
Gracelle C. Tungbaban
Coleen Elisabeth C. Candelario
Jayson U. Dela Cruz
*Mga Sosyologong Mag-aaral na Katuwang sa Multimedia*

# Malikhaing Pasasalamat


Malikhaing **pasasalamat**
Ang aming **handog**
Na **linyang-sining** ang gamit -
Sa salita ma'y salat
Mga **Katekistang-lingkod** -
Larawan ay **pag-ibig**!

*- Clarence M. Batan*





Linyang-Sining ni Gracelle C. Tungbaban



# Panimulang Mensahe

Pagbati sa Ngalan ni Hesus, ang ating Dakilang Guro!

Nais kong ipaabot ang aking taos-pusong pasasalamat at pagbati sa lahat ng bumubuo ng *National Catechetical Study (NCS) 2021: Pastoral Action Research and Intervention (PARI) Project Research Team* at ng *Unibersidad ng Santo Tomas (UST) Research Center for Social Sciences and Education (RCSSED)* sa pangunguna ni Propesor Clarence M. Batan, PhD at ng *Catholic Bishops' Conference of the Philippines - Episcopal Commission on Catechesis and Catholic Education (CBCP-ECCCE)*, sa pamumuno ng Lubhang Kagalang-galang Roberto C. Mallari, D.D., Obispo ng Diyosesis ng San Jose de Nueva Ecija, at ng kaniyang kalihim, si Reb. Padre Ernesto B. de Leon. Silang lahat ay nagpunyagi nang husto upang mabuo ang napakagandang handog na ito ng Simbahan para sa mga minamahal nating mga katekista.

Sa isang liham apostolika na inilabas ng ating Santo Papa Francisco noong Mayo 2021, kaniyang inihayag ang napakahalagang misyon ng mga katekista sa Simbahan noon pa man at magpahanggang ngayon. Giit ng Santo Papa na napakalaki ng kanilang ambag sa pagpapalaganap ng *Salita ng Diyos* at ng pananampalataya. Sinabi niya, "Malugod na kinikilala ng Simbahan ang mga katekista sa kanilang buong-pusong paglilingkod bilang tanda ng kanilang pagmamahal at pagbibigay ng sarili para sa misyon ng ebanghelisasyon sa Simbahan… at sa tulong nila (mga katekista) kaya patuloy at sinisikap ng Simbahan na gumawa ng mga paraan upang matulungan sila na maipahayag ang pananampalataya sa lahat ng nilalang at manatili ang lahat na tapat sa *Salita ng Diyos* at sa *Mabuting Balita*" (Antiquum Ministerium, #2).

Kaya sa pagdiriwang natin ng ika-500 taon ng Pagdating ng Pananampalatayang Kristiyano sa ating bansa, ang aklat na ito na pinamagatang ***Katekistang Malikhain - Mga Turong-Gabay sa Gawaing Katekesis*** ay isa sa mga handog natin upang lalong maipahayag sa paraang mainam at napapanahon ang ating pananampalatayang tinanggap noon pa man at magpahanggang ngayon.

Makatutulong ang aklat na ito upang magabayan ang ating mga katekista upang patuloy nilang maituro ang pagmamahal ni Hesukristo sa pamamagitan ng iba't ibang mga malikhaing pedagohiya, bukod pa sa mga nakasanayang *"lecture method"* at "pagkukwento ng karanasan". Itinatampok din sa aklat na ito ang mga katekistang nagbahagi ng kanilang mga karanasan kung papaano magagamit ang iba't ibang mga pedagohiya sa pagtuturo ng katekesis. Nagpapatotoo ang mga ito na sa gitna ng lahat ng ating mga biyayang natatanggap, tayo ay may mahalagang misyon na magbigay at magbahagi, na tayo'y "biniyayaan upang maging biyaya" (Mateo 10:8).

Hangad ko at dalangin na maging malawak at malaki ang maibunga ng proyektong ito upang mas maipahayag ang pag-ibig ng Diyos at lubos na maalalayan ang ating mga ***Katekistang Malikhain***.

Mabúhay ang mga katekista at pagpalain nawa kayong lagi ng Poong Maykapal!

Kaisa ninyo kay Kristo,

**✞ Obispo Pablo Virgilio S. David, D.D.**
*Diyosesis ng Kalookan*
*Pangulo, CBCP (2021-2023)*



## Kabanata 1

# Sinagtalà

## Gabay-Turo sa mga Katekistang Malikhain

***Clarence M. Batan at Keith Aaron T. Joven***



Noong 2017, naging espesyal ang pamaskong handog ng *NCS Research Team* sa ating mga katekistang walang pag-aatubiling tumulong sa aming pananaliksik. Ang regalo namin ay isang tulang pananaliksik na may pamagat na, **"Paskong Katekista"**.

Ang tulang ito ay pagkilala sa ating mga katekista bilang mga bayani ng ating Simbahan. Nasaksihan namin ang halaga ng kanilang paglilingkod at pagsasakripisyo sa pamamagitan ng pagtuturo para ihatid ang kuwento ni Kristo – ang ating pananampalatayang Katoliko. Nakakahanga lang nang labis dahil marami sa ating mga katekista ay nagtuturo nang walang hinihintay na bayad bilang kapalit. Lalo pa itong pinapatingkad ng kanilang mga ngiti na sinasamahan ng sangkatutak na lakas ng loob para ibahagi ang mga turo ng Simbahan. Kaya para sa aming mga mananaliksik, nagpapaalala ito ng halaga ng simbolo ng "talà" sa Pasko. Ang "talà" sa konteksto ng ating wika ay nangangahulugang "maliwanag na bituin" na sa panahon ng Kapaskuhan ay kinakatawan ng mga parol.

# Paskong Katekista

*ni Clarence M. Batan*

Ngayong Pasko,
May bago akong
Kuwento.
Tungkol sa
Mga bayani
Ng Simbahang
Naglilingkod,
Nagtuturo't
Nagsasakripisyo
Para ihatid
Ang kuwento ni
Kristo.

Walang bayad
Nagsasakripisyo
Para sa tatlumpung minuto.
Gait ang ngiti
At sangkatutak
Na lakas ng
loob
Para ihatid ang
pananampalataya
Di para sa
Sarili
Kung para sa
Simbahan
Mahal.

Sila ang mga
Katekistang
Unang nagturo
Sa akin
Ng halaga ng
Pasko.

Sila ang Paskong
Nagtampok sa
Tunay na diwa
Ng pagdiriwang.
Sila ang mga parol
Na ang kinang
Ay ningning ng
Bawat isang
Naturuan
Napaliwanagan
Naliwanagan.

Na ang Pasko
Ay tungkol kay
Kristo.

Salamat sa mga
Katekista.
Salamat sa
Paalala.





Ang kuwento ng unang parol ay nakaugat sa talà noong unang Pasko kung saan ang malinawag na bituin ang nagsilbing-gabay upang matunton ng tatlong haring mago ang bagong-silang na sanggol - ang ating Panginoong Hesukristo - sa sabsaban kapiling ang banal na Inang Birheng Maria at Amang San Jose. Ito ang sumasagisag sa maraming "belen" na ipinapaalala ang mapagkumbabang pagsilang ng ating pananampalataya sa mundong dahop sa pag-asa, kapayapaan, at pagmamahalan. Kaya nga mababanaag sa pabalat ng librong ito ang isang larawang-guhit na belen. Naroong naaaninag ang anghel, tatlong haring mago, at ang Banal na Pamilya.


Subalit sa pagitan nila, may isang kamay na nakaturo't waring inaabot ang talà ng Pasko. Na kahit man lang sa larawang ito, maaaring ang hintuturo ay bahagyang dumampi sa talàng may kakayahang magbigay-liwanag sa maraming mananampalataya. Dalangin namin, ang librong ito ay magsilbing "sinagtalà" sa bawat isang katekistang nais mas maging magaling sa pagtuturo tungkol sa ating Simbahan. Ang sinagtalàng ito ang muling magbibigay-lakas sa tumatamlay na pananampalataya at magpapainit sa ministeryong kateketikal sa buong bansa.

Ito ang sinagtalà ng mga ***katekistang malikhain.***

# Gabay sa Pagtuturo, Pagtuturong Gumagabay

Tulad ng talà, ang librong ito ay nabuo upang magsilbing gabay sa pagtuturo ng katekesis hanggang sa mag-anyo at sumamyong tunay na “pagtuturong gumagabay”. Ang adhikaing ito ay may kaugnayan sa aming natuklasan sa *National Catechetical Study (NCS) 2016-2021: Pastoral Action Research and Intervention (PARI) Project*. Ito ay ang dalawang pinakapopular na metodong ginagamit ng mga katekista sa pagtuturo – ang pagkukuwento *(storytelling)* at *lecture method*. Sa dalawang metodong ito, ang pagkukuwento ang kanilang pinakagusto at ang *lecture* ang kanilang pinaka hindi gusto.

Sa pagkukuwento, mukhang nagiging madali para sa ating mga katekista ang pagtuturo. Sa *lecture*, dama rin nila ang pagkabagot ng kanilang mga tinuturuan ng mga aral tungkol sa ating pananampalataya. Samakatuwid, mukhang mas epektibo ang metodong kuwentúhan kaysa *lecture*. Pareho namang may halaga ang dalawang metodong ito ngunit nag-iiba lang sa kung paanong ang mga ito ay ginagamit dahil ang anomang metodo sa pagtuturo ay may angking lohika at ang sining ng mga ito ay nakaangkla sa malalim, mahusay, at malikhaing paggamit nito na ang tawag ay “pedagohiya”.



Batid din namin na limitado ang pondo at mga materyales na mapagkukunan sa pagtuturo ng ating mga katekista. May mga kuwento mula sa aming mga *survey*, *interview*, at *fieldwork* na bago pa ang pandemya, sa maraming taon, *blackboard* at *chalk*, Manila *paper*, at maging ang likod ng mga lumang kalendaryo ang madalas na gamit nila sa pagtuturo. Biro nga namin na ito marahil ang dahilan

kung bakit tuwing  Pasko, ang pinamimigay na regalo sa parokya ay mga kalendaryo. Di kaya dahil sa mga katekista kaya taon-taon na lang, kalendaryo ang regalo ni *Father*? Kasi pala, ginagamit ito ng mga katekista upang gawing *flip charts* ng mga *catechetical lessons*? Ang birong ito ay may seryosong aral. Na sa kabila ng maraming limitasyon, nakakagawa ng paraan ang ating mga katekista upang matuloy ang katekesis kahit limitado ang *teaching resources* at walang bayad. Ito na ang patunay na bago pa man ang librong ito, may ebidensiya na na ang pedagohiya ng ating mga katekista ay masasabing malikhain. Ibig sabihin, may kinang ang kanilang pagtuturo na ang ningning ay nagbigay-liwanag sa pag-usbong ng pananampalataya sa kanilang mga unang naturuan.


Sa librong ito, itinuturing na mga sinag ng pedagohiya ang bawat kabanata. Sa kabuuan, 15 ito. **Sinagtalà** ang ating unang kabanata kung saan ilalarawan ang pananaliksik at lohika ng gabay-turong ito. Susundan ito sa ikalawang kabanata ng isang pagtalakay tungkol sa halaga ng pagiging "malikhain" ng mga katekista bilang mga guro ng pananampalataya, ang **Malikhaing Guro, Malikhaing Katekista**. Ang sinag nito ay magbibigay-liwanag sa ilang katekistang nagdududa pa sa posibilidad na maaaring ang karanasan ng katekesis ay maging masaya, magaan, nakakapagpalaya't nakakapagpaligaya.

May 12 sinag ng pedagohiya ang susunod na bahagi ng ating libro. Binubuo ito ng samo't saring tema at estratehiya sa pagtuturo na puwedeng gamitin upang ang katekesis ay maging malikhain. Ito ay ang mga sumusunod: **Parabula** (Kabanata 3), **Panalangin** (Kabanata 4), ***Lecture*** (Kabanata 5), **Kuwentúhan** (Kabanata 6), **Tula** (Kabanata 7), **Awit** (Kabanata 8), **Sayaw** (Kabanata 9), **Teatro at Pelikula** (Kabanata 10), **Larawan at Retrato** (Kabanata 11), **Kalikásan** (Kabanata 12), **Katahimikan** (Kabanata 13), at **Talambúhay** (Kabanata 14). Ngunit saan nga ba manggagaling ang malilikhaing init ng mga sinag na ito?


Ang bawat pedagohiya ay isinulat ng 12 katekista. Iba't iba man ang antas ng kanilang pagsasanay sa larangan ng pilosopiya, teolohiya, agham panlipunan, pamamahala sa edukasyon, at edukasyong panrelihiyon partikular ang Katolisismo, nagkakaisa ang lahat sa adhikaing magkaroon ang mga kapuwa-katekista ng panibagong materyales na maaaring gamitin para sa malikhaing pagtuturo na magpapalinaw sa proseso at karanasan ng katekesis sa mga mananampalataya.

Ang hulíng kabanata, **Mga Kislap ng Kabanalan: Malikhaing Ministeryong Kateketikal**, ay paglalahad ng apat na kislap ng kabanalan na umusbong at yumabong sa hardin ng ating Simbahang Katolika sa bansa. Ang kabanatang ito ay pagkukuwento ng pagiging malikhain ng apat na kapuwa Pilipinong ang búhay ay inilaan sa ministeryong kateketikal. Masasabing ang "katekesis" ang naging sentro ng kanilang mga búhay at ang "pagiging katekista" ang maituturing na buod ng kanilang pagka-Katoliko. Bunga nito, kinilala ng ating mahal na Simbahan ang kanilang kontribusyon dahil ang tinahak nila ay ang daan ng "kabanalan". Ang kabanalang pinakamalikhain sa lahat dahil magpasahanggang ngayon, ang mga kislap ng kanilang banal na búhay ay patuloy na nagbibigay-liwanag at inspirasyon sa maraming nadampian ng init ng kanilang pagmamahal sa ministeryong kateketikal. Sila ang mga modelo ng malilikhaing katekistang Pilipino.


Sa librong ito, itinatampok din ang natatanging metodo ng bawat pedagohiya. Binubuo ito ng apat na bahagi: (a) **Kuwentong Katekista**; (b) **Kuwentong Pedagohiya**; (c) **Kuwento ng Kabanalan**; at (d) **Malikhaing Katekesis.**



a. **Kuwentong Katekista** - Ito ay ang maikli ngunit makahulugang pagbabahagi ng búhay-kateketikal ng may-akda. Dito, ikukuwento niya ang kaniyang karanasan sa pagtanggap at pagtuturo ng katekesis at kung paanong ang pilíng pedagohiya ay humubog sa kaniyang metodo at estratehiya bilang katekista.



b. **Kuwentong Pedagohiya** - Ito ay pagsasalarawan ng partikular na pedagohiya. Ikukuwento rito ng gurong-katekista ang lohika at mga sitwasyon na maaaring paggamitan ng pedagohiya tungo sa epektibong proseso ng katekesis.



c. **Kuwento ng Kabanalan** - Ang ikatlong dimensiyon ay pagkukuwento ng kabanalan ng isang santo o santa na ating Simbahang Katolika. Dito, ipapaliwanag ang mga pamantayan ng kabutihang maidudulot ng pilíng pedagohiya sa gawaing katekesis. Na sa pamamagitan ng pagninilay sa búhay ng isang banal, mababanaag ang halaga ng pedagohiya at magbubukas sa posibilidad na maaari palang maging masaya, makabuluhan, at malikhain ang katekesis bilang isang espirituwal na gawain.



d. **Malikhaing Katekesis** - Ang huling dimensiyon ay maglalarawan ng isang halimbawang modyul na gagamitan ng piling pedagohiya.

Ikukuwento at ipapakita ng gurong katekista na may-akda kung paanong ang pedagohiya ay magsisilbing gabay upang ang gawaing katekesis ay maging malikhain. Sa pamamagitan nito, ang lahat ay nagkakaroon ng panimulang ideyá upang maging higit na kapana-panabik, masaya, at epektibo ang katekesis.



## Ang Sinagtalà sa Puso ni Santo Tomas de Aquino

Sa larangan ng pag-aaral at pagtuturo, lalo na ng katekesis, ang Dominikong si **Santo Tomas de Aquino** ang isa sa unang sasagi sa isip. Siya ang itinuturing na Patron ng Pag-aaral, ng mga paaralan, ng mga mag-aaral at guro (Catholic Saint Medals, 2021; Huffine, 2021; Stracke, 2019). Siya ay sadyang may pagmamahal at galíng sa pag-aaral (Lew, 2010). Ang banal na búhay ni Santo Tomas ay sumentro sa malikhaing paraan ng pagninilay na yaman ng karunungang kinikilala niyang biyaya ng Poong Maykapal.



Isa nga sa kaniyang pamosong salawikain ay "To contemplate and to share with others the fruits of contemplation" (Summa Theologiae, III, Q. 40, A. 1, Ad 2).


Sa konteksto ng librong ito, hangad namin na magnilay kasama ang mga katekista gamit ang samo't saring pedagohiya upang magkaroon ng kakayahan at kasanayan na ibahagi ang anomang natutuhan sa mga

bukás ang isip at loob na maglakbay sa proseso ng katekesis. Kinakatawan ito ng sinagtalà sa nakadantay sa puso ni **Santo Tomas de Aquino**.

Kapansin-pansin na ang imahen ni **Santo Tomas de Aquino** ay kinakatawan ng pusong may talà. Ang talàng waring ang mga sinag ng araw ay magbibigay-liwanag sa mga nais matuto. Sapagkat ang bawat kaalaman ay marapat lang na ibahagi tulad ng maraming **katekistang-lingkod** na aming nakasalamuha sa aming pananaliksik.

Sa proyektong ito, naniniwala kami na sa pamamagitan ng gabay-turong ito, maliliwanagan ng malikhaing pedagohiya ng kaalaman ang ministeryong kateketikal ng ating Simbahang Katolika. Katulad ng banal na pagbabahagi ng kaalaman, liwanag, at inspirasyon ni **Santo Tomas de Aquino**, nawa'y maging isang mabuting ambag ito para sa mga katekista at gustong maging katekista sa hinaharap.

**Santo Tomas de Aquino**, patnubayan Mo po kami ng iyong sinagtalàng mula sa malikhaing isip at pusong nagmamahal sa mga turo't aral ng ating Simbahang Katolika.



# Panalangin Bago Mag-aral ni Santo Tomas de Aquino

*Isinalin sa Filipino ni Clarence M. Batan*

*Ang Tagapaglikha ng lahat ng bagay na*
*Wagas na Pinagmulan ng Liwanag at Karunungan,*
*Ang Matayog na Taal ng Sangnilikha,*
*Pagindapatin ang sinag ng Iyong kagalingan ay*
*Lumukob sa kadiliman ng aking pang-unawa at*
*Ilayo sa akin ang kambal na kadilimang*
*Tangan ko nang ako'y isilang,*
*Ang katampalasanan ng parehong kasalanan at kamangmangan.*
*Pagkalooban Mo po ako ng matalas na pakahulugan ng pang-unawa,*
*Alaalang di mabilis makalimot, at ng*
*Kakayahang maintindihan ang bagay-bagay*
*nang wasto at may direksiyon.*
*Pagkalooban Mo po ako ng talentong maging*
*sapat sa aking mga paliwanag, at*
*Kakayahang maipadama ang aking sarili*
*nang ganap at may karisma.*
*Ituro Mo po sa akin ang simula,*
*Akayin sa pag-unlad, at*
*Tulungan sa buong kaganapan;*
*Sa pamamagitan ni Kristong ating Panginoon.*
*Amen.*

# Mga Sanggunian


Aquinas, T. (1920). *The Summa Theologiae of St. Thomas Aquinas (Fathers of the English Dominican Province, Trans.).* Project Gutenberg: New Advent.

Catholic Saint Medals. (2021). *St. Thomas Aquinas.* Retrieved from https://catholicsaintmedals.com/saints/st-thomas-aquinas/

Huffine, N. (2021). *Thomas Aquinas.* Retrieved from https://www.worldhistory.org/Thomas_Aquinas/

Lew, L. (2010). *Our brother, the Dumb Ox!* Retrieved from https://www.english.op.org/godzdogz/our-brother-the-dumb-ox/

Stracke, R. (2019). *St. Thomas Aquinas: The Iconography.* Retrieved from https://www.christianiconography.info/thomasAquinas.html

## Kabanata 2

# Liwanag

## Malikhaing Guro, Malikhaing Katekista

*Renniel Jayson Jacinto Rosales at Jonathan James O. Cañete*



Limandaang taon na ang nakalilipas nang unang imulat sa atin ng mga misyonerong pari na nagsilbing mga unang katekista sa bansa ang pananampalatayang Kristiyano – ito ay nagsilbing kislap ng liwanag upang sumibol ang pananampalataya sa ating bayan. Kaalinsabay nito ang pagkakaroon ng malilikhaing pamamaraang ginamit ng mga misyonero upang ipaintindi sa ating mga ninuno ang turo ng Simbahan dahil sa banyagang wika nila. Maaaring sabihin na sila ay nag-aral kung paano mangaral pero ibang usapan na kung ang titingnan ay ang pamamaraan nila sa pagpapaintindi ng tangan-tangan nilang pananampalataya. Ang pagtitiyaga at pagpupursigi nilang maipangaral si Kristo ay isang matibay na pagpapakita na sila ay nagkaroon ng iba't ibang malikhaing paraan ng pagtuturo.

Sa panahon ngayon, nakikita natin ang pangangailangan sa mas mainam na mga pamamaraan ng pagtuturo ng pananampalataya – at ang tanging daan para ito ay maisakatuparan ay ang pagiging malikhain sa paraang naaakma sa mga binibigyan ng katekismo at sa henerasyon natin ngayon. Magiging epektibo lamang ang katekismo kung maituturo ito nang malikhain, kung ito ay

nakapagpapaliwanag nang ayon hindi lamang sa isip kundi pati sa puso. Ito ay nangangahulugang kinakailangan nating gumawa ng mga makabagong pamamaraan ng pagtuturo na naaayon sa pananampalataya. Kasama rito ang paggamit ng iba't ibang *platform* gaya ng sining, *social media*, at teknolohiya.

Sa pamamagitan ng mga *platform* na ito, mas mapapadali ang pagpapahayag ng mga katuruan ng Simbahan sa paraang naaakma sa pang araw-araw na karanasan ng mga mananampalataya. Upang mapagtagumpayan ito, kinakailangan nating maging malikhain sa ating mga ideyá, sa pagtuturo, sa pakikipag-ugnayan, at pakikitungo sa mga komunidad na ating tinuturuan.

Ang pagiging malikhain natin ay magbibigay ng liwanag sa mga aral ng Simbahan na ikinikintal natin sa puso't isipan ng mga mananampalataya at magbibigay-liwanag sa dilim na bumabalot sa mundong unti-unting nilalamon ng komersyalismo at iba pang ideolohiyang nagdadala sa atin sa dilim ng pagtalikod sa kagustuhan ng Diyos.

Bilang mga guro ng pananampalataya, tayong mga katekista ay dapat maging malikhain sa paraang makakasabay tayo sa panlasa ng mga tinuturuan natin. Sa pagtuturo, hindi na uso ang pagkakaroon ng tradisyonal na pamamaraan kung saan ang guro ang nagiging sentro at ang mga mag-aaral ay nagiging tagapakinig lamang. Hindi puro leksiyon, doktrina, at sermon ang dapat nananaig sa pagtuturo ng pananampalataya kundi ang pag-asa na magiging mabunga ang mga ito at maisasabúhay. Dahil dito, kinakailangang maitaguyod ang pagkamalikhain sa pagtuturo upang ang mga mag-aaral ay mas matuto at maintindihan ang mga konseptong itinuturo (Gaspar & Mabic, 2015; Salna, 2012). At para ito ay mangyari,



kinakailangang ang mga guro at katekista ay magkaroon din ng sapat na kaalaman at kakayahan sa malikhaing pagtuturo (Horng et al., 2015). Kahit ang Simbahan natin ay nagsasabi na dapat tayo ay magkaroon ng iba't ibang pamamaraan ng pagtuturo na naaakma sa karanasan ng mga tinuturuan, bagamat walang tahasang pamamaraan o pedagohiya na ibinababa sa mga katekista. Kaugnay nito, tayo ay hinihimok na magkaroon ng malalim na pagninilay upang alamin at intindihin kung anong pedagohiya o pamamaraan ang dapat gamitin sa konteksto ng komunidad na kinabibilangan ng mga katekista.

Ang *New Directory for Catechesis (NDC)* na inilabas ng *Vatican* noong 2020 ay muling binuhay ang diskurso patungkol sa iba't ibang pamamaraan ng pagtuturo ng katekismo dahil wala nga namang partikular na pedagohiyang ginagamit ang lahat. Dagdag pa rito ay binigyang-diin ang prosesong kateketikal gaya ng ugnayan, diyalogo, pagninilay, katahimikan, at pagdamay bilang mga hakbang sa pagtanggap *(receptio)* at pagsasaloob ng mga mananampalataya (#203).

Tahasan ding sinabi ng *New General Directory for Catechesis* ang kahalagahan ng sining sa pagkamalikhain ng mga katekista sa pagtuturo ng pananampalataya. Sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang uri ng sining gaya ng musika, sayaw, *visual arts*, teatro, ay maaaring maintindihan ng mga mananampalataya ang katekismo sa nakakaengganyong paraan na maaari silang makiisa (#209-212). Ang mga uri ng sining na ito ay mga pamamaraang hindi lamang magagamit sa pagtanggap ng nilalaman ng pananampalataya natin kundi isa ring daan upang makapagpahayag ng saloobin ang mga mananampalataya. Ang sayaw, awit, pagguhit, at pag-arte ay malilikhaing paraan upang mas maikintal nang maayos ang kaalaman ng pananampalataya sa panghabambúhay kompara sa tradisyonal na pagtuturo o nakasanayang pagle-*lecture* nating mga





katekista na maaaring hindi magkintal ng maganda at pangmatagalang alaala. Iminumungkahi din na sa isang di-tuwirang paraan, batay sa salaysay ng *NDC*, na ang tradisyonal na panayam at pananalangin bilang mga pedagohiyang pangkatekesis ay mabigyan ng malilikhaing anyo upang ang pananampalataya ay magkaroon ng mas malalim na talab sa mga tumatanggap nito sa buong proseso ng katekesis. Ang saysay ng katekesis sa mga tumatanggap nito ay nakasalalay sa pagkamalikhain ng mga katekista.

Ang kagustuhan ng Simbahan ay tayo ay maging malilikhaing katekista. Ito ay hindi bago. Sa bawat panahon at pagkakataon ay nagkakaroon tayo ng kani-kaniyang pamamaraan ng pagiging malikhain. Kahit sa simpleng pamamaraan na ginagawa natin, naikikintal sa alaala ng mga mag-aaral at mananampalataya ang ating pambihira o ekstraordinaryong paraan ng pagtuturo sa kanila.

Hindi man tayo ganoon kagaling sa lahat ng uri ng pagkamalikhain, dapat nating isaisip na hindi lang tayo ang malikhain – pati ang mga mag-aaral ay malilikhain din. Ang liwanag na kaya nating ibigay sa ating mga tinuturuan ay siya rin namang liwanag na kanilang idudulot sa bawat tao na kanilang makakasalamuha bilang tanda ng liwanag ng pananampalatayang ating nasimulan sa kanila.

Marahil, kung ating pagninilayang mabuti ang tradisyonal na pamamaraan ng katekesis noong panahon na ang pananampalatayang Kristiyanismo ay nasa proseso ng pagpapalaganap, mababanaag na ang mga katekista ang siyang nagsilbing aktibong tagapagpahayag ng


katekesis sa mga hindi pa nakakaunawa nito. Ang mga tumatanggap ay nagsisilbing tagapakinig lamang na walang ibang kailangang gawin kundi unawain ang ating itinuturo base sa kung paano natin dinisenyo ang paraan ng kanilang pagkakaunawa gamit ang ating mga inihandang *lesson plan* na nakasentro sa atin at hindi sa mga tumatanggap ng katekesis.

Ngunit kasabay ng pagbabago ng panahon, ang paraan ng pagkakatuto ng mga tao ay nagbabago rin. Pati na ang papel ng relihiyon at anyo ng pananampalataya ay nagkakaroon ng ibang uri ng pag-unawa sa búhay ng isang tao sa modernong panahon. Sa pagbabago ng paaran ng pagkakatuto ng mga tao, maging ang saysay ng relihiyon at pananampalataya sa kanilang mga búhay at ang paraan ng katekesis ay marapat lamang na makasabay sa pagbabagong ito. Ito marahil ang nasa isipan ng Simbahan kung kaya't wala itong iminumungkahi ni isang pamamaraan ng katekesis.

Samakatuwid, ang katekesis ay dapat dinamiko at nakabatay sa pangangailangan ng mga tumatanggap nito. Sa ganitong paraan, ang katekismo ay nagiging isang personal na karanasan ng mga tumatanggap sa pagpapalalim ng kanilang pakikipag-ugnayan sa Diyos na siyang ipinapahayag ng katekesis at buod ng katekismo.

Ang katekesis ay dapat magbigay sa mga tumatanggap nito ng isang hindi matatawarang karanasan ng pagpapalalim ng pananampalataya sa Diyos at pakikipagkapuwa-tao. Makakamit lamang ito kung ang pedagohiyang ating ginagamit bilang mga katekista ay malikhain.

Sa ating pagkamalikhain bilang mga katekista, binibigyan natin ng pagkakataon ang mga tumatanggap ng katekesis na hindi lamang matuto ng mga konsepto



tungkol sa pananampalatayang Kristiyano na nakapaloob sa katekismo.

Gayundin, napagkakalooban sila ng hindi matatawarang personal na karanasan na ang mga konseptong kanilang natututuhan ay buháy na buháy sa kanilang mga búhay, maging sa ating búhay bilang mga katekista tulad ng ating Diyos na nagkatawang-tao na buháy na buháy sa puso at isipan ng bawat tao, lalo na ng mga mananampalataya. Samakatuwid, sa ganitong pag-unawa, tayo bilang mga kateksita ay nagiging mga tagapagdaloy na lamang ng katekesis, hindi ang sentro nito.



Binibigyan natin ng kalayaan ang mga tumatanggap ng katekesis ng pagkakataon na isapersonal ang pananampalataya na hindi lumalayo sa turo ng Simbahan na nakapaloob sa katekismo. Ito ang pang-unawang batayan ng proyektong ito na mabigyan tayo bilang mga katekista ng isang espasyo kung saan ang ating mga diwa ay ginigising sa isang kamalayan na ang katekesis ay isang malikhaing pagpapahayag ng pananampalataya tulad ng pagiging malikhain ni Hesus sa kaniyang pangangaral ng Kaharian ng Diyos. Nawa, tulad ni Hesus, mapukaw sa ating damdamin bilang mga katekista sa tulong ng Banal na Espiritu ang pagkamalikhain sa ating pagpapahayag ng katekismo.

Marahil, sa ating mga Pilipino, ang isa sa malilikhaing katekista ay walang iba kundi si **San Lorenzo Ruiz** ng Maynila (Catholic.org, 2021). Si **San Lorenzo Ruiz** ay isinilang noong 1600 sa Binondo, Lungsod ng Maynila. Siya ay lumaki sa isang pamilyang may masidhing debosyon sa pananampalatayang Kristiyano. Tulad ng ibang mga banal at ng ordinaryong mananampalataya, namulat si Lorenzo sa di-matatawarang halaga ng

pananampalataya kay Kristo at sa mga turo ng Simbahang Katolika sa pagpapalalim ng pananampalataya kay Kristo.


Sa isang pagkakataon noong ika-10 ng Hunyo taóng 1636, kasama ang ilang misyonerong Dominikano, nagtungo si Lorenzo sa *Japan* upang ipangaral si Hesus at ipalaganap ang pananampalatayang Kristiyano. Sa kanilang pagdaong sa *Japan*, nagulat sila sa kanilang mga nasaksihan. Ang Shogunatong Tokugawa na siyang namumuno sa Hapon noong mga panahong iyon ay labis ang pagpapahirap sa mga misyonero at sa mga banyagang Kristiyano upang mapanatili ang ideolohiyang Konfusiyanismo na siyang itinuturing na pundasyon ng sibilisasyong Hapones.



Si **Lorenzo Ruiz** at ang kaniyang mga kasamahang misyonero ay inaresto dahil sa kanilang pananampalataya kay Kristo at sa pagpapalaganap ng pananampalatayang Kristiyano. Iniutos ng mga Hapones na siya ay palayain kung tahasan niyang itatanggi ang kaniyang pananampalataya ngunit dahil sa kaniyang pagmamahal sa Simbahan at kay Hesus, sa tulong ng inspirasyon mula sa Banal na Espiritu, tinanggihan ni Lorenzo ang alok ng mga Hapones.

Dahil dito, siya ay nabilanggo at pinahirapan. Dahil sa malalim na pananampalataya ni Lorenzo at ng kaniyang mga kasamahan, sa kabila nang labis na pagpapahirap at banta sa kanilang búhay, hindi pa rin nila binitiwan si Hesus at ang pananampalatayang Kristiyano. Ang kanilang naranasan ay kanilang inialay sa Diyos at sa ikapagpapatawad ng kasalanan ng tao.

Sa kanilang paghihirap, sinamahan nila si Hesus sa kaniyang paghihirap sa krus. Ang paghihirap nila ay siyang paghihirap ni Hesus na bunga ng pagmamahal at paglilingkod sa Diyos. Sila ay binitay nang patiwarik na ang mga lubid ay nakapulupot sa kanilang mga binti.



Ayon sa mga talâng pangkasaysayan, ang mga katagang ito ay siyang mga hulíng salitang namutawi sa bibig ni **Lorenzo Ruiz** habang siya ay nahihirapan hanggang sa malagutan ng hininga – "Ako ay isang Katoliko at buong puso kong yayakapin ang kamatayan para sa Diyos. Kung mayroon akong isang libong búhay, lahat ng ito ay aking alay sa kaniya. Gawin mo, Diyos ko, ang iyong nais sa aking búhay!"


Ang kadakilaan na ipinakita ng ating kababayan at kapuwa-katekistang si **Lorenzo Ruiz** sa kaniyang masidhing pagmamahal sa Diyos at walang maliw na pagpapahayag ng pananampalataya ay siyang nakita ng Simbahan. Noong ika-18 ng Pebrero taong 1981, siya ay hinirang na Beato ng Simbahan at noong ika-18 ng Oktubre taong 1987, sa pamamagitan ni Papa San Juan Pablo II, siya ay idineklara bilang kauna-unahang Santong Pilipino ng Simbahang Katolika. Kung ating iisiping mabuti, ang kadakilaan ni **San Lorenzo Ruiz** ay nakapaloob sa kaniyang di-matatawarang pagmamahal kay Kristo at sa Simbahang Katolika.

Ang pagiging malikhain ni **San Lorenzo** ay nakaugat sa pagmamahal na ito. Bilang mga katekista na naatasang ipahayag ang pananampalataya katuwang ang mga pari, ang ating ministeryo ay dapat nakaugat sa ating malalim na kaalaman sa katekismo ng Simbahan na nagmumula hindi lamang sa mga libro kundi maging sa ating malalim na pakikipag-ugnayan sa Diyos na inihayag ang kaniyang walang maliw na pagmamahal at sarili sa pagkatao ni Kristo sa biyaya ng Espiritu Santo.

Ang ating pagkamalikhain ay dumadaloy mula saating pakikipag-ugnayan sa Diyos at sa ating kaalaman sa katekismo ng Simbahan. Kumbaga, ang kaluluwa ng ating katekesis ay ang ating relasyon sa Diyos at ang mga bisig, kamay, paa, at bibig ng ating katekesis ay ang ating kaalaman sa katekismo ng Simbahan. Ang ating pagkamalikhain ay nasa dalawang aspektong ito. Kung wala ang isa sa dalawang ito, imposible ang pagiging malikhain sa ating katekesis sapagkat ang ating motibasyon at lakas ay nanggagaling sa ating relasyon sa Diyos na ating ipinahahayag sa ating katekesis, at ang nilalaman ng ating mismong pagpapahayag ay ang katekismo ng Simbahan na siyang bunga ng malalim na pagninilay at pagbubulay-bulay ng Simbahan sa mga misteryo ng ating pananampalataya.

Kung sa pamamaraan ng pagiging malikhain, may kani-kaniya tayong estilo at gawi, ngunit ang mga ito ay mawawalan ng saysay at ang ating katekesis ay magiging nakakauyam kung walang kaluluwa ang ating katekesis. Si **San Lorenzo Ruiz** ay isang malikhaing guro at katekista sa kaniyang natatanging pamamaraan ngunit ang nagbigay ng malikhaing lasa at talab sa kaniyang ketekesis ay ang kaniyang walang maliw na pag-ibig sa Diyos at debosyon sa alituntunin ng Simbahan.

Bilang mga katekista, tinuturuan tayo ni **San Lorenzo Ruiz** ng Maynila ng isang mahalagang aral patungkol sa pagkamalikhain – na ang pagkamalikhain natin bilang mga katekista ay isang inspirasyon na umuugat sa ating malalim sa pakikipagtipan sa Diyos at sa ating masidhing debosyon sa Simbahan.



Bilang mga guro ng pananampalataya o mas magandang sabihin, bilang mga katekista ni Kristo, tayo ay tinatawag na bumuo ng isang malalim na relasyon sa

Diyos sa pamamagitan ni Kristo sa tulong ng Banal na Espiritu, at magkaroon ng masidhing debosyon sa Simbahang Katolika.

Ito marahil ang siyang pinakapundasyon ng ating paglalakbay tungo sa isang malikhaing pagbuo ng ating pedagohiyang pangkatekesis. May mga pagkakataon sa ating búhay na nararamdaman nating kahit anong ganda ng nakalagay sa katekismo ng Simbahan at gaano kaganda ang ating *lesson plan*, parang may kulang pa rin sa ating katekesis. Parang hindi tayo kuntento. Parang tuyo at walang búhay ang ating mga ginagawa. Mararamdaman natin iyon bilang mga katekista at tiyak ramdam din ito ng mga tumatanggap ng ating katekesis.

Madalas din siguro nating matanong kung saan nanggagaling ang ganitong pakiramdam, pakiramdam ng pagkabalisa sa pagkakatekesis. Marahil ang sagot diyan ay nasa atin din. Marahil, ang problema ay nasa atin din. At kung malamlam ang ating katekesis, masasabi ba nating malikhain ito? Sa palagay natin ay hindi! Marahil, ang pagkamalamlam ng ating katekesis ay nagmumula sa pagkamalamlam ng ating pakikipagrelasyon sa Diyos at sa ating pagtanggap sa mga sakramento ng Simbahan.

Ang búhay ni **San Lorenzo Ruiz** na isang buháy na saksi na ang ating pagkamalikhain ay mula sa ating ugnayan sa Diyos at sa Simbahan. Kumusta na ba ang ating relasyon sa Diyos? Kumusta na ba ang ating búhay sa Simbahan? Bago natin isipin kung paano tayo magiging malikhain sa ating pedagohiya bilang mga katekista, paglaanan natin ng pansin ang ating malikhaing pakikitungo at relasyon sa Diyos at sa Simbahan.

Bago natin basahin ang Kabanata 3 ng librong ito patungkol sa iba't ibang pedagohiyang maaari nating maging gabay sa ating malikhaing katekesis,

manahimik muna tayo, pumunta sa *adoration chapel* o di naman kaya ay sa isang parte ng ating bahay kung saan natin magagawang magkaroon ng isang sagradong espasyo na tayo ay magiging komportabe sa presensiya ng Diyos. Kausapin natin siya sa katahimikan ng ating mga puso at isipan. Isambulat natin sa kaniya ang ating mga hinaing bilang mga katekista at makakaasa tayo na yayakapin tayo ng Diyos at ibubulong sa ating mga musmos na kamalayaan – "Hindi ka nag-iisa, anak. Narito lang ako, handa kang damayan at gabayan. Tumawag ka lang at ako ay darating."

Ang mga salitang ito mula sa Diyos ay siyang magbibigay sa atin ng lakas at inspirasyon upang maging **Malilikhaing Guro**, Malilikhaing Katekista na magbibigay ng kaliwanagan sa nagtatanong at nagdududang kaisipan tungkol sa pananampalataya. Sapagkat tulad ni **San Lorenzo Ruiz**, tayong lahat na katekista, sa ating pagsaksi sa pananampalataya. Ipasa natin ang sulo at liwanag ng pananampalatayang ating natanggap at mabuting mga gabay ng bagong ebanghelisasyon.



# Panalanging Kateketikal

*Panginoon ng Liwanag na*
*Gumagabay sa aming mga katekista,*
*Kami'y nagpupuri at nagpapasalamat sa*
*Iyong nag-uumapaw na pagmamahal at*
*Mapagkumbabang-loob na nagsisilbing*
*Makahulugang sinag ng Iyong mga aral.*
*Balutin Mo po kami ng Iyong pagpapala*
*Upang ang aming misyong kateketikal ay*
*Magsilbing mumunting liwanag na*
*Papatnubay sa lahat ng aming tinuturuan.*
*Patnubayan Mo po ang aming pagtahak*
*Sa landas ng kabanalan tulad ni*
***San Lorenzo Ruiz**,*
*Modelo ng mga katekista,*
*Hanggang sa matamo namin ang*
*Liwanag na walang hanggan.*
*Amen.*

*- Clarence M. Batan, NCS 2021: PARI Project*



# Mga Sanggunian



Catholic.org. (2021). *St. Lorenzo Ruiz.* Retrieved from https://www.catholic.org/saints/saint.php?saint_id=231&fbclid=IwAR1V4liX6sKeVpJizoBd_BmswZm4pwgs2fmjcXgQD_i1Nm2aFMY70HIDU7s


Gaspar, D., & Mabic, M. (2015). Creativity in Higher Education. *Universal Journal of Educational Research*, 3(9), 598-605.

Horng, J., Hong, J., ChanLin, L., Chang, S., & Chu, H. (2005). Creative teachers and creative teaching strategies. *International Journal of Consumer Studies*, 29, 352-358.


Pontifical Council for the Promotion of the New Evangelization. (2020). *Directory for Catechesis.* Word and Life Publications.

Salna, L. (2012). *Creativity as a 21st Century Skill: Training Teachers to Take it Beyond the Arts.* Creative Studies Graduate Student Master's Projects. Retrieved from https://digitalcommons.buffalostate.edu/creativeprojects/158



# Mga Pedagohiya sa Pagtuturo ng Katekesis



## Kabanata 3


# Parabula

*Arthur G. Octubre*

## *Experience is the best teacher!*
### *Kuwentong Katekista*

Namulat ako sa gawaing-simbahan. Sa murang edad ay naglingkod na ako bilang isang *altar boy*. Naglilingkod ako sa tuwing may pagdiriwang ng misa sa aming parokya. Dahil musmos pa ako noon, hindi man lubos ang aking pagkaunawa sa aking ginagawa, masaya naman ako at naisip ko na ipagpatuloy ito hanggang kaya ko. Hindi ko namalayan, lumipas na ang mga taon at naging miyembro naman ako ng *Block Rosary Group*, isang grupo ng kabataan na ang layunin ay ipalaganap ang debosyon sa Mahal na Birheng Maria sa pamamagitan ng Santo Rosaryo. Hinikayat namin noon ang pami-pamilya na magkaroon ng panahon sa pagdarasal ng rosaryo at ipagpatuloy ang gawaing ito kahit wala na sa tahanan nila ang imahen ng Mahal na Birhen ng Fatima.


Naging abalá ang grupo naming iyon hanggang sa naghubog na rin kami ng kapuwa-kabataan sa pamamagitan ng pag-oorganisa ng buwanang rekoleksiyon at iba pang mga espirituwal na gawain. Naging masigasig ako sa pagtugon sa panawagan ng aming parokya sa iba't ibang gawain tulad ng pag-awit sa Misa bilang bahagi ng koro at pagiging tagapaghubog ng kabataan sa *Youth Ministry*. Sa lahat ng mga pangyayaring iyon ay naging





marubdob ang aking hangaring maglingkod sa Panginoon. Minsan, nanawagan ang aming parokya sa mga nais maging v*olunteer catechist* na magtuturo sa mga bata sa mababang paaralan na malápit sa amin kung saan ako nagtapos ng pag-aaral. Dumalo ako ng paghuhubog at pagsasanay sa loob ng isang linggo sa tulong ng isang mabuting lingkod na katekista ng aming parokya. Doon na nagsimula ang aking búhay bilang isang tunay na katekista. Akala ko noon ay sapat na iyon hanggang isang araw, kinausap ako ng isang madreng misyonera na taga-*England* na ako raw ay kanilang pag-aaralin upang maging ganap at propesyonal na katekista.

Ang lahat ng pangyayaring ito sa aking búhay ay maituturing kong biyaya ng Panginoon, ang aking kuwentong kateketikal. Isang kuwentong paulit-ulit kong ibinabahagi at pinaghuhugutan sa aking pagtuturo ng katekismo. Bilang isang ganap na guro, mahalaga ang may sapat na kaalaman at kakayahan kung paano epektibong maisasakatuparan ang aralín sa mga mag-aaral. Kaya naman, malaking bahagdan ng patuloy na paghuhubog sa mga guro ang pagsasanay sa iba't ibang estratehiya at metodo sa pagtuturo. Ayon nga sa isang kasabihan, lalo na sa mga guro, na walang iba pang epektibong paraan upang mahikayat ang kabataan sa pag-aaral maliban sa mismong kongkretong karanasan ng isang guro. *"Experience is the best teacher"*, ika nga! Kaya naman sa paghahatid natin ng mga aral at turo ni Hesus, ang ating personal na karanasan ay siyang magiging instrumento at batayan ng pagtuturo ng katekismo.



# Ang Pedagohiya ng Parabula
***Kuwentong Pedagohiya***

Ang parabula ay tinatawag ding talinghaga. Ito ay isang maikling kuwentong may aral na kalimitang hinahango sa *Bibliya*. Matatagpuan ito lalo na sa tatlong malalaking aklat nina San Mateo, San Marcos, at San Lucas na tinatawag ding *Synoptic Gospels* (Wilsford, 2021). Ang mga parabula ay kadalasang maiikling salaysay na nasa anyong patula o prosa na nangangaral at nagpapayo. Ito ay hango sa mga pangyayari na sa bandang huli ay naglalarawan ng isang moral o relihiyosong aral. Dahil dito, inaakay tayo ng mga parabula sa tuwid na landas ng búhay. Alam ba ninyo, maging ang ating Panginoong Hesukristo, parabula ang isa sa naging paraan Niya ng pagtuturo tungkol sa Kaharian ng Diyos? Tama! Nagturo Siya gamit ang parabula! Ginamit Niya ang paraang ito sapagkat alam Niyang ang Kaniyang magiging tagapakinig ay mga ordinaryong mamamayan. Isang dahilan din ng paggamit ng parabula sa Kaniyang pagtuturo ay para maging mas madaling matandaan ito ng Kaniyang mga pangunahing tagasunod, ang mga alagad. Ang karaniwang konteksto sa karamihan ng mga turo ni Hesus ay ang agrikultural na lipunan kung saan siya nabúhay. Gayunpaman, ang Kaniyang tunay na paksa ay ang kahulugan ng búhay at ang mga implikasyon nito. Dahil ang mga ito ay nasa anyo ng kuwento, kadalasan ay posible na matukoy ang magkakapatong, at maging magkasalungat, na mga interpretasyon. Ang kanilang magkakapatong na kalikasán ay nangangahulugan na maaaring alalahanin ito at ikuwentong muli ang parehong mga kuwento nang maraming beses, tulad ng ginagawa natin sa pagsamba sa Katoliko, at sa bawat pagkukuwento ay palagi pa ring makahahanap ng bagong mensahe (Ward, 2021).



Ang mga turo ni Hesus ay may katangiang di-malilimutang mga parabula at mga kasabihan. Siya ay isang eksperto sa pagkukuwento. Ang mga kuwentong ito ay kadalasang sinasamantala ang imahinasyon ng nakikinig upang ipaliwanag ang puntong nais ipaunawa ni Hesus. Napakahusay Niya sa pag-uugnay ng mga kuwento ng talinghaga gamit ang pang-araw-araw na búhay sa karanasan ng Kaniyang mga tagapakinig. Iyan ang naging daan kung kaya't naging di-malilimutang mga tagpo ang maraming kuwento ni Hesus. Kadalasang mga talinghaga na nagdulot sa mga nakikinig na sa sarili upang isakatuparan ang kalooban ng Diyos batay sa sarili nilang sitwasyon sa búhay. Karaniwan, ang mga talinghaga ni Hesus ay tungkol sa Kaharian ng Diyos. Ang pag-unawa sa mga talinghaga ni Kristo ay isang kakayahang tanging kaloob sa mga bata at sa mga tulad ng mga bata. Kinikilala ng mapagpakumbabang puso ang mga aral ng mga talinghaga habang naglalaro ang mga ito sa takbo ng kasaysayan (Rutler, 2014).

Sa paghahatid natin ng mga turo ni Hesus sa gawaing pangkatekesis, magandang maisagawa rin natin ang mga puntong ito. Bilang mga katekista, tulad ni **Santo Domingo de Guzman** ang tanging hangarin natin ay maihatid ang mga turo at aral ni Hesus sa paraang malikhain upang higit na maunawaan ng ating mga mag-aaral. Kaya maganda ang parabula sa gawaing pangkatekesis sapagkat sa paraang ito, tulad ng nasa saloobin at naging epekto nito sa mga tao noong panahon ni Hesus, ay nahihikayat natin ang ating mga tagapakinig na mag-isip habang malikhain nating naihahatid sa kanila ang mensahe ng Diyos. Sa gayon ay nagiging mga instrumento tayong lahat sa pagtataguyod ng Kaharian ng Diyos dito sa lupa na siyang karaniwang laman ng mga parabula ni Hesus.



# Si Santo Domingo de Guzman
## *Kuwentong Kabanalan*

Bawat santo ay may kani-kaniyang kuwento. Ang bawat kuwento nila ay siyang nagiging instrumento sa pagpapahayag ng pananampalataya at pagtuturo sa mga tao. Sa pagkukuwento, mas nahihikayat natin ang mga tagapakinig, lalo na marahil kung ang kuwento ay malápit sa ating karanasan.




Isa sa hinahangaan kong banal ay si **Santo Domingo de Guzman**, ang nagtatag ng Orden ng mga Dominiko. Kilalá at tanyag siya sa pagpapahayag ng mga aral ng ating Panginoon, bilang misyonero. Dahil mahalaga sa kaniya ang pag-aaral ng *Salita ng Diyos* ay lubos itong pinag-aralan ni **Santo Domingo**. Sa sobrang pagmamahal niya sa *Salita ng Diyos*, naging paborito ni **Santo Domingo** ang Ebanghelyo ni San Mateo. Inunawa niya ito at dumating sa pagkakataong halos mamemorya na niya ang nito. Ito ay ayon sa testimonya ng kaniyang kapatid sa orden na si Esteban ng España sa araw ng kaniyang kanonisasyon noong Agosto 10, 1233 (Vost, 2021). Sinasabing si **Santo Domingo de Guzman** ay nagpakadalubhasa sa ebanghelyong ito at iyon mismo ang kaniyang ginamit sa pagtuturo ng mga aral ni Kristo sa tulong din ng mga Sulat ni San Pablo Apostol (Drane, 1988).

Kilalá din si **Santo Domingo** na gumagamit ng mga talinghaga sa kaniyang mga turo. Halimbawa na lamang ay itong aral tungkol sa *self-mastery* o *self-discipline* sa ating pagkahilig sa mga bisyo. "Ang isang taong namamahala sa kaniyang mga hilig ay panginoon ng mundo. Dapat nating pamunuan sila, kundi gayon, sila ang mamumuno sa atin. Mas mabuti na ang maging martilyo kaysa sa palihan" (Snell, 2020). Isa pang

halimbawa ay ang turo niya tungkol sa pagpapakita ng kahalagahan ng *evangelical poverty* at *humility* sa pagtahak sa landas ng kabanalan. Paulit-ulit niyang sinabi, "Armasan ang iyong sarili ng panalangin, sa halip na isang tabak; magsuot ng mapagkumbabang-loob kaysa sa magagandang damit."

Ang inialay na búhay ni **Santo Domingo de Guzman** ay inilaan sa Diyos upang magsilbing tagapaghatid ng liwanag sa panahon ng kadiliman, kung kailan ang erehiya ng Albigensya ay labis na nakaakit ng mga mananampalataya habang ang mga lider ng simbahan ay namuhay sa karangyaan. Sa taimtim na panalangin, kababaang-loob, matinding búhay ng pagdaralita, paglilingkod sa mga aba na punô ng pag-ibig, at makaamang pangangalaga sa mga kapatid sa kaniyang Orden, si **Santo Domingo** ay tunay na nakapagturo ng aral ni Kristo at ibinahagi ang *Mabuting Balita* gamit ang husay sa pangangaral at banal na pamumuhay. Sa huling yugto ng kaniyang búhay, sinabi ni **Santo Domingo** sa kaniyang kasamahan, "Huwag kang umiyak dahil mas magiging kapaki-pakinabang ako sa iyo pagkatapos ng aking kamatayan kung kailan matutulungan kita nang mas mabisa kaysa sa panahon ng ako ay búhay."

Isang malaking hámon ito sa ating mga katekista. Ipininakita ni **Santo Domingo de Guzman**, ang isang malikhaing paraan nang pagtuturo ng búhay ni Hesus gamit ang Kaniyang mga Salita hango sa *Banal na Kasulatan*. Hindi marahil mapapansin si **Santo Domingo** ng mga tao sa kaniyang pangangaral kung hindi niya napukaw ang damdamin ng mga nakikinig sa kaniyang pagpapahayag ng mga turo at aral ni Hesus ayon sa kanilang konteksto at sitwasyong naranasan, sa tulong ng mga parabula ng búhay.





## Paano Naman ang Iba?
### *Malikhaing Katekesis*

Sa paanong paraan nagiging epektibo ang parabula sa pagtuturo ng katekesis? Tingnan ang sumusunod na halimbawa:

| | |
|---|---|
| **Paksa** | Paano Naman ang Iba? |
| **Parabulang Tatalakayin** | Ang Talinghaga Tungkol sa Mayamang Hangal |
| **Teksto** | Lucas 16: 19-31 |

### Mga Paunang Gawain:

- Simulan ang klase sa pamamagitan ng pag-*welcome* sa lahat.
- Pangunahan ang pananalangin ng buong klase at isama sa panalangin ang intensiyon na magkaroon ng kaginhawaan ng búhay ang mahihirap.
- Basahin nang malikhain ang teksto mula sa *Bibliya*.

### Mga Gabay na Tanong:

1. Magbahagi ng mga karanasan bilang mag-aaral, kabataan, at miyembro ng pamilya, Simbahan, at pamayanan. Ilarawan kung paano kayo nagiging isang disipulo sa mga sumusunod:

a. Tahanan
b. Pamilya
c. Barkada
d. Simbahan, at
e. Pamayanan

(Hayaang ibahagi ng dalawa hanggang tatlong mag-aaral ang kanilang mga halimbawa).

2. Ipabasa muli ang **Talinghaga Tungkol sa Mayamang Hangal** (Lucas 12:16- 21). Ano sa palagay ninyo ang nagawang pagkakasala ng laláking pulubi sa parabula?

## Mga Pangunahing Gawaing Pagkatuto

1. Ibigay ang buong detalye ng mga pangunahing mga tauhan upang mas maunawaan ang mensahe nito.

    a. Paglalarawan sa Pulubing si Lazarus
    b. Paglalarawan sa payamang laláki
    c. Ang Diyos, ang Nakakubling Tauhan sa Talinghaga

2. Anu-anong mga aral ang ating matututuhan mula sa mga pangunahing tauhan?


3. Hayaan ang mga mag-aaral na makapagbigay ng mga halimbawa sa kasalukuyan ng pagsasabúhay sa mga aral ni Hesus mula sa talinghaga.

4. Sa anong mga paraan natin maisasagawa ang mga bagay na nagpapakita ng tunay na habag sa mga maralitang nangangailangan?

## Panalanging Kateketikal

*Panginoon, ang Pangunahing May-akda ng*
*Mabuting Balita ng aming pananampalataya,*
*Ipagkaloob Mo po sa amin ang talino't kaalaman*
*Upang malalim na maintindihan*
*Ang Iyong mga parabula at iba pang mga*
*Talinhagang gumagabay sa aming*
*Mga katekistang-lingkod.*
*Na tulad ni **Santo Domingo de Guzman**,*
*Ang banal na misyonerong katekista,*
*Ituro Mo po sa amin ang biyaya ng*
*Tunay na pagiging-guro -*
*Mapagkumbaba, matiyaga, mapagmalasakit,*
*Mapagmahal, at masayang tagapagtanggol*
*Ng Iyong mga Mabuting Aral.*
*Amen.*

*- Clarence M. Batan, NCS 2021: PARI Project*



# Mga Sanggunian


Catholic Online. (2021). *St. Dominic.* Retrieved from https://www.catholic.org/saints/saint.php?saint_id=178

Drane, A. (1988). *The Life of St. Dominic, Edition 6*. Ilinois: Tan Books and Publishers Inc.


Rutler, G. W. (2014). *Hints of Heaven*: The Parables of Christ & What They Mean for You: Sophia Institute Press.

Snell, M. (2020). *Saint Dominic Quotations.* Retrieved from https://www.learnreligions.com/saint-dominic-quotations-1789344

Vost, K. (2021). *Saint Dominic's Mission: To Pray, To Preach, To Bless.* Retrieved from https:/catholicexchange.com/saint-dominic-de-guzman-lets-loose-hounds

Ward, K. (2021). *Parables of Time and Eternity.* Wipf & Stock Publishers.

Wilsford, J. (2012). *The Parables of Jesus: 13 Lessons.* Retrieved from http://www.gospellessons.info/sitebuildercontent/sitebuilderfiles/bookletonparables2.pdf



Kabanata 4

# Panalangin

*Maria Elena P. Octubre*

## Hiwaga ng Katekista: Kasama Ko ang Diyos Kahit Saan

### *Kuwentong Katekista*



Musmos pa lang, sa tuwing ako ay makakakita ng mga manang sa kapilya na nagdarasal o kaya ay sa tuwing kami ay magsisimba, may kung anong mahiwagang damdámin akong nadarama sa kalooban ko. Bagamat nang mga panahong iyon ng kamusmusan ay hindi ko pa ito lubos na nauunawaan, alam kong may hangárin sa aking puso na malaman kung saan nanggagaling ang kakaibang damdaming ito sa tuwing ako ay nagdarasal o nakakakita ng nagdarasal. Sa aking pagdadalaga, ako din ay na naakit sa pagmamadre. Salamat sa hiwaga ng mga panalangin na nakalakip sa mga katekesis at mabubuting halimbawa ng búhay ng mga santo na itinuro sa amin ng mga madreng Pransiskano ng *Franciscan Immaculatine Sisters.*

Sa pananalangin - sa taimtim na pakikinig sa *Salita ng Diyos*, sa pag-alam sa Kaniyang kalooban at sa pagdama ng Kaniyang pagmamahal  sa bawat yugto ng aking búhay -  doon ko natutuhang magtiwala nang lubos sa Kaniya lalo na sa mga panahong tila ako'y naglalakad nang mag-

isa sa kadiliman ng kawalang kasiguruhan, sa kabila ng aking pagsusumikap. Sa pananalangin ko rin nadiskubre sa aking sarili na sa maraming pagkakataon, kahit na mabuti ang aking hangarin, kailangan kong isuko ang mga ito sapagkat iba pala ang kalooban ng Diyos. At sa pagtupad sa kalooban ng Diyos, naroon ang tunay na kaligayahan kahit na ito pa ay napapaligiran ng balakid at iba't ibang hámon sa búhay. Ang lahat ng dunong, katalinuhan at kakayahan ay balewala kung hindi ito nauugnay sa pagtupad sa pangkalahatan at personal na tawag ng Diyos - ang tawag na banayad ngunit makapangyarihan, punô ng kaliwanagan at kasiguruhan, na maririnig at makikita lamang sa katahimikan ng pakikipag-ugnayan sa ating Panginoon, sa pamamagitan ng "panalangin."


Ang tagumpay at kabiguan ng aking pagtuturo ng ating pananampalataya sa kabataan ay lagi kong iniaalay sa Panginoon. Sa bawat tipa ng letra sa *keyboard*, sa bawat estratehiya at mga gawain na nais kong gamitin para mas maunawaan ng mga bata ang *Mabuting Balita* na patuloy na Nagkakatawang-Tao sa bawat isa sa atin, at sa bawat *eye strain* at *headache* na nararanasan ko pati na rin ang *frustration* dahil sa tila baga kawalang-interes o pagsasawalang-kibo ng mga mag-aaral mapa-*face to face* o *online class*, lahat ay isang panalanging may kalakip na sakripisyong iniaangat ko sa Diyos, tulad ng insensong mahalimuyak na ang yinayakap ang aking panalangin.



# Panalangin at Pedagohiya
## *Kuwentong Pedagohiya*

Noon, ang pagtuturo ng mga guro ay nakatuon lamang sa mga uri ng talinong berbal-lingguwistiko at lohiko-matematikal. Salamat sa tagumpay ng *Gardner's Theory of Multiple Intelligences* (2000), sa nagdaang mga taon ay hinimok at sinanay ang mga tagapagturo na gumamit ng mga pamamaraang mabisang makakaugnay sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng mas mawalak na mga uri ng talino at interes. Noong 1983, si Howard Gardner, propesor ng edukasyon sa *Harvard University*, ay naglathala ng kaniyang teorya ng *Multiple Intelligences* at binigyang-diin niya ang pangangailangan na palawakin ang mga pamamaraang pang-edukasyon upang maakit ang iba`t ibang uri ng talino: *verbal-linguistic* (dunong pananalita), *logico-mathematical* (pangangatwiran at dunong pamilang), *visual-spatial* (dunong panlarawan), *bodily-kinesthetic (body smart), musical-rythmic (music smart)*, *interpersonal (people smart)*, *intrapersonal (self-smart)*, at *naturalistic (nature smart)* (Gardner, 2000; Marenus, 2020). Ang pagpapalawak na ito sa iba't ibang uri ng pamamaraang pang-edukasyon ay nagbibigay-diin na upang maging mabisa ang katekesis, kailangan ng isang komprehensibong *tool kit* ng mga pamamaraan na magagamit ng mga katekista.

Ang dunong intrapersonal ay pinakamahusay na inilarawan bilang kaalaman sa sarili. "Sa iyong sarili ay maging totoo o tapat," ang payo ni Socrates, na nagpapahiwatig ng buod ng talinong ito. Ito ay ang kakayahang maunawaan ang mismong sarili, matukoy nang wasto ang mga kalakasan at kahinaan ng isang tao, at iayos ang pag-unawang ito bilang isang gabay sa pagkilos. Naniniwala si Gardner na ang



*intrapersonal intelligence* ay direktang nauugnay sa kakayahang maabót nang mabuti ang epektibong pakikipag-ugnayan o komunikasyon sa kapuwa na nakaugat sa pag-alam muna sa sarili. Ayon din kay John Dewey (1991), isang bantog na *educational theorist*, ang lahat ng edukasyon ay tungkol sa paggawa ng mga koneksiyon. Ang Diyos ay naghahanap ng ganitong uri ng pakikipag-usap sa atin batay sa ating katayuan, at si Hesus, ang Kaniyang Bugtong na Anak, ang Kaniyang regalong ibinigay upang ihayag ang Kaniyang sarili sa sangkatauhan. Nararanasan natin ang komunikasyong ito sa liturhiya, sa mga sakramento, at sa mga mapagmahal Niyang pagkilos sa ating búhay, kasama na ang mga pagkilos ng pagtuturo at pag-aaral na sa pangkalahatan ay tinawag nating katekesis. Sa pamamagitan ng pag-uugnay sa *intrapersonal dynamics* ng pagdarasal at ng pagtuturo ng mga doktrina at katuruan ng Simbahan, ang intrapersonal na talino ay maaaring makita bilang isang daan para sa pagsasalamin sa Espiritu.

"Ang katekesis ng pananalangin ay pinakaepektibo kung ang katekista mismo ay isang táong madasalin na komportable sa pag-akay sa iba sa pagdarasal at sa pakikilahok sa mga liturhiya ng pagsamba. Kapag ang katekesis ay babad sa klima ng panalangin, ang pagtanggap sa kabuuan ng Kristiyanong pamumuhay ay nakakabit sa pinakarurok nito" (“General Directory for Catechesis”, 85).

Hindi madali ang manalangin. Iyon ang dahilan kung bakit ang mga alagad ni Hesus ay nakaramdam ng parehong pagkalito sapagkat pamilyar lamang sila sa madalas na paulit-ulit na mga panalangin ng Torah. Ngunit napagmasdan nila na noong si Hesus ay nanalangin, ito ay may isang uri ng awtoridad at kapangyarihan na hindi pa nila nakita dati - na parang

nakikinig ang Diyos! Kaya nang lumapit sila kay Hesus, tulad ng sinabi sa Mateo 6, hindi nila sinabi, "Turuan mo kami ng isa pang panalangin." Sa halip, sinabi nila, "Panginoon, turuan mo kaming manalangin."

Sa pagtuturo ni Hesus sa kaniyang mga alagad ng Pinakadakilang Dasal - ang **"Ama Namin"** - itinuro na niya sa kanila ang maraming bagay na kailangan nilang malaman tungkol sa Diyos. Una, na Siya ang ating Ama na may planong itaguyod ang Kaniyang Kaharian sa lupa. Ikalawa, na ang Kaniyang Banal na Probidensya ay walang-humpay para sa lahat ng sangkatauhan. Ikatlo, na ang ugnayan na dapat nating pangalagaan sa Kaniya at sa ating mga kapuwa ay nangangailangan ng pagsisimula ng kapayapaan at hustisya para sa bawat isa sa pamamagitan ng pag-aalok ng kapatawaran para sa mga maling nagawa. Ikaapat, na ang pag-iral ng kasamaan ay totoo, at dahil dito, dapat tayong higit na manalangin nang walang tigil sa Diyos para sa ating kaligtasan at proteksiyon laban sa kasamaan.

Makikita rin sa **Ama Namin** ang apat na mahahalagang salik ng panalangin - pagpupuri at pagsamba sa Diyos *(adoration)*, paghingi ng tawad sa mga kasalanang nagawa *(contrition)*, pasasalamat sa lahat ng Kaniyang mga biyaya *(thanksgiving)*, at pagdulog ng ating mga kahilingan sa búhay *(supplication)* (Rossman, 2020). Ang pananalangin din ay may mga antas na nagsisimula sa pagbása ng *Salita ng Diyos (lectio)*, pagninilay sa mensahe ng Diyos *(meditatio)*, pakikinig at pakikipag-usap sa Diyos sa kaibuturan ng puso *(oratio)*, at pagsasanib ng búhay at pananampalatayang natanggap bunga ng pananalangin *(contemplatio)*. Ito rin ay maaaring personal o kaya'y *communal* na ang pinakamataas na uri ng panalangin ng sambayanan ay ang pakikiisa sa pagdiriwang ng Banal na Misa sapagkat dito, si Hesus mismo ang Paring nag-aalay ng sakripisyo. Siya mismo ang alay at Siya na rin mismo ang altar. Matatandaang sa *Lumang Tipan*, ang ritwal ng pag-aalay ng sakripisyo ay ginagawa ng pari

upang makipag-ugnayan kay Yahweh. Anong dasal ang hihigit pa sa sakripisyong inialay ni Hesus sa Krus para sa ating kaligtasan upang tayo ay muling makipagkaisa sa Diyos Ama!

## Santa Monica
***Kuwentong Kabanalan***

"Mga kapatid, tinutulungan tayo ng Espiritu sa ating kahinaan. Hindi tayo marunong manalangin nang wasto, kaya't ang Espiritu ang lumuluhog para sa atin, sa paraang di magagawa ng pananalita. At nauunawaan ng Diyos na nagsasaliksik sa puso ng tao, ang ibig sabihin ng Espiritu sapagkat ang Espiritu'y lumuluhog para sa mga banal, ayon sa kalooban ng Diyos"- Roma 8: 26-27.

Sa samo't sari nating mga alalahanín sa búhay, sa trabaho, sa pamilya, sa personal na mga mithiin at sa paulit-ulit nating pagkakasala, sino nga ba sa atin ang may matapang na loob na humarap sa Lubhang-Dalisay at Makapangyarihang Diyos at sigurado sa sarili na ang mga salitang ating inuusal sa panalangin ay kalugod-lugod sa Kaniyang pandinig? Salamat sa Espiritu Santo na Siyang tumatawag at nagbibigay-inspirasyon upang tayo'y makipag-usap sa Diyos Ama sa pamamagitan ni Hesus!



Ang mga pagkadismaya at kabiguan natin sa búhay at sa ating pagtuturo bilang mga katekista kung minsan ay nagdudulot ng pananabang o kawalan ng ganang manalangin, lalo na't kung ang ating mga mag-aaral ay tila hindi naman pinapansin o pinahahalagahan ang mensahe ng *Mabuting Balita* na pinagpuyatan nating ihanda. "Wa epek", ika nga.



Alalahanin natin kung paanong ang walang-humpay na pananalangin ni **Santa Monica**, ang ina ni San Agustin, ang nagsilbing paalala at pamamaraan niya ng pangangaral at pagtutuwid sa kaniyang anak na noo'y palalo, makamundo, at namumuhay sa kasalanan bunsod na rin ng di-mabuting halimbawa ng kaniyang amang si Patricio na isang pagano na minahal at pinaglingkurang mabuti ni **Santa Monica** kahit ito'y may hilig sa kahalayan ("St. Monica", 2020). Dagdag pa sa pasakit niya ay ang biyenan niya na laging pinahirapan ang kaniyang kalooban sa masasakit na pananalita at pamumuna.

"...Palagi kayong manalangin, at magpasalamat kayo sa Diyos sa lahat ng pagkakataon; sapagkat ito ang kalooban ng Diyos para sa inyo sa iyong pakikipag-isa kay Kristo Jesus" -1 Tesalonica 5:17-18.

Hindi nga naglaon at nagtagumpay ang walang-humpay na panalangin ni **Santa Monica** na may kalakip na sakripisyo at pagtitiis. Naakay niya sa pananampalataya si Patricio at ang kaniyang biyenan. Makalipas ang isang taon, matapos mabinyagan ang kaniyang asawa ay yumao itong mapayapa. Sa kabilang banda, si Agustin naman na noo'y 17 taong gulang, ay tuluyan nang napariwara nang mamatay ang kaniyang ama. Hindi siya tinantanan ng kaniyang ina sa pagsama at pagsunod sa kaniya upang siya ay gabayan. Sandamakmak na luha ang umagos sa mata at dumaloy sa pisngi ni **Santa Monica** habang siya ay di-tumitigil sa pagluhog sa Diyos na maghari nawa ang Kaniyang Kalooban. Sa wakas, sumapit din ang panahon nang si Agustin ay nasa mahigit 30 taong gulang na, ay tinanggap niya ang pananampalataya at nagpabinyag kay San Ambrosio na naging espirituwal na tagapayo nilang mag-ina. Doon na tuluyang nagbalik-loob at nagsikap na mamuhay sa kabanalan si San Agustin na kilalá ngayon dahil sa kaniyang matayog na pag-aaral,

pagninilay, at pagtuturo ng Kristiyanong pananampalataya na naging saligan ng teolohiya. Salamat sa pananalangin ni **Santa Monica** na patuloy na nakita ang pag-asa at tagumpay sa kabila ng tila mga kabiguan sa búhay!

Marami pang santo ang maaari nating pagkunan ng halimbawa kung paano magagamit ang panalangin sa pagtuturo ng pananampalataya sa iba't ibang perspektiba nito. Nariyan sina San Francisco ng Assisi, San Benito ng Nursia, Santa Maria na kapatid ni Santa Martha, Santo Domingo de Guzmán, San Jose ng Copertino, ang batang si Santo Domingo ng Savio, San Padre Pio, at marami pang iba.

## Panalangin at Katekesis
### *Malikhaing Katekesis*

Paano natin gagamitin ang "panalangin" bilang paraan ng pagtuturo ng katekesis? Narito ang isang halimbawa:

### Sampung Utos ng Diyos: Pagtalima sa Kalooban ng Diyos

**Kalagayan:** Mga panlipunang isyu sa bansa na nagpapakita ng pagsuway o hindi pagsunod sa **Sampung Utos ng Diyos** (materyalismo, pagmumura ng nasa katungkulan na naka-televise, mas maigting na paghihigpit sa dami ng puwedeng dumalo sa misa kaysa sa pagpunta sa mga *mall, divorce, same sex marriage, abortion, graft and corruption, black propaganda* sa pangangampanya, *extrajudicial killing (EJK)*, atbp.).

### Mga Gabay na Tanong:

Ano ang kalooban ng Diyos hinggil sa iba't ibang isyung ito? Paano ako nakikibahagi sa paglala o paglutas ng bawat sitwasyong nabanggit?

Pagpapahayag ng *Salita ng Diyos*: Mateo 6: 9-13 "Ama Namin". Ang pagninilay ay ituon sa pagtupad ng kalooban ng Diyos at sa pag-adya sa tukso at lahat ng masasama.

## Mga Gawain:



a. Awit Pamukaw: *Prayer of Peace of St. Francis* (Franciscan Sisters of Perpetual Adoration, 2021). Pakinggan at ipaawit sa mga mag-aaral. Tanungin kung aling bahagi ng awit-panalangin ang pumukaw sa kanilang damdámin. Hikayating ipaliwanag ang sagot sa pamamagitan ng pagsulat ng sagot o pagbabahagi sa harap ng klase.

b. Pagnilayan ang mensaheng nilalaman ng *Salita ng Diyos* at ng *Prayer of Peace* ni San Francisco. Itanong kung ano ang kahihinatnan ng pagtalima o ng pagsuway sa Utos ng Diyos. Paano ako makapamumuhay nang payapa na ayon sa kalooban ng Diyos?

c. Pagawin ng malikhaing *concept map* na nagpapakita ng Daan Tungo sa Kapayapaan at Daan Tungo sa Kapahamakan. Ilagay sa *concept map* ang mga kasamaang panlipunang tinalakay at mga mungkahing kalutasang maaaring gawin ng isang mabuting tao na naghahangad ng kapayapaan.

d. Gumawa ng panalangin na naglalaman ng pagpupuri sa Diyos, paghingi ng kapatawaran sa mga kasalanang nagawa kasama na ang pagpanig sa kaisipang taliwas sa kalooban ng Diyos, pasasalamat sa mga biyayang natatanggap, at paghingi ng biyaya upang mamuhay nang matuwid at mapayapa ayon sa kalooban ng Diyos.

Tumawag ng ilang mag-aaral na gustong ibahagi ang kanilang natutuhan sa Gawain C at Gawain D.

## Panalanging Kateketikal

*Ama naming Mahal,*

*Pangunahing Guro ng aming pananampalataya,*

*Turuan Mo po kaming maunawaan*

*Ang bawat salita o galaw ng*

*Aming mga panalangin.*

*Lalo na po ang mga panalanging*

*Gumagabay sa aming mga gawaing katekesis.*

*Pinupuri Ka namin Panginoon,*

*Pinasasalamatan sa lahat ng Iyong biyaya,*

*Humihingi ng tawad sa aming mga kahinaan,*

*At taimtim na nagsusumamo sa Iyong kabutihan.*

*Kabahagi ng kabanalan ni* ***Santa Monica****,*

*Biyayaan Niyo po kami, Mahal na Ama,*

*Ng regalo nang pagninilay at pag-ibig*

*Sa bawat panalanging aming sinasambit.*

*Amen.*

*- Clarence M. Batan, NCS 2021: PARI Project*



# Mga Sanggunian


Dewey, J. (1991). *How We Think*. New York: Prometheus Books.

Franciscan Media. (2020). *Saint Monica.* Saint of the Day. Retrieved from https://www.franciscanmedia.org/saint-of-the-day/saint-monica


Franciscan Sisters of Perpetual Adoration. (2021). *Prayer of Saint Francis of Assisi.* Franciscan and Other Common Prayers. Retrieved from https://www.fspa.org/content/prayer/franciscan-prayers

Gardner, H. E. (2000). *Intelligence Reframed: Multiple Intelligences for the 21st Century.* Hachette UK.

Marenus, M. (2020). *Gardner's Theory of Multiple Intelligences.* Retrieved from https://www.simplypsychology.org/multiple-intelligences.html


Rossman, M. (2020). *Catholic 101: Praying the Our Father.* Retrieved from https://thejesuitpost.org/2019/11/catholic-101-praying-the-our-father/

Vatican. (1997). *General Directory for Catechesis.* Retrieved from https://www.vatican.va/roman_curia/congregations/cclergy/documents/rc_con_ccatheduc_doc_17041998_directory-for-catechesis_en.html

## Kabanata 5


# Lecture



***Jonathan James O. Cañete***

## Katekista Bilang Tagapagdaloy ng Katekesis

### *Kuwentong Katekista*




Namulat ako sa realidad ng katekesis at búhay ng isang katekista noong magsimula akong mag-aral sa pampublikong paaralan dito sa aming simpleng bayan ng Angono, Rizal. Si Ate Marlyn ang pinakaunang katekistang aking nakilala at marahil siya na rin ang katekistang pinakatumatak sa aking kalooban. Ang paraan ni Ate Marlyn sa kaniyang pagtuturo ay napakadinamiko sapagkat hindi lamang siya nagtuturo sa pamamagitan ng mga konsepto tungkol sa ating pananampalataya ngunit ang kaniyang pamamaraan ay may kaakibat na laro na siyang pumukaw sa aming atensiyon at murang kaisipan. Sa pamamagitan ng laro, nabigyang-búhay ni Ate Marlyn ang kaniyang katekesis at kami bilang mag-aaral ay aktibong nakisangkot sapagkat ang bawat laro ay may kaakibat na simpleng pagpapahalaga at pagpapaliwanag sa pananampalataya. Ang mga laro at aktibidades tulad ng kantáhan, tulàan, dulaan, *pass the message*, talahulugan, at pagguhit at pagkukulay ng mga larawan ni Hesus ay ilan sa mga paraan ni Ate Marlyn sa kaniyang katekesis. Sa pamamagitan ng mga ito, ako at sampu ng aking mga kaklase sa Grade 5, sa mga murang kamalayan namin ay naunawaan ang kahalagahan ng

pananampalataya  sa aming mga búhay. Masasabi ko ngayon na dahil kay Ate Marlyn na huwarang katekista ng aming seksiyon, ang pananampalataya ay naging buháy at makabuluhan sa aming mga búhay. Ito ay naging gabay ko sa aking pagtahak sa isang búhay sa nakasentro sa pagtuturo ng pananampalataya.

Bilang isang katekista, naunawaan ko sa pamamagitan ng pagsasabúhay at ng pagiging malikhain ni Ate Marlyn sa paraan ng kaniyang katekesis, na ang pananampalataya ay mas maipahahayag nang may wastong talab sa mga tumatanggap kung ang pamamaraan ng pagbibigay ng katekesis ng isang katekista ay malikhain at naayon sa lebel ng kamalayan ng mga tumatanggap nito. Gaya ng ginawa ni Ate Marlyn, ang pamamaraan ng kaniyang katekesis ay inayon niya sa lebel ng aming mga musmos na kamalayaan bilang *Grade* 5 kaya ang katekismo ay tumalab sa aming murang mga pag-iisip at kalooban. Si Ate Marlyn at ang kaniyang pamamaraang pangkatekesis, ang kaniyang buháy na pagsaksi sa pananampalataya bilang isang katekista, ang inspirasyon ko sa pagsulat at pagbabahagi nitong simpleng pedagohiya na maaaring magamit sa pagbibigay-sigla at katuturan sa pamamaraan natin ng pagpapahayag at pagbabahagi ng pananampalataya at pagsaksi dito bilang malilikhaing katekista.

Pinatunayan ni Ate Marlyn na ang katekista ay hindi siyang pinagmumulan ng katekesis at higit sa lahat, ng pananampalataya, kundi siya ay isang malikhaing tagapagdaloy ng katekesis na siyang maaaring pagmulan ng isang malikhaing pag-unawa sa pananampalataya ng mga tumatanggap nito tulad namin noong kami ay mga musmos na mag-aaral na uháw sa kaalaman at aktibo sa pagkamalikhain. Ang musmos na kaisipanat ang malikhaing kamalayan ng mga tumatanggap




ng katekesis ay siyang isang mabisang paraan sa isang malikhaing pagpapadaloy ng katekesis. Ang pedagohiyang ginamit ni Ate Marlyn sa kaniyang katekesis ay luminang sa aking pagkamalikhain lalo na sa aking paglalakbay tungo sa pagtuklas ng kahalagahan ng pananampalataya kay Kristo  sa aking murang kaisipan.


## *Lecture* Bilang Pedagohiyang Pangkatekesis

### *Kuwentong Pedagohiya*

Normal na marahil sa pagtuturo ng katekesis ang paggamit ng *lecture* o panayam. Ang pamamaraang ito ay nakakatulong upang ang pananampalataya ay maibahagi sa iba ngunit sa pagbabago ng panahon at paraan ng pagkatuto ng mga tao lalo na ng kabataan, ang lecture ay dapat bihisan ng isang malikhain at panibagong anyo upang ang katekesis ay maging isang buháy na pagbabahagi ng pananampalataya. Ang pagkakaroon ng iba't ibang uri ng pamamaraan sa pagtuturo ay isa sa mahahalagang sangkap sa proseso ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan nito, ang mga mag-aaral ay nabibigyan ng pagkakataong linangin ang angking talino upang mas maunawaan nila ang importansiya ng isang aralín sa kanilang búhay bilang mga mag-aaral.


Sa larangan ng katekesis, ang pagkakaroon ng iba't ibang uri ng pedagohiya at metodo sa pagtuturo ng pananampalataya o *differentiated pedagogy in doing catechesis* ay naglalayong ipresenta ang katekismo sa isang paraan na ang mga tumatanggap ng katekesis ay nagkakaroon ng isang personal at malalim na pag-unawa sa pananampalataya na nakaugat sa ating kamalayan at karanasan sa Diyos na buháy sa bawat yugto ng ating pag-iral bilang tao. Ang ating personal na karanasan bilang tumatanggap ng





katekismo ay siyang nagpapayaman sa pananampalatayang ating natanggap mula sa Panginoon (Nelson et al., 2013, p. 68). Ang pagpapayaman ng pananampalataya sa ating kamalayan bilang tao ay siyang nagbibigay-daan sa isang maka-Diyos, makatao, makakalikasan, at makabansang pagkilos sa lipunan na siya namang uri ng pagtugon sa pananampalatayang ating natanggap at sa hámon ng Panginoon na maging mga buháy sa saksi sa pananampalataya sa makabagong panahon.

Iminumungkahi ng pag-aaral na ito ang paggamit ng *Learner-Centered Approach (LCA)* bilang isang pedagohiyang *lecture* sa pagbibigay ng katekesis. Sa pedagohiyang ito, ang paraan ng pagpapahayag o pagtuturo ng pananampalataya sa pamamagitan ng katekesis ay nakatuon sa personal nating artikulasyon ng isang uri ng aralín sa katekismo na nakaugat at nakabase sa ating karanasan sa pananampalataya (Owens et al., 2006). Samakatuwid, gamit ang LCA bilang isang pedagohiyang pangkatekesis, ang pananampalataya ay nagiging personal ngunit nakaugat sa katuruan ng Simbahan. Ang pedagohiyang ito ay naglalayong malinang ang ating aktibong pakikisangkot, personal na motibasyon, komitment, at pag-unawa sa pananampalataya. Sa ganitong pananaw, ang pananampalataya ay nagiging buháy at may talab sa eksistensiyal na konteksto ng ating búhay bilang mga mananampalataya.




Ang *LCA* ay isang pedagohiyang nagbibigay sining sa *lecture* na nag-uugnay-ugnay sa ating pananampalataya sa gawaing katekesis. Sa ganitong katuturan, ang paglinang sa pananampalataya ay nagiging isang uri ng paglalakbay para sa mga nakatanggap ng katekesis at tayong mga katekista tungo sa hiwaga ng presensiya at pag-ibig ng Panginoon na siyang punong layunin at buod ng ating pananampalataya. Ang makilala ang Panginoong Hesus at maibahagi ang Kaniyang pag-ibig sa pamamagitan ng pagsaksi rito sa ating mga búhay ang siyang espiritu ng katekesis. Tayong mga katekista ay pawang tagapagdaloy lamang ng katekismo at ang paraan natin ng katekesis ay siyang maghahatid sa mga tumatanggap nito na tulad natin  ay mga kapuwa-manlalakbay sa pananampalataya patungo sa Diyos na siyang gumagabay sa atin at nagbibigay-saysay sa ating katekesis.

## Si San Pedro Calungsod Isang Katekistang Saksi ng Pananampalataya

***Kuwentong Kabanalan***

Marahil, napakarami ng mgasanto at santa sa Simbahang Katolika na nagbigay-búhay sa pananampalataya tulad ni **San Pedro Calungsod** na siyang huwaran ng pedagohiyang pangkatekesis na ating inuusisa sa araling ito. Ngunit paano nga ba isinabúhay ni **San Pedro Calungsod** ang malikhaing anyo ng pedagohiyang *lecture* na nakatuon sa personal na karanasan ng ating pananampalataya *(LCA)* sa kaniyang pagsaksi sa pananampalataya at pangangaral sa Guam bilang katekista?

Si **San Pedro Calungsod** ay isang kabataang Pilipino na ginabayan sa pananampalataya ng mga Heswitang Español. Maagang namulat si **San Pedro Calungsod** sa di-matatawarang halaga ng pananampalataya kay Kristo at sa katuruan ng Simbahang Katolika sa búhay ng isang tao. Natuklasan ni **San Pedro Calungsod** na ang pananampalataya kay Kristo ay siyang susi sa isang makabuluhan at simple ngunit masayáng búhay. Si Kristo ay siyang gabay tungo sa isang búhay na punô ng pag-asa sa gitna ng sákit at pighati at ang katuruan ng Simbahan ay siyang mga bantayog ng pananampalataya na gumagabay patungo kay Kristo. Sa ganitong pananaw, inialay ni **San Pedro Calungsod** ang kaniyang sariling búhay sa pagpapalaganap ng pananampalataya kay Kristo bilang isang katekistang misyonero sa Guam kasama ang kaniyang gabay na si Padre Diego Luis De San Vitores. Dahil sa kaniyang dedikasyon at pagmamahal sa misyon at bokasyon bilang isang katekista, si **San Pedro Calungsod** kasama ang kaniyang gabay na pari ay namartir ng mga katutubo sa Guam. Sa pagsaksi sa pananampalataya ni **San Pedro Calungsod** sampu ng kaniyang mga kasamang katekistang misyonero, ang mga katutubong Chamorro, ay naging mga Katolikong mananampalataya ni Kristo.






Si **San Pedro Calungsod** ay isang Pilipinong martir na may malalim na kaugnayan at pananampalataya sa Diyos. Ang pananampalatayang ito ay siyang nagbigay ng malalim na saysay sa kaniyang búhay bilang kabataang Pilipino at higit sa lahat, bilang isang katekista. Dahil




sa kaniyang masidhing pagtugon sa tawag na ibahagi ang pananampalataya kay Hesus, umusbong at dumaloy ang pananampalatayang Kristiyano sa kamalayan ng mga katutubong Chamorro sa Guam. Ang katekesis na natanggap ni **San Pedro Calungsod** sa mga Heswitang misyonero na bunga ng isang pedagohiyang nakatuon sa personal na karanasan at paglalakbay sa pananampalataya ang nagbigay-daan sa kaniya upang makilala si Hesus. Ang personal na pagkilalang ito sa pagkatao ni Hesus ang naging daan upang ilaan ni **San Pedro Calungsod** ang kaniyang sarili bilang isang misyonerong katekista. Si **San Pedro Calungsod** ay isang katekistang malikhain na naging tagapagpadaloy ng katekesis upang maunawaan ng mga tumatanggap ang saysay ng Diyos sa kanilang búhay.

## Malikhaing Panayam, Katekista Bilang Tagapagdaloy ng Katekesis

### *Malikhaing Katekesis*

Inilarawan natin na ang paggamit sa *lecture* bilang isang malikhaing pedagohiyang pangkatekesis ay naglalayong maibahagi ang pananampalataya sa paraan na ang mga tumatanggap ng katekesis ay nabibigyan ng pagkakataong maunawaan ang katekismo base sa paglalahad ng kanilang mga personal na kuwento sa búhay kung saan ang Diyos ay buháy at nakikilakbay sa

kanila. Sa ganitong paraan, ang isang aralín sa katekismo ay hindi nananatili bilang isang konseptong walang talab sa personal na búhay ng mga tumatanggap ng katekismo kundi nagiging isang paraan upang pagnilayan ang kanilang búhay-pananampalataya. Dahil dito, tayo bilang mga katekista ay marapat na maging malikhain sa ating katekesis upang mabigyan ang mga tumatanggap ng pagkakataong magkaroon ng personal na pagsasanay sa pagpapalalim ng pananampalatayang kanilang natanggap. Ang paggamit ng *LCA* bilang *framework* sa malikhaing paggamit ng pedagohiyang *lecture* ay makakatulong para mabigyan ng pagkakataon ang mga tumatanggap ng pananampalataya sa kanilang kontekstuwalisasyon.




Ang *LCA* ay nangangahulugang ang katekesis ay nakasentro, hindi lamang sa katekista, kundi higit sa lahat, sa mga tumatanggap nito. Ang katekista ay nagiging tagapagdaloy sa buong proseso ng katekesis at hindi ang siyang pinakapinagmumulan ng katekesis (Baetan et at., 2020). Bilang tagapagpadaloy o *facilitator*, tayo bilang malilikhaing katekista ay nagbibigay-kalayaan at espasyo sa mga tumatanggap ng katekesis na unawain ang paksang tinatalakay sa katekismo ng Simbahan base sa kanilang personal na karanasan at pakikiugnay sa Diyos. Sa ganitong pedagohiya, nagkakaroon ng diyalogo sa pagitan nating mga katekista at ng mga tumatanggap ng katekesis na siya namang nagpapayaman sa pananampalataya - ang pananampalataya ay nagkakaroon ng bagong katuturan sa modernong konteksto ng mga tumatanggap ng katekesis. Ang mga sumusunod ay mga bunga ng paggamit ng *LCA* bilang *framework* ng pedagohiyang *lecture*:

- **Aktibong Partisipasyon ng mga Tumatanggap ng Katekesis.** Ayon kay Pasion (2019), ang pagbibigay ng kalayaan sa mga tumatanggap ng katekesis na ipahayag ang kanilang sarili sa proseso ng katekesis ay lumilikha ng isang inter-aktibong kapaligiran na ang mga tumatanggap ng katekesis ay aktibong nakikisangkot sa talastasan at sa pagbabahagi ng pananaw ukol sa pananampalataya (Mohammed, 2020).

- **Pagpapanatili at Pagpapayaman ng Kaalaman sa Pananampalataya.** Dahil sa aktibong partisipasyon ng mga tumatanggap ng katekesis sa buong proseso ng katekesis, mas nananatili sa kanilang kaisipan at diwa ang katuturan ng pananampalatayang kanilang natanggap (Semerci et al., 2017). Gamit ang *LCA*, ang pananampalataya at ang katekismo ng Simbahan ay hindi lamang tumitimo sa kaisipan at kamalayan ng mga tumatanggap ng katekesis kundi napagyayaman din nito ang pananampalataya sa kanilang búhay (Kumar & Teotia, 2017).



- **Paglinang ng Motibasyon sa Pagtugon sa Hamon na Isabúhay ang Pananampalataya.** Dahil sa ang tumatanggap ng katekesis ay aktibong nakikisangkot sa proseso ng katekesis na siya namang nagpapasaya sa kaniyang pananampalataya, at dahil sa talab ng katuruan ng Simbahan sa kanilang búhay, nagkakaroon ng masidhing motibasyon sa kanilang kalooban na tumugon sa hámon na isabúhay ang pananampalataya sa kanilang búhay (Mambwe, 2019).



Sa kabila ng paglalahad ng saysay ng *Learner-Centered Approach (LCA)*, paano nga ba natin magagamit ang *framework* na ito sa ating katekesis? Paano ba tayo magiging malilikhaing katekista gamit ang *LCA* sa ating katekesis? Sa pamamagitan ng paggamit ng *LCA*, mabibigyan natin bilang mga katekista ng malikhaing paggamit ang panayam bilang pedagohiya ng ating katekesis. Ang sumusunod ay mga halimbawang gawain kung paano magagamit ang *LCA* sa ating pagtuturo.

## Paksa: Ang Pananampalataya sa Panginoon

1. Babasahin ng katekista at ng mga mag-aaral ang Ebanghelyo tungkol sa "Pananampalataya ni Pedro" (Lucas 16:13-20)

2. Pagkatapos basahin at unawain ang teksto, magbibigay tayo bilang mga katekista ng mga gawaing nakaayon sa Ebanghelyong binása at sa paksang pangkatekesis na tatalakayin. Ang mga tugon ng mga tumatanggap ng katekesis ay sumasalamin sa kanilang pagkilala kay Hesus sa kanilang búhay. Sa mga tugon na ito iikot ang diskurso ng katekesis na nakaayon sa paksa.

3. Matapos ang gawain ay magbibigay tayo ng mga gabay na tanong tungkol sa kanilang karanasan sa búhay na naramdaman at nakilala nila si Hesus. Ang lahat ay pupuwesto nang pabilog at ang bawat isa ay magbabahagi ng kanilang gawain at sasagot sa inihandang katanungan:

    a. Sino si Hesus para sa iyo?
    b. Sa iyong gawain paano mo ilalarawan ang pagkilala mo sa Panginoon?
    c. Sa paanong paraan mo nakilala si Hesus sa iyong búhay?

d. Maitutulad mo ba ang sarili mo kay **San Pedro Calungsod** na inihayag ang kaniyang pananampalataya kay Hesus sa kabila ng mga pagsubok sa búhay?
e. Sa paanong paraan mo maipakikita ang pananampalataya mo kay Hesus?

4. Wakasan natin ang katekesis sa pamamagitan ng isang panalangin na pangungunahan ng mga tumatanggap ng katekesis o di naman kaya, sa isang awitin na angkop sa paksang ating tinalakay.

## Panalanging Kateketikal

*Panginoong Mapagmahal,*

*Tulad ni **San Pedro Calungsod**,*

*Patron naming mga katekista,*

*Turuan Mo po kaming maging*

*Mabuting guro ng katekesis na*

*Ang Sentro ay ang aming*


*Mga tinuturuan,*

*Silang mga kapuwa manlalakbay*

*Sa pananampalataya.*

*Amen.*

*- Clarence M. Batan, NCS 2021: PARI Project*



# Mga Sanggunian


Baeten, G., Listerborn, C., Persdotter, M., & Pull, E. (2020). *Housing displacement: Conceptual and methodological issue*: Routledge.

Kumar, A., & Teotia, A. K. (2017). Constructivism: A Learner Centered Approach that Improves Students' Academic Performance and Achievement in Social Science at Upper Primary Level. *International Journal of Management and Applied Science.*

Mambwe, R. (2019). Social Studies Student Teachers' Views on the Implementation of Learner-Centered Approach in Zambian Primary Schools. *Journal of Research and Innovation in Social Science.*

Mohammed, S. H., & Kinyo, L. (2020). The Role of Constructivism in the Enhancement of Social Studies Education. *Journal of Critical Reviews.*

Nelson, S., Beaudoin, M., & Maro, R. (2013). Five Core Methodologies for Catechesis. *New Theology Review.*

Owens, T. J., Stryker, S., & Goodman, N. (2006). *Extending self-esteem theory and research: Sociological and psychological currents:* Cambridge University Press.

Pasion, R. (2019). The efficacy of strategic intervention materials (SIMS) in teaching social studies among third year high school students. *SMCC Higher Education Research Journal.*

Semerci, N., & Semerci, C. (2017). The effect of teacher candidates' critical literacy levels on their media literacy levels. *Universal Journal of Educational Research.*




## Kabanata 6


# Kuwentúhan



*Leonardo O. Quimson, Jr.*

## Mga Kuwento at Karanasan ng Isang Katekista

### *Kuwentong Katekista*



Ako si Leo, isang guro at katekista mula sa *Unibersidad ng Santo Tomas (UST)* at Arkidiyosesis ng Maynila. Ano nga ba ang aking kuwento bilang katekista? Naaalala ko, noong ako'y nasa elementarya pa sa *Paco Catholic School*, ako ay inanyayahan upang maging katekista ng mga madreng sina Sister Christine Tan, RGS, at Sister Vincent Borromeo, RGS na mga nagtatag ng Alay-Kapuwa Kristiyanong Komunidad. Tanda ko pa ang sinabi ni Sister Vincent sa akin, "Nonoy, bata ka pa pero kapag ikaw ang magsalita at magkuwento ay parang matanda na at maraming karanasan. Magtuturo ka sa kapuwa mo mga bata at ikukuwento mo sa kanila ang búhay ni Hesus." Dito ko nadiskubre ang aking bokasyon.

Habang naglalakad patungo sa ilalim ng tulay ng Quirino Avenue bitbit ang aking mga gamit sa pagtuturo at mga báong "biskwit" para sa mga bata, naantig ako sa sinabi ng isang bata na naghihintay sa akin: "Ayan na si Kuya Nonoy, titser natin tungkol sa Diyos". Isa lamang ito sa mga hindi ko malilimutang karanasan kung bakit ako naging katekista. Salamat sa aking mga gurong-katekista mula sa *Paco Catholic School, UST,* at *De La Salle University*


*(DLSU)*. Sa kanilang mga kuwento at karanasan, nakilala ko si Hesus at sinimulang mahalin ang Kaniyang mga aral. Tunay ngang dakila ang maging katekista. Para sa akin, hindi lamang sila pangkaraniwang mga guro kundi mga saksi at tagapagpatotoo sa kanilang pananampalatayang natanggap.

Hindi ko malilimutan ang masasayang pagtuturo at pagkukuwento ng karanasan ng aking mga gurong katekista. Aliw na aliw ako sa tuwing sila ay nagtuturo nang hindi lamang nasa aklat. Kapag sila ay nagbahagi na ng karanasan at mga kuwento, natututuhan ko at nakikita na tunay ngang **Buháy ang Diyos** sa kanilang mga karanasan at patotoo. Kaya sa tuwing nagtuturo ako sa mga mag-aaral, lagi akong nagkukuwento at nagbabahagi dahil ito ang pinakamabisang paraan upang tumimo sa ating puso at isipan na si Hesus ay buháy at bahagi ng ating búhay.

## Kuwentúhan at Katekesis
### *Kuwentong Pedagohiya*



Ang "kuwentúhan" ay pagbabahagi ng mga karanasan at pangyayari sa búhay at nagsisilbing "tulay" upang maiugnay ang *Salita ng Diyos* sa ating pang-araw araw na búhay. Sa pamamagitan ng kuwento, hindi nagiging iba ang Ebanghelyo at mga turo ng Simbahan sa ating mga karanasan at pamumuhay at maging sa búhay ng ating mga mag-aaral. Ayon sa turo ng Simbahan, "ang karanasan ng tao ay mahalaga sa katekesis…. sapagkat ito'y hindi lamang isang daan upang maipahayag ang *Salita ng Diyos* kundi isa ring puwang upang mangusap sa atin ang Diyos… Kumikilos ang Diyos sa bawat karanasan sa kasaysayan at sa pamamagitan nito, tinutularan ng mga katekista si Hesus sa pagiging bukás sa Kaniyang presensiya… Sa pagsunod



sa mga gawa ni Hesus, nakatutulong ang katekesis na maipaliwanag ang mga karanasan ng búhay na naaayon sa *Mabuting Balita*" (Directory for Catechesis, 2020, 197, 199).

Kadalasang ginagamit sa katekesis ang pagkukuwento dahil sa pamamaraang ito o estilo sa pagtuturo, ang katekista mismo ang siyang nagbabahagi ng kaniyang mga patotoo mula sa kaniyang mga naranasan sa pakikipag-ugnayan sa Panginoong Diyos. Ang kuwento ay mahahalintulad sa isang "pampaalsa" ng tinapay at maaari ring maging "pampalasa" sa pagkain upang mas malasap ng mga mag-aaral ang turo ni Kristo. Sa pamamagitan nito, nagiging kasiya-siya ang pag-aaral ng katekismo at nakikita ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng Diyos sa kanilang búhay; ang Diyos na nagkatawang-tao ay tunay ngang nananahan sa atin" (Juan 1:14). Si Hesus na anak ng Diyos ay piniling "maging alipin; at nang ipinanganak ay naging tao na nagpakumbaba hanggang sa Kaniyang kamatayan sa krus" (Filipos 2:7-8).

Ang pagbabahagi ng kuwento at karanasan ay makikita din nating ginagamit ng Panginoong Hesus sa Kaniyang pagpapahayag ng Kaharian ng Diyos, lalong-lalo na sa Kaniyang mga "parabula". Ayon kina Esma at Pazcoguin (2008), ginagamit ni Hesus ang kuwento sa Kaniyang ministeryo ng pagpapalaganap ng *Mabuting Balita* upang tumatak at manatili sa isip at puso ng mga nakikinig sa *Salita ng Diyos* (p. 196).

Ayon kay Dr. Ismael Maningas (2003), isa sa pinakamahahalagang layunin ng katekesis ay maipahatid o maiparating ang nilalaman ng *Mabuting Balita*, si Hesus, na Siyang mahalaga sa búhay ng tao" (p. 75). Tunay ngang mahalaga ang pagbabahagi ng karanasan o kuwentúhan sa katekesis sapagkat nagsisilbi itong "puwang upang

makapagsalita ang Diyos sa Kaniyang bayan. Sa Kaniyang pagpapahayag ng paghahari ng Diyos, nakakadaop-palad ni Hesus ang mga tao sa tulong ng kanilang mga kongkretong karanasan o sitwasyon sa búhay" (Directory for Catechesis, 2020, #197-198).

Sinabi rin ni Arsobispo Leonardo Legaspi, OP (2007) na sa nakalipas na mahabang panahon ay may malaking panawagan na magkaroon ng ekspiryensiyal at kontekstuwalisadong katekesis at ito nawa ay maging priyoridad sa panahong ito ng mga katekista at mga tagapagturo ng pananampalataya sa mga Katolikong paaralan. Nawa'y muli itong makita bilang mahalagang paraan ng pagtuturo ng pananampalataya dahil nagiging hiwalay na ang doktrina sa karanasan ng tao (p. 70).



Samakatuwid, mahalaga ang metodolohiyang "kuwentúhan" at pagbabahagi ng karanasan sa katekesis lalo na sa mga panahong ito na ang kabataan ay tunay na nauuhaw sa presensiya ng Diyos. Naghahanap sila ng patotoo tungkol sa Panginoon at sa pananampalataya, sa isang karanasan kapiling ang Diyos sa kanilang búhay. Nararapat lamang na ang pag-aaral at paghuhubog ng pananampalataya ay parating nakaugnay sa pang-araw araw nating karanasan sa ating búhay. Sa pagtuturo ng búhay ni Kristo, nararapat lamang na gumamit ng mga **simbolo** at **kuwentong** nagbibigay-inspirasyon, mahalaga at may saysay sa isip at puso ng bawat nakatatanggap ng katekesis (Legaspi, 2007, p.70, 78).

Ang paggamit ng kuwento sa pagtuturo ng pananampalataya ay kasintanda na ng *Banal na Kasulatan* at Tradisyon ng Simbahan. Ang *Lumang Tipan* ng *Bibliya* ay talaan ng mga kuwento at karanasan ng mga tao sa kanilang nakitang pakikipag-ugnayan ng Diyos at pagpapahayag ng Kaniyang katapatan sa Kaniyang Bayang hinirang. Sa *Bagong Tipan*, makikita natin na

maging ang Panginoong Hesukristo ay gumamit ng mga kuwento upang ipaliwanag ang paghahari ng Diyos sa búhay ng bawat mananampalataya. Isang hámon sa mga katekista na maging malikhain sa paggamit nito "upang pumukaw ng loob ng mga mag-aaral tungo sa pagkatuto ukol sa Diyos at magningas ang kanilang kagustuhan na lalong makilala at maranasan ang Diyos sa kanilang búhay; na mapalalim pa ang kanilang relasyon kay Hesus" (Nelson et. al., 2010, p. 70).

## Ang mga Kuwento at Karanasan ni San Antonio de Padua

### *Kuwentong Kabanalan*

Isa sa pinakamamahal na banal ng ating Sumbahan ay si **San Antonio de Padua**. Marahil, kilala natin siya na isa sa mga mahimalang santo dahil siya ang "Patron ng mga Nawawalang Bagay" at isa rin siyang "Pantas ng Simbahan" dahil sa kaniyang mga di-matatawarang aral at ambag sa pananampalataya at Simbahan. Tunay ngang marami ang lumalapit sa kaniya at tumatawag sa kaniyang pangalan upang hingin ang kaniyang panalangin sa tuwing may nawawalang bagay (at kung minsan, pati sa mga nawawala tulad natin na hindi na alam paano magpapatuloy sa búhay).




Mapalad kaming mag-asawa dahil sa kaniyang tulong at panalangin at sa grasya ng Diyos, kami'y nakarating sa kaniyang dambana sa Padova, Italya. Isa itong malaking biyaya na hanggang ngayon ay hindi namin lubos-akalaing mangyayari. Salamat sa Diyos! Nakita namin kung saan nakalibing si **San Antonio** at ang mahimala niyang "dila at lalamunan" *(tongue and throat)* dahil sa hindi ito nabubulok magpahanggang ngayon.


Noong una ay hindi ko maisip kung paano ito mangyayari ngunit marami ang nagpatotoo (at kasama na ako rito) na kaya hindi nabubulok ang kaniyang dila at lalamunan at isa na itong "relikya" ay dahil sa kaniyang búhay ng pagpapahayag at pagkukuwento ng pananampalataya kay Hesus at pawang mabubuting bagay lamang ang namumutawi sa kaniyang mga labi.

Ano nga ba ang kuwento ni **San Antonio** at bakit siya banal?

Mabuting guro si **San Antonio**. Sumáma siya sa mga paring Pransiskano at naglingkod. Sa hindi inaaasahang pangyayari, may plano ang Diyos para kay **San Antonio**. Sa kaniya sanang paglalayag patungong Morocco, dinala siya ng Diyos sa Sicily upang dumalo sa malaking pagpupulong ng mga Pransiskano at Dominiko. Hindi nagsalita, nanatiling tahimik at nakinig lamang si **San Antonio**. Ngunit parating nasa isip at puso niya ang aral ni San Francisco ng Assisi na "mahalaga ang pagpapahayag ng *Mabuting Balita* at pagmamahal ni Hesus sa lahat ng tao, lalong-lalo na sa mahihirap".

Sa pagpupulong ng mga paring Pransiskano at Dominiko, maraming magagaling sa pagsasalita at pagpapahayag. Ngunit wala ni isa man sa kanila ang handa noong araw na iyon. Walang nais na tumugon upang magturo at magpahayag sa lahat ng mga nilapitang magagaling na pari. Hanggang sa tinawag nila si **San Antonio**. Dahan-dahang tumayo si **San Antonio** sa kaniyang kinauupuan at nagsimulang magsalita at mangaral.

Marami sa kaniyang mga kasama ang nawili sa pakikinig sa kaniya. May kakaiba sa kaniyang pangangaral at pagkukuwento. Hindi siya gumamit ng mga salitang mahirap unawain. At kitang-kita sa kaniyang mga salita at gawa ang kabanalan at pagmamahal ng



Diyos. Isa siya sa pinakamagagaling na tagapagpahayag ng *Mabuting Balita*!




Narinig ng maraming tao mula sa mga kuwento at karanasan ni **San Antonio** kung bakit mahalagang mamuhay ayon sa kalooban ng Diyos at kung paano nananahan ang Diyos sa pang-araw araw na pamumuhay. Bunga nito, maraming tao ang napukaw at nagbagong-búhay tungo sa Diyos. Marami ang nagbalik-loob kay Kristo Hesus. Tunay ring puspos ng biyaya ng Banal na Espiritu si **San Antonio** dahil sa buong búhay niya, hindi siya napagod sa pagpapahayag at pagkukuwento ng tungkol sa pananampalataya (katatagan). Ito'y bunga ng kaniyang malapít na ugnayan sa Panginoon (kabanalan) at pagpapakumbaba na lahat ng kaniya ay galing sa Panginoong Diyos (karunungan at kaalaman).

## Kuwento't Karanasan sa Katekesis (KKK)
### *Malikhaing Katekesis*

Paano natin gagamitin ang "kuwentúhan" bilang paraan ng pagtuturo ng katekesis? Narito ang isang halimbawa:

### Aralin

Sakramento ng Kumpisal o Pagbabalik-Loob



**Panuto:**

1. Babasahin ng katekista at ng mga mag-aaral ang Ebanghelyo tungkol sa "Alibughang Anak" (Lucas 15:11-32).

2. Pagkatapos basahin at unawain ang teksto, magbibigay ang katekista ng mga gabay na tanong para sa pagninilay at pagbabahagi. Maaaring hatiin ng katekista ang klase sa maliliit na grupo depende sa dami ng mga mag-aaral.

    a. Ano ang ginawa ng nakababatang anak sa kaniyang Ama?

    b. Ano ang nangyari sa nakababatang anak matapos niyang lisanin ang kaniyang Ama?

    c. Ano ang ginawa ng Ama matapos magbalik ang kaniyang nakababata at nawawalang anak? Mayroon ka bang karanasan sa iyong búhay na naging katulad ka ng nakababatang anak sa talinghaga na nagkasala sa Diyos at matapos mapagtanto ang nagawa ay nagdesisyong magbalik-loob? Ibahagi ang iyong karanasan sa klase.

Sa pamamagitan ng kuwentúhan at pagbabahaginan, maitutulay ng katekista ang sitwasyon ng búhay at karanasan sa nilalaman ng katekesis - ang pagmamahal at pagpapatawad ng Diyos na lubos na mararanasan sa pamamagitan ng Sakramento ng Kumpisal. Nawa sa pamamagitan din ng kuwentúhan ay mahikayat ang mga mag-aaral na tumanggap ng Banal na Sakramento ng Pagbabalik-loob. Tulad ng ama sa talinghaga, Ang Panginoong Diyos ay mapagmahal at mapagpatawad sa ating lahat na Kaniyang mga alibughang anak.

# Panalanging Kateketikal

*Makapangyarihang Diyos ng kasaysayan,*

*Buksan Mo po ang aming mga mata,*

*Ipadama sa aming mga puso, at*

*Akayin ang aming mga kamay tungo*

*Sa tunay na kahulugan ng búhay na*

*Magkukuwento ng Iyong saysay.*

*Tulad ng biyaya ng kabanalan ni*

***San Antonio de Padua**,*

*Matuklasan nawa namin ang kuwento ng*


*Aming pananampalataya*

*Sa pamamagitan ng mga*

*Katekistang malikhaing nagtuturo ng*

*Malikhaing katekesis.*

*Amen.*



*- Clarence M. Batan, NCS 2021: PARI Project*

# Mga Sanggunian



Esma, V., & Pazcoguin, R. (2008). *Salva Vida: Salvation History and Study for College.* Manila: UST Publishing House.

Legaspi, L. (2007). *Passion for Catechesis: A Collection of Catechetical Talks and Articles*. Manila: UST Publishing House.

Maningas, O. (2003). *Contemporary Approaches in Religious Education:* St. Pauls.

Nelson, S., Beaudoin, M., & Maro, R. (2013). Five Core Methodologies for Catechesis. *New Theology Review.*

Pontifical Council for the Promotion of the New Evangelization. (2020). *Directory for Catechesis.* Word and Life Publications.



## Kabanata 7

# Tula




**_Joan Christi Trocio-Bagaipo_**

## Tula ng Aking Búhay-Katekista
***Kuwentong Katekista***

*Sa Catechetical Center sila unang nagkita*
*Nagtagpo ang súkat at tugma ng kanilang pag-iibigan*
*Matapos ang isang taong sumpaan sa harap ng Simbahan*
*Pinanganak ang batang sa sinapupunan pa lamang ay*
*katekista na.*

Gusto kong paniwalaan na kinalakhan ko na ang mundo ng mga katekista. Lumaki ako sa isang relihiyosong pamilya. Ang Tatay ko ay dating seminaristang *Passionist* at mayroon siyang *Bible Study on the Air Program* sa lokal na estasyon ng radyo sa aming bayan noong nabubúhay pa siya. Ang Nanay ko naman ay nagtapos sa *Mother of Life Catechetical Center*. Panganay ako sa lima. Naalala kong sa tuwing kami'y magdarasal ng rosaryo, tig-iisa kaming magkakapatid sa pangunguna sa mga misteryo.




Bata pa lamang ako ay lagi na akong kasama sa *Flores de Mayo*. Tuwang-tuwa ako kapag napipiling mamuno sa dasal, o kaya ay anghel sa prusisyon sa pagtatapos ng

Mayo. Mahuhusay ang mga katekista namin noon, mga apat na dekada na ang nakakaraan. Magaling silang magkuwento, may gamit pang mga *picture chart*.

Marahil, dahil sa Tatay at Nanay ko at mga karanasan ko sa *Flores de Mayo* kaya noong ako ay nasa *grade six* na at naghanap ng mga *volunteer* para magturo ng *catechism classes* sa katabi naming pampublikong paaralan, numero uno ang pangalan ko sa listahan.

Nagtuloy-tuloy ang pagbo-volunteer ko hanggang sa mag-*high school*. Subalit bilang isang tipikal na *teenager*, ang gusto ko ay *adventure*. Nag-iba ang motibasyon ko sa pagiging *Volunteer Catechist (VolCat)*. Naalala ko na kaya masigasig akong magturo noon, kasi iniiwasan ko ang *Math* at *Science* na kadalasan ay natatapat tuwing pagkatapos ng *recess*. *Recess time* ang oras ng pagpunta naming mga *VolCat* sa *public school* para magturo ng kalahating oras. Mga isang kilometrong lakad din ang pagitan ng aming eskuwelahan sa eskuwelahang pinagturuan ko kaya pagbalik ay tapos na ang *Math* o *Science*. Marahil ay iyon ang unang nag-udyok sa akin na mag-*volunteer* bilang *student-catechist*. Pero malinaw na malinaw pa sa alaala ko ang ngiti ng mga batang naghintay sa akin sa pinto ng kanilang silid, at kung paanong masigla silang lumahok sa bawat panalangin at sayaw-awit na itinuro ko. Lahat ng itinuro kong iyon ay natutuhan ko rin sa mga katekistang nagturo sa akin. Noong ako ay nagtapos na ng *high school*, wala akong natanggap na kahit anong *academic award* kundi *leadership* at *Catechist of the Year.*



Siguro, iyon ang dahilan kung bakit sa dinami-rami naming nagtapos ay sa akin inialok ng mga madre ang *scholarship* na mag-aral ng *Religious Education* sa


*Siena College, Quezon City*. At matapos nga ang apat na taon mula noon, nagtapos ako sa *Mother Francisca Catechetical and Missionary Formation Institute*. Mula noon hanggang ngayon, ang trabaho ko ay nakakabit na sa pagiging isang katekista.

Kung babalikan ko ang mga naging karanasan ko sa loob ng *catechism classes* na nadaluhan ko at sa loob ng *catechism classes* na ako mismo ang katekista, maaaring masasabi kong ang pinakapaborito ko ay ang pagbabasá ng mga kuwentong may súkat at tugma, ang pagtula. Gustong-gusto kong ituro ang mga awit, ang mga salmo. Kinikilig ako sa bawat wikang nagtutugma sa dulo. Lumalakas ang imahinasyon ko sa mga larawang-diwa.

Sa mga naging karanasan ko, maaring di man sakto sa mga súkat ng pamantayan ng mga tamang intensiyon sa pagboluntaryo, nagtugma-tugma naman ang mga naging daan upang ako'y makarating sa kalagayan ko ngayon na humaharap sa tao sa loob at labas ng apat na sulok ng paaralan -

*Ang mga magulang ko,*
*Ang mga naging katekista ko noon,*
*Ang mga naturuan kong mag-aaral,*
*Ang Catechetical Center na sa akin ay humubog,*
*Ang aking mga kapuwa-katekista.*

Sila ang mga pantig at saknong, na wala mang saktong súkat at tugma, ay bumuo sa tula ng aking búhay-katekista.



# Ang Kapangyarihan ng Tula
## *Kuwentong Pedagohiya*

Makapangyarihan ang tula. Naghahatid ito ng mga kongkretong karanasan ng pagmamasid, pakikinig, pag-amoy, panlasa at pagdama sa ating imahinasyon at kamalayan.

Sa pamamagitan ng tula, nagiging buháy at lapát sa karanasan ang pag-unawa natin sa mga turo ng ating pananampalataya. Ang pananampalatayang Katoliko ay naipahahayag sa pamamagitan ng mga tula. Halimbawa, ang mga salmo, awit, at panalangin sa *Banal na Bibliya* ay nasa anyong patula. Maging ang kuwento ng paglikha at ang ilang mensahe ni Hesus sa apat na Ebanghelyo sa *Bagong Tipan* ay nasusulat sa anyong patula.

Nang magkatawang-tao ang Diyos, nakikita Siya, naririnig Siya, nahahawakan Siya, nararamdaman Siya. Ang hiwaga ng Kaniyang pagiging Diyos ay mas naaabot ng payak nating pang-unawa. Ganoon din ang ginagawa ng tula sa ating katekismo. Ginagawang lapát at ábot-diwa, at binibigyang-anyo ng mga talinghaga at metapora ng tula ang mga abstrak na konsepto ng ating pananampalaya.

Nagiging mas malikhain ang paghahatid ng mga mensaheng itinuturo ng ating pananampalataya kung gagamitan ng malilikhaing pamamaraan tulad ng tula. Alinsunod sa mga datos ng *NCS 2021: PARI Project*, "mukhang matagal nang naghihintay ang mga katekista na magkaroon sila ng mga bagong *catechetical material* at *module* para mas epektibo nilang harapin ang hámon ng katekesis at *new envangelization*" (Batan, 2020).


Sabi nga ni Rica Palis na isa sa mga panauhin ng *Kuwentong Katekista 9* noong Agosto 2, 2021, ang tula ay isa sa mga paraan upang ang pagsasagawa ng katekesis ay maging mas kapana-panabik, mapanghikayat, at mapanlahok. Maging ang direktor ng nabuong

malilikhaing materyal natin sa *Kuwentong Katekista* na si Edward Perez ("Kuwentong Katekista 9", 2021) ay binigyang-diin na ang mga larawang-diwa na dala ng mga tula ay magbibigay sa mga makakapakinig nito ng mas malalim na pag-unawa sa isang konsepto sapagkat nagkakaroon ng proseso ng pag-aangkin at pagtatawid ng mensahe ng mga ituturo sa paraang malikhain.

Maging sa teolohiya na siyang agham ng pag-aaral tungkol sa Diyos, kinakailangan ang pagiging malikhain. Ayon kay San Anselm, ang teolohiya ay "*fides quaerens intellectum" (faith seeking understanding)* (Williams, 2020). Kung susubukan natin itong isalin sa kamalayang Pilipino, maari nating sabihin na ang teolohiya ay ang pananampalatayang naghahanap nang mas malalim na pag-unawa. Ang mga tula ang kailangan ng teolohiya upang ang mga paliwanag nito ay hindi maging mekanikal na lamang na pag-aaral tungkol sa Diyos (Thelen 2014). Ang mga tula ang magbibigay-búhay sa mga turo ng pananampalataya.

Alam niyo ba na maging si Santo Tomas de Aquino na kilaláng mahusay na teologo at dakilang pilosopo ay sumulat din ng mga tula? Isinalin niya sa mga tula ang kaniyang pamimilosopiya. Halimbawa na lamang ang *Tantum Ergo* na ginagamit tuwing *benediction* ay mula sa mga tulang pang-Eukaristiya.

Ang paggamit ng tula ay isang malikhaing paraan upang maipaabot natin ang mensahe ng Ebanghelyo sa gitna ng mapanghamong mundo. Wika nga ni Pope Francis sa *Cando Lucis Aeternae* (2021), gabay natin ang Dakilang Makata upang maging mahinahon at matatag tayo sa paglalakbay sa búhay at sa ating pananampalataya kung saan lahat tayo ay tinatawag, hanggang matagpuan ng mga puso natin ang tunay na kapayapaan at kaligayahan hanggang marating natin ang rurok ng ating pagkatao: Ang pag-ibig na siyang nagpapagalaw sa araw at sa iba pang mga bituin.



# Si Karol Wojtyla, ang Makatang Katekista

***Kuwentong Kabanalan***



Bata pa lamang si **Karol Wojtyla**, o mas kilála natin sa tawag na **Papa San Juan Pablo II**, ay mahilig na siyang sumulat ng mga tula – mula noong mag-aaral siya hanggang sa siya'y maging pari, obispo at misyonero, ang kaniyang mga tula ay sumalamin sa kabutihan ng Diyos na naranasan niya sa kaniyang búhay. Noong naging Santo Papa siya, mas nabigyan ng malawakang pagkilala ang kaniyang mga tula. Pinagsama-sama ang mga ito at ginawang isang libro na may pamagat na *The Place Within: The Poetry of John Paul II* (1995).

Madalas gumamit ang Santo Papa ng mga tula upang magturo ng katekismo. Halimbawa ay ang katekismo tungkol sa anghel. Mayroon itong anim na linya at bawat linya ay ipinaliwanag niya araw-araw sa loob ng kaniyang talumpati sa tuwing humarap siya sa mga tao sa tinatawag na "*general audience with the Pope*" noong Hulyo 9-20, 1986.

Narito ang katekismo ni **Papa San Juan Pablo II** tungkol sa mga anghel sa wikang Ingles:

*Creator of all things*  
*Angels in the history of salvation*  
*Creator of the angels who are free beings*  
*The fall of the rebellious angels*  
*Creator of things unseen, the angels*  
*Christ's victory conquers evil.*

Ipinakita ni **Papa San Juan Pablo II** ang kapangyarihan ng mga tula sa pagpapalalim ng mga turo ng ating pananampalataya.

# Ang Tula sa Katekesis
## *Malikhaing Katekesis*

Paano ituturo ang panalanging itinuro sa atin ni Hesus gámit ang tula bilang pedagohiya?

| | |
|---|---|
| **Paksa** | Ama Namin |
| **Pangunahing Layunin** | Maipaliwanag ang katekesis ng panalanging *Ama Namin* sa bawat taludtod nito. |
| **Bunga ng Aralin** | Makagawa ng sariling panalangin gamit ang tula. |

Tulad ng paraan ni **Papa San Juan Pablo II**, maaari nating ituro ang *Ama Namin* sa pamamagitan ng pagpapaliwanag ng bawat taludtod. Pagkatapos itong maituro, ipaliwanag natin na maaari din tayong gumawa ng sariling panalangin na may ilang taludtod sa isang saknong tulad ng sa *Ama Namin*.

Hindi kailangang laging may tugma at sakto ang mga súkat ng mga taludtod sa isang saknong. Maaari ring bukas ang pagdaloy ng mga ideyá gamit ang mga piling salita *(free verse)*. Subukan nating lumikha ng tula sa pagbuo ng panalangin.

## Mga Panuto

1. Mag-isip ng tema ng isang simpleng dasal. Maaaring ito ay dasal ng pasasalamat o papuri o paghingi ng tawad.
2. Kapag nabuo na sa isip mo ang larawang-diwa ng tema ng panalangin, maaari mo nang simulan isulat ang isang tula.
3. Maaaring gawing laro ang pagbubuo. Pagtutulungan ng mga mag-aaral ang pagbubuo.

## Panalanging Kateketikal

*O Dakilang Makata ng Búhay, biyayaan Mo po kaming*
*Mga katekistang-lingkod ng malikhaing talento at*
*Sining ng kasanayan upang ang Iyong mga aral,*
*Tulad ng mga matalinhagang tula ay maibahagi sa*
*Simbahang mahal na lubos na pinaglingkuran ni*
***Papa San Juan Pablo II** na may ngiti sa labi at*
*Pusong nagpupuri sa Iyong kadakilaan. Amen.*

*- Clarence M. Batan, NCS 2021: PARI Project*

## Mga Sanggunian


Batan, Clarence. (2020). *Katekista: Mga Tulang Pananaliksik hango sa National Catechetical Study.* Catholic Bishops' Conference of the Philippines (CBCP) – Episcopal Commission on Catechesis an Catholic Education (ECCCE), University of Santo Tomas (UST) Research Center for Social Sciences and Education (RCSSED). Manila.

National Catechetical Study 2021: PARI Project. (2021). *Kuwentong Katekista 9: Katekistang Malikhain*. Paper presented at the Kuwentong Katekista 9: Katekistang Malikhain, Zoom Meeting.

Pope Francis. (2021). *Cando Lucis Aeterna.*

Pope John Paul II. (1968). *Catechesis on the Angels.* Retrieved from https://www.ewtn.com/catholicism/library/catechesis-on-the-angels-7960

Pope John Paul II. (1995). *The Place Within: The Poetry of John Paul II*. Vatican.

Thelen, P. (2014). *What Catechesis is Missing: A Poetical Approach to Teaching the Faith: The Sower.*

Williams, T. (2020). *Saint Anselm.* In E. N. Zalta (Ed.), The Stanford Encyclopedia of Philosophy (Winter 2020 Edition). Retrieved from https://plato.stanford.edu/archives/win2020/entries/anselm/

## Kabanata 8



# Awit

*Tricia Mae V. Cruz*

## Musika ng Puso, Awit Para sa Iyo
***Kuwentong Katekista***



"Mahal ko ang pag-awit ngunit hindi ako mahal ng awítin." Marahil ay madalas natin itong marinig mula sa mga taong mahilig umawit ngunit hindi nabiyayaan nang mala-anghel na tinig. Masasabi kong isa ako sa mga taong iyon. Hindi man ako pinagpala na magkaroon ng magandang boses, patuloy ko pa ring tinutuklas ang hiwaga ng musika at awit sa aking bokasyon bilang isang katekista. Ako ay naniniwala na ang musika at awit ay hindi ekslusibo sa mga propesyonal na mang-aawit sapagkat ito ay para sa lahat. Kaya naman sa aking mga banghay-aralin sa relihiyon at pananampalataya, laging naroon ang paggamit ng musika o pag-awit.

Hayaan ninyong ibahagi ko sa inyo ang ilang natatanging karanasan ko sa paggamit ng musika at awit sa katekesis. Mula sa sariling obserbasyon gayundin mula sa ebalwasyon ng mga mag-aaral, ang mga aralín sa pananampalataya na ginamitan ng musika at awit bilang estratehiya ay higit na tumatak sa kanilang mga isip at puso kompara sa mga araling itinuro sa paraang purong *lecture* lamang.


Noong ako ay nagturo ng aralín tungkol sa katapatan ng Diyos sa mga Israelita, hinayaan ko ang mga bata na kantahin ang *"Faithfully"* ng bandang *The Journey* sa pamamagitan ng *karaoke*. Kahit ang ilan sa kanila ay hindi kabisado ang *lyrics* ng naturang kanta, ang lahat ay masigasig pa ring umawit dahil nababasa nila ang *lyrics* sa *white screen*. Nang dahil sa aktibidad na ito, nakuha ko ang atensiyon ng mga bata at aking napagtanto na maaari ring gamitin ang mga modernong awitin sa pagtuturo ng katekesis.

Noong ako naman ay nagturo sa mga bata sa una at ikalawang baitang, lalo kong pinalawak ang paggamit ng musika at awit. Ito ay sa kadahilanang ang maliliit na bata ay natural na mahilig sa musika. Isang halimbawa ay noong inihanda ko ang mga bata sa pagdalo ng Misa ng kanilang klase. Ang mga bata ay masayang umawit ng mga kanta sa liturhiya na madaling makabisa batay sa kanilang edad gaya ng "Aleluya" at "Ama Namin". Kumanta at sumayaw rin ang mga bata pagkatapos ng Misa. Sa aking palagay, ang kanilang pag-awit at pagsayaw sa Misa ay higit na nakatulong sa akin sa pagtuturo sa kanila ng kahalagahan ng Banal na Eukaristiya.



Ngayong ako ay nagtuturo sa *Senior High School*, lagi ko ring ginagamit ang musika sa pagganyak sa klase. Maraming pagkakataon na nagsisimula ang aming panalangin sa isang musika. Hinahayaan ko rin ang mga mag-aaral na ibahagi ang kanilang natutuhan sa klase at ang mga istorya ng kanilang pananampalataya gamit ang musika. Sa ganitong paraan ay hindi lamang nananatili sa pagsusulit ang mga leksiyon dahil naisasapuso nila ang mga aralín sa pananampalataya sa tulong ng musika. Nang dahil dito, marami sa kanila ang nahihikayat na magbahagi ng kanilang talento sa pag-awit at pagtugtog ng instrumento sa paglilingkod sa Diyos. Ilan lamang ito sa aking mga karanasan kung saan nagamit ko ang musika at awit sa katekesis. Bagamat hindi ako mismo ang

umaawit, ang mahalaga ay nadiskubre ng mga mag-aaral na posible palang mahalin ang Panginoon sa pamamagitan ng musika at awit.



## Ang Kahalagahan ng Awit at Musika sa Katekesis

***Kuwentong Pedagohiya***

Isa sa nakakamanghang biyaya ng Panginoon sa sangkatauhan ay ang musika. Makahulugan at makapangyarihan ang awit at musika. Mayroon itong malalim na epekto sa tao, mapa-pisikal, sikilohikal, o espirituwal, man.

Isa sa mga gámit ng musika ay ang abilidad nitong mapalalim ang mga kaakibat nitong salita. Sa *Bibliya*, makikita natin na ang musika ay paraan ng pagpapahiwatig ng damdamin. Halimbawa, ang *"Magnificat"* o Awit ng Papuri ni Maria ay naglalarawan ng kasiyahan:


"Dinarakila ng aking kaluluwa ang Panginoon at nagagalak ang aking espiritu sa Diyos na aking Tagapagligtas. Sapagkat nilingap niya ang kababaan ng kaniyang alipin. Sapagkat narito, mula ngayon ay tatawagin akong mapalad ng lahat ng maghahalihaliling-lahi" (Lucas 1: 46-48).

Ngunit bakit nga ba ipinahihiwatig natin ang damdámin sa pamamagitan ng musika at awit? Bakit hindi na lang gamit ang payak na salita? Marahil ay may mga pagkakataon na tila ba hindi sapat ang mga salita, at ang

musika at awit ang nagiging daluyan ng tunay nating nararamdaman. Bunsod ng kadahilanang ito, kinikilala ng marami ang espiritwalidad ng musika. Sabi nga ng dating Santo Papa Benedicto XVI sa kaniyang mensahe noong 2008 sa mga kinatawan ng *World of Culture*, "para sa panalanging nagmumula sa *Salita ng Diyos*, ang pagsasalita ay hindi sapat, kinakailangan din ang musika."

Tayo ay inutusan na papurihan ang Panginoon sa pamamagitan ng "mga salmo at mga himno at mga awit na ukol sa Espiritu, na nangag-aawitan at nangagpupuri sa (ating) mga puso sa Panginoon." (Efeso 5:19). Tunay nga na ang *Bibliya* ay punô ng musika, at ang Diyos ay natutuwa sa tuwing pinapupurihan natin Siya gamit ang kaniyang mga biyaya (Deuteronomio 31:19; Awit 33:2; 149:3). Kaya naman makabuluhan na hinahanap ng Diyos ang ating mga papuri na mula sa puso. Ito ang dahilan kung kaya "ang musikal na tradisyon ng Simbahan ay isang kayaman na hindi masusukat, maaring ito ay higit pa sa ibang uri ng sining. Ito ay sa kadahilan na ang kombinasyon ng salita at musika ay mahalagang bahagi nang taimtim na liturhiya" (Sacrosanctum Concilium, 112).

Ang musika rin ay nagpapayaman ng ating pag-unawa sa *Mabuting Balita*. Kaya naman ang musika at awit ay mabisang pamamaraan ng katekesis. Si San Pablo ay nagpatotoo rito noong kaniyang sinabi na ang kapangyahiran ng musika sa pagtuturo sa mga tao tungkol kay Hesus. Sabi niya, "Manahan nawang sagana sa inyo ang Salita ni Kristo; ayon sa buong karunungan, kayo'y mangagturuan at mangagpaalalahanan sa isa't isa sa pamamagitan ng mga salmo at ng mga himno at mga awit na ukol sa Espiritu, na magsiawit kayong may biyaya sa inyong puso sa Diyos" (Colosas 3:16). Tiyak na may koneksiyon ang ating kaalaman sa *Mabuting Balita* at ang ating pagsamba gamit ang musika at awit, "ngunit kung hindi natin nauunawaan ang mga aral ng *Bibliya*, hindi tayo makakakanta nang totoo mula sa ating mga puso" (Wiersbe, 2010, p. 31). Kaya naman bilang mga katekista,



ating pakatandaan na ang tunay na kapangyarihan ng musika sa katekesis ay nasa abilidad nitong ipahayag ang *Mabuting Balita* nang wasto at kaaya-aya. Datapuwat ang personal na pagkilala sa Diyos ang unang hakbang upang magamit ang musika nang maayos sa katekismo.

Ang misyon ng katekesis ay hindi lamang ang pagbibigay-kaalaman tungkol sa doktrina kundi ang paghubog sa buong katauhan ng tumatanggap ng katekesis (PCP II, 2004). Ang musika ay mahalaga sa katekismo "dahil tumitimo ito sa buong pagkatao. Nagsisimula ito sa emosyon hanggang sa ito ay makaapekto sa buong pagkatao" (Gangel, 2003). Ang Simbahan ay naniniwala sa konseptong ito kaya naman hinihikayat nito ang bawat Kristiyano na gumamit ng mga paraan na makakatulong sa pagbabahagi ng Ebanghelyo gaya ng "radyo, musika, awit gayundin ang mga bagong media tulad ng *CDs, DVDs*, at *Internet*" (Instrumentum Laboris, 26).

Natuklasan ng mga mananaliksik na ang pakikinig ng musika at pag-awit ay nagpapagana ng mga parte ng utak na nauugnay sa memorya (Fabiny, 2015). Kaya naman, "kapag ang mensahe ni Kristo ng pag-ibig, kapayapaan, katarungan, at kapatawaran ay inawit, maari itong tumatak sa memorya ng mga bata" (Bianco et al., 1999). At dahil ang mga bata ay may maikling atensiyon, makatutulong ang musika upang sila ay makapokus at makatanda ng impormasyon. "Ang pagkanta ng mga aral mula sa *Bibliya* ay nakadaragdag ng kakaibang dimensiyon sa proseso ng pakikinig at pagkatuto ng mga mensahe ng Diyos" (Middleton, 2014). Mas madali para sa mga mag-aaral na matandaan ang mensahe ng ating pananampalataya kung naaawit nila ang mga ito.

Ang paggamit ng musika sa katekismo ay hindi lamang isang praktikal na pedagohiya. Ito rin ay nagpapayaman ng ating pagmamahal sa panalangin, pagsamba, at liturhiya. Sabi nga ni San Agustin, "ang umaawit ay dalawang beses na nagdarasal." Idineklara ng Ikalawang Konsilyo Vaticano *(Vatican II)* na sa liturhiya ay nararamdaman ang presensiya ni Kristo sa apat na pamamaraan - sa pari, sa *Mabuting Balita*, sa alak at tinapay, at sa Sambayanan na "nagdarasal nang sama-sama at umaawit" (SC, 7). At dahil buháy ang presensiya ni Kristo sa Bayan ng Diyos na umaawit, hinabilin ni Papa San Pablo VI ang kahalagahan ng pagtuturo at pag-awit ng sagradong musika "sa mga seminaryo, kumbento, relihiyosong institusyon, at lahat ng mga Katolikong institusyon at paaralan" (SC, 115). Kapag ang mga mag-aaral ay natutong umawit sa Misa, maari silang lumaki na naglilingkod sa Simbahan.

Ang paggamit din ng musika sa katekesis ay sumasagot sa pangangailangan ng mga bata na makiisa kung saan nakahahanap sila ng kasiyahan sa pakikihalubilo at pagbabahagi (Honig, 1993, pp. 42-43). Ang pag-awit nang magkakasama sa klase ay nagpapalakas ng kanilang pakikipagkaibigan at pagbubuo ng komunidad. Ang simpleng pag-awit nang magkakasabay ng mga mag-aaral ay "lumalarawan sa pakikibahagi sa isang Katawan ni Kristo" (Middleton, 2014). Ang pag-awit ay nagpapalapít sa tao sa Diyos, gayundin sa tao at sa kaniyang kapuwa.



# Ang Mahiwagang Musika sa Puso ni Santa Cecilia

***Kuwento ng Kabanalan***



Si **Santa Cecilia** ay ang *Patron ng Musika*. Sa kaniyang maikling búhay, siya ay nagpakita ng kabanalan at pagsasakripisyo para sa Diyos. Halina't pagnilayan ang istorya ng katapatan ni **Santa Cecilia** na sinasalamin ng kaniyang mga awit para sa Panginoon.

Ayon sa mga nasusulat, si **Santa Cecilia** ay nagmula sa mayamang angkan (Catholic Online, 2021). Ipinangako niya at inihandog ang kaniyang kalinisan sa Panginoon kaya lamang, siya ay pinilit ipakasal sa isang di-Kristiyano na nagngangalang, Valeriano. Noong siya ay ikinasal, hindi niya narinig ang kanta sa seremonya dahil nakatuon ang kaniyang atensiyon sa musika ng kaniyang puso para kay Hesus.

Pagkatapos ng kanilang pag-iisang dibdib, sinabi ni **Cecilia** kay Valeriano:

"Valeriano, pinakamamahal kong kaibigan, kung isusumpa mong di sasabihin kanino man, may isang bagay akong ipagtatapat sa iyo."

Pumayag naman si Valeriano nang may pangamba at hapis sa puso.

"Sa akin," wika ni **Cecilia**, "ay may isang anghel na nagbabantay, at sa sandaling lapastangin mo ang aking kalinisan ay ipagtatanggol niya ako."

“**Cecilia**,” sambit naman ni Valeriano,

“Ipakita mo siya sa akin upang maniwala ako sa iyo.”

“Para makita mo siya,” ani **Cecilia**, “ay kailangang magpabinyag ka muna.”

Nagtungo si Valeriano kay Papa Urbano sa mga katakumba, isang daan sa ilalim ng lupa ng Roma, at doo’y nagpabinyag siya. Nang siya’y magbalik, nakita niyang nananalangin si **Cecilia** kasama ang isang anghel. Noon ay mahigpit na pinag-uusig ang mga Kristiyano dahil sa isang kautusan ng Emperador na nagbabawal sa Kristiyanismo. Si **Santa Cecilia**, si Valeriano, at si Tiburciong kapatid nito ay naging matapat na mga tagasunod ni Kristo at mga martir sa pananampalataya.

Dinakip si **Cecilia** at dinala sa pinunòng si Almachius na nagwika sa kaniya:

“Pumili ka sa dalawa: kamatayan o sambahin mo ang mga diyos ng Imperyo Romano. Ako lamang ang makapagbibigay sa iyo ng búhay o kamatayan.”

Sumagot si **Cecilia**: “Hindi totoo iyan! Kung makapagbibigay ka man ng kamatayan ay ‘di ka makapagbibigay ng búhay!”

Hinatulan si **Cecilia** na makulong sa isang silid na mainit at punô ng usok subalit walang nangyari sa kaniya kaya siya’y pinugutan ng ulo noong mga hulíng taon ng ikalawang siglo.

Siya ay itinuring na Patrona ng Musika at ng mga manunugtog dahil sa kaniyang mga pag-awit sa Panginoong Diyos.

Bilang mga katekista, nawa'y parangalan natin ang búhay ni **Santa Cecilia** sa pamamagitan ng paggamit ng musika sa pagtuturo ng *Mabuting Balita* nang sa gayon ay makatulong ang ating ministeryong kateketikal upang maitaas ang mga tinig ng ating mga tinuturuan sa Panginoon.

## Ang Ligaya ng Pasko Gamit ang Musika


### *Malikhaing Katekesis*

Maaari ba nating maituro ang kahalagahan ng Pasko gamit ang musika at awit?

Siyempre naman! Ang Pasko ay isa sa masasayang panahon sa ating búhay-Kristiyano kaya nararapat na ito ay maituro nang may buong galak. Ang musika at awit ay tiyak na makakatulong upang ating maibahagi ang tunay na diwa ng Pasko sa ating mga mag-aaral.

Ang sumusunod ay mga hakbang sa paggamit ng musika at awit sa pagtuturo ng "Pasko" sa mga batang may edad pitó hanggang sampu.

1. Iparinig at ipakita ang liriko ng isang kantang Pamasko sa mga bata.
2. Hayaang makiawit ang mga bata.
3. Maaaring turuan sila ng mga akmang aksiyon para sa kanta.
4. Pagkatapos ng kanta, tanungin ang mga bata, "Sino ang sentro ng Pasko?"



5. Maaaring bigyan ang mga bata ng puntos kung bakit si Hesus ang Sentro ng Pasko.

6. Hayaan magbahagi ang mga bata ng kanilang nais iregalo kay Hesus sa Pasko

7. Bilang pagtatapos, bigyan ng mga instrumentong pangmusika ang mga bata at anyayahang umawit nang sabay-sabay. Suhestiyon: "Pasko na Naman."

Ating tandaan na ipinagkaloob ng Diyos sa atin ang musika at awit. Ang Diyos ay nananahan sa bawat tao, sa lugar na pinagmumulan ng musika. Kaya naman sa tuwing tayo ay nagpapalaganap ng *Mabuting Balita* gamit ang musika at awit, ang Diyos ay sumasaatin, ang Emmanuel.

## Panalanging Kateketikal

*Makapangyarihang Awit ng sangkatauhan at*

*Musika nang walang hanggang Kabanalan,*

*Ipadala Mo po ang Iyong mga anghel na*

*Tumutugtog ng trumpetang*

*Nagpupuri at nagpapasalamat*

*Ang koro ng mga katekistang-lingkod na*

*Masayang umaawit ng mga turo at*

*Aral ng Iyong Simbahang mahal.*

*Na sa himig ng búhay ni* ***Santa Cecilia,***

*Umalingawngaw ang tamis ng Iyong mga himig*

*Sa bawat makarinig ng matamis na*

*Awit ng katekesis.*

*Amen.*

*- Clarence M. Batan, NCS 2021: PARI Project*

# Mga Sanggunian


Bianco, L., Dillon, I., & Gatt, M. (1999). *Music in Teaching Religion in Primary Schools.* Melita Theologica.

Catholic Bishops Conference of the Philippines. (2004). *Acts and Decrees of the 2nd Plenary Council of the Philippines (PCP II)*: Paulines Publishing House.

Catholic Online. (2021). The Life of St. Cecilia. Retrieved from https://www.catholic.org/saints/saint.php?saint_id=34

Fabiny, A. (2015). *Music can Boost Memory and Mood.* Harvard Health Publishing.

Gangel, K. O. (2003). *24 Ways to Improve Your Teaching*: Wipf & Stock Publishing.

Honig, A. S. (1993). The Power of Song. *Scholastic Pre K Today*, 7(4), 42-43.

Middleton, J. R. (2014). *Singing Lies in Church.* Creation to Eschaton. Retrieved from https://jrichardmiddleton.com/2014/11/02/singing-lies-in-church/

Pope Benedict XVI. (2008). *Address of Pope Benedict XVI: Meeting with Representatives from the World of Culture.* Retrieved from https://www.vatican.va/content/benedict-xvi/en/speeches/2008/september/documents/hf_ben-xvi_spe_20080912_parigi-cultura.html

Pope Paul VI. (1963). *Sacrosanctum Concilium (SC).* Retrieved from https://www.vatican.va/archive/hist_councils/ii_vatican_council/documents/vat-ii_const_19631204_sacrosanctum-concilium_en.html.

Synod of Bishops. (2012). *Instrumentum Laboris The New Evangelization for the Transmission of the Christian Faith.* Retrieved from http://www.vatican.va/roman_curia/synod/documents/rc_synod_doc_20120619_instrumentum-xiii_en.html

Wiersbe, W. (2010). *The Wiersbe Bible Study Series: Acts: Put Your Faith Where the Action Is.*




# Mga Larawang *Retablo* ng mga *Katekistang Banal*

**Konsepto ni** Clarence M. Batan
***Vector Art* ni** Jayson U. Dela Cruz

Ang mga larawan ng mga ***Katekistang Banal*** na ang búhay ay itinampok sa librong ito ay inihanay sa "retablo" upang magamit ng mga malikhaing katekista bilang gabay sa pagtuturo. Ang mga larawan ay kinakatawan ng bawat kabanata na ang sentro ay ang sumusunod:

a. Ang orihinal na intepretasyong *vector art* ng mga ***Katekistang Banal*** ni Jayson U. dela Cruz gamit ang matitingkad na kulay na sumisimbolo ng kanilang matagumpay na misyong kateketikal noong sila ay nabubúhay pa sa mundo. Dito mababanaag na ang kanilang mga mukha ay kulang ng paningin, pang-amoy, at panlasa. Tinatayang ang mga gagamit ng librong ito ang siyang mabibigay-liwanag, samyo at ngiti sa panibagong pagsasagawa ng mas epektibong katekesis ng Simbahang Katolika;

b. Pamagat ng bawat kabanata at ang partikular na pedagohiyang kinakatawan ng mga ***Katekistang Banal*** na naglalarawan sa regalong-taglay ng kanilang mga búhay bilang mga katekista;

c. Isang tampok na sipi *(quote)* mula sa bawat kabanata at pangalan ng mga may-akda na nagtatampok sa kaugnayan ng mga ***Katekistang Banal*** at pedagohiya.

Ang bahaging ito ay bunga ng biswal na pagsusuri *(visual analysis)* hango sa teksto at konteksto ng libro. Isa itong teknik na ang mga ideyá at datos ng pag-aaral ay sistematiko at malikhaing inihahanay bilang isang *poster* o *infographics* upang mas madaling maintindihan at mapahalagahan ang librong ito.

*- Clarence M. Batan*



*Servant of God* — **LAUREANA "KA LURING" FRANCO**

*Servant of God* — **ARSOBISPO TEOFILO CAMOMOT**


*Venerable* — **OBISPO ALFREDO MA. OBVIAR**

*Venerable* — **MADRE FRANCISCA DEL ESPIRITU SANTO DE FUENTES**

## MGA KISLAP NG KABANALAN
## *Malikhaing Ministeryong Kateketikal na Naghahatid ng Mabuting Balita Tungo sa Búhay na Banal*

"Halikayo't tumingin tayo sa kanilang mga mata upang makita natin ang nakita nilang kabutihan ng Diyos, ang kabutihan ng Diyos na ibinahagi nila sa mundo, ang kabutihan ng Diyos na nagdala sa kanila sa kabanalan."

*- Leonardo O. Quimson, Jr. at Joan Christi Trocio-Bagaipo*




## ANG SINAGTALÀ SA PUSO NI SANTO TOMAS DE AQUINO

***Gabay-Turo sa mga Katekistang Malikhain***

"**Santo Tomas de Aquino,** patnubayan Mo po kami ng iyong sinagtalàng mula sa malikhaing isip at pusong nagmamahal sa mga turo't aral ng ating Simbahang Katolika."

- *Clarence M. Batan* at *Keith Aaron T. Joven*




## LIWANAG

***Malikhaing Guro, Malikhaing Katekista***

"Kung ating iisiping mabuti, ang kadakilaan ni **San Lorenzo Ruiz** ay nakapaloob sa kaniyang di-matatawarang pagmamahal kay Kristo at sa Simbahang Katolika."

- *Renniel Jayson Jacinto Rosales* at *Jonathan James O. Cañete*




**MALIKHAING PAGTUTURO NG BÚHAY NI HESUS**
***Parabula***

"Bilang mga katekista, tulad ni **Santo Domingo de Guzman** ng tanging hangarin natin ay maihatid ang mga turo at aral ni Hesus sa paraang malikhain upang higit na maunawaan ng ating mga mag-aaral."

*- Arthur G. Octubre*




**PANALANGIN AT PEDAGOHIYA**
***Panalangin***

"Salamat sa pananalangin ni **Santa Monica** na patuloy na nakita ang pag-asa at tagumpay sa kabila ng tila mga kabiguan sa búhay!"

*- Maria Elena P. Octubre*




**SI SAN PEDRO CALUNGSOD**
**ISANG KATEKISTANG SAKSI NG PANANAMPALATAYA**
***Lecture***

"Si **San Pedro Calungsod** ay isang katekistang malikhain na naging tagapagpadaloy ng katekesis upang maunawaan ng mga tumatanggap ang saysay ng Diyos sa kanilang búhay."

*- Jonathan James O. Cañete*




**ANG KUWENTO AT KARANASAN NI SAN ANTONIO DE PADUA**
***Kuwentúhan***

"Narinig ng maraming tao mula sa mga kuwento at karanasan ni **San Antonio** kung bakit mahalagang mamuhay ayon sa kalooban ng Diyos at kung paano nananahan ang Diyos sa pang-araw araw na pamumuhay. "

*- Leonardo O. Quimson, Jr.*




**SI KAROL WOJTYLA, ANG MAKATANG KATEKISTA**
***Tula***

"Ipinakita ni **Papa San Juan Pablo II** ang kapangyarihan ng mga tula sa pagpapalalim ng mga turo ng ating pananampalataya."

*- Joan Christi Trocio-Bagaipo*




**ANG MAHIWAGANG MUSIKA SA PUSO NI SANTA CECILIA**
***Awit***

"Bilang mga katekista, nawa'y parangalan natin ang búhay ni **Santa Cecilia** sa pamamagitan ng paggamit ng musika sa pagtuturo ng *Mabuting Balita* nang sa gayon ay makatulong ang ating ministeryong kateketikal upang maitaas ang mga tinig ng ating mga tinuturuan sa Panginoon. "

*- Tricia Mae V. Cruz*




## ANG SAYAW AT INDAK NI SANTA TERESA NG AVILA
***Sayaw***

"Gusto ipakita ni **Santa Teresa ng Avila** ang kagalakan ng kaniyang kaligtasan sa pamamagitan ng sayaw na expresiyon ng pagmamahal kay Hesus."


*- Maria Corazon C. Sanin*




## SANTA TERESA NG BATANG HESUS: AKTOR AT MANUNULAT
***Teatro at Pelikula***

"Buong-pusong nilaan ng mabuting **Santa Teresa ng Batang Hesus** ang kaniyang panahon at kakayahan sa tuwing siya ay nagsusulat ng dula at gumaganap sa mga ito. "

*- Ser Allan G. Bodoraya*




**SANTA VERONICA, PATRONA NG MGA POTOGRAPO**
***Larawan at Retrato***

"Ang kahalagahan ng telang ipinunas ni **Santa Veronica** sa pagtuturo ng katekesis ay ang pagkakaroon nang malalim na ugnayan ng imahe at ng pananampalataya ng mga tao."

- *Renniel Jayson Jacinto Rosales*




**ANG KAPATID NI KIKO**
***Kalikásan***

"Ang paglalaan ng oras at pakikipamuhay sa kalikásan ang nagbigay-daan kay **San Francisco ng Assisi** upang matuklasan na ang araw, buwan, mga bituin, hangin, apoy, tubig, mga bulaklak, at iba pang nilalang ay kaniyang mga kapatid."

- *Christine C. Balmaceda*




## ANG TAHIMIK NA BÚHAY NI SAN BENITO
***Katahimikan***

"Tama si **San Benito**.
Hindi ka makakapakinig kung ikaw ay nagsasalita palagi.
Kaya para sa kaniya ay mahalaga ang pananahimik. "

*- Abigael Maitim-Padilla*





## MGA BANAL SA LIKOD NG ISA RING BANAL
***Talambúhay***


"Lahat nang ito ay nagsimula sa kaniyang pagbabasá na nagdulot ng pagmumuni-muni at siyang nag-udyok sa kaniya na magtanong tungkol sa kabuluhan ng kaniyang búhay na siyang naging daan sa pagbabago."


*- Mc Kyle F. Vilaz*

# Malikhaing Linyang-Sining

ni Gracelle C. Tungbaban






Ang koleksiyon ng mga malikhaing **linyang-sining** ay orihinal na iginuhit ni Gracelle C. Tungbaban para sa librong ito. Ang paggamit ng mga linya upang katawanin ang mga ideyá sa bawat kabanata ay pagkilala sa mapagkumbabang disposisyon ng mga **katekistang-lingkod** na malikhaing hinahabi ang sining ng pagtuturo para manatiling buháy ang ating pananampalataya.

Maaaring gamitin ang mga **linyang-sining** na ito bilang mga biswal na materyales sa anomang gawaing katekesis. Nawa'y sa paggamit nito, mas maging masigla, masaya, at makahulugan ang katekesis.

- *Clarence M. Batan*

## Kabanata 9



# Sayaw

*Maria Corazon C. Sanin*

## Sayaw: Galak at Indak ng Papuri
***Kuwentong Katekista***



Inilalarawan ko ang aking sarili na may pusòng-katekista. Bago ako naging gurong-katekista, isa akong *youth volunteer worker* sa isang *Catholic community* at dito ako nagkaroon ng malaking karanasan sa pagsisilbi sa Simbahan. Kami ay malayang nagbigay at naglingkod para makipagtulungan sa mga C*ampus Ministry* ng iba't ibang unibersidad sa Pilipinas. Kami ay nagbahagi tungkol sa *Mabuting Balita* ni Hesus at sa kahalagahan ng relasyon sa ating Panginoon sa pamamagitan ng pagdarasal. Kami ay nagsagawa ng mga *seminar*, *recollection*, *retreat*, *leadership training* at *prayer meeting*. May mga *outreach program* din kami sa pamumuno ng aming komunidad na nagsilbi sa kabataan sa iba't ibang sektor.

Sa aking karanasan ay natutuhan kong gumamit ng iba't ibang pamamaraan para maibahagi ang mensahe ni Kristo sa kabataan. Isa na rito ang pedagohiya ng sayaw. Bilang *youth worker*, nakita namin ang hilig ng kabataan sa musika at sayaw. Ginagamit namin ang musika para mahikayat ang kabataan na lumahok at makinig tungkol

kay Kristo. At para lalong maging maganda at kasiya-siya ang gawain, sinasabayan namin ng pagsasayaw ang musika.


Ang paggamit ng musika at sayaw ay hindi lamang para kumuha ng pansin at interes ng kabataan. Ito ay isang mabuting pagkakataon din upang maipahayag ang mensahe ni Kristo sa kantang ginamit. Sa saliw ng musika, ang sayaw ay puwedeng maging pagpapahayag ng pagdarasal, pagsamba, at pananampalataya.

Napatunayan kong ang sayaw ay isang epektibong pedagohiya  lalo na sa kabataan mula noon hanggang ngayon. Lahat tayo ay mahilig sa musika at napapasayaw, at napapaindak. Isa itong mabisang pamamaraan na makakapukaw ng interes ng kabataan. Sa galaw at indak ay puwede nating maipahayag ang mensahe ni Kristo.

## Katekesis at Pagsasayaw
### *Kuwentong Pedagohiya*

Ang pagsasayaw ay isa sa mga pangunahing paraan ng pagpapahayag ng mga tao ng kanilang damdámin sa pamamagitan ng kanilang katawan. Ang iba't ibang kultura ay gumamit ng sayaw upang ipahayag ang kanilang pananampalataya at pagsamba. Gumagamit ang mga tao ng mga sayaw para sa personal na pagpapahayag ng pagninilay sa paraang liturhikal. Ang pedagohiyang ito ay makatutulong sa katekesis sapagkat hindi lamang sa pananalita maaaring magpahayag  kundi maari ring sa paggalaw tulad ng pagsasayaw.

Malikhaing magagamit ang paggalaw ng katawan upang maiparating ang mensahe ng Ebanghelyo (magturo at magpahayag). Maaari din itong maging



malayang ekspresyon ng pananampalataya, papuri at panalangin. Ang pedagohiya ng pagsayaw ay isang magandang pagkakataon para sa Simbahan na maabót ang mga tao lalo na ang kabataang mahilig sa musika. Ang pagsayaw ay sumasalamin din sa mga pagpapahalagang panrelihiyon at isang malinaw na pagpapakita ng pananampalataya.

Sa *Lumang Tipan*, makikita natin ang iba't ibang halimbawa ng ganitong uri ng pagdarasal na may kasamang paggalaw ng katawan o pagsasayaw.

- Ang mga Israelita: sa sinagoga ang kanilang panalangin ay sinamahan ng isang tuloy-tuloy na paggalaw upang gunitain ang utos mula sa tradisyon: "Kapag nananalangin ka, gawin mo ito nang buong puso mo, at ng lahat ng iyong buto."

- Sa *Exodo* 15: 20-21, nang tumawid ang mga Israelita sa Dagat na Pula, si Miriam na isang babaeng propeta at kapatid ni Moises na namumuno sa mga Israelita ay tinipon ang kababaihan upang gumanap ng isang kanta at sayaw sa pagsamba pagkatapos nilang tumawid sa Dagat na Pula.

- Sa 2 Samuel 6, nang ibalik ni Haring David ang Kaban ng Tipan, sumayaw ang mga Israelita habang ipinagdiriwang nila ang dakilang mga gawa ng Diyos.

- May mga nabanggit sa Awit 149 at 150 na nagtuturo sa atin na sumayaw ng papuri sa Diyos. Ang sayaw ay pangkaraniwan sa pagsamba sa mga Hudyo at Kristiyano.



Isang pangunahing layunin ng katekesis at edukasyon sa relihiyon ay upang "maihatid ang nilalaman o paksang nauugnay sa búhay ng mga mag-aaral" (Maningas, 2003 p. 75). Ayon kay Arsobispo Leonardo Z. Legaspi, OP (2007), "sa maraming taon na, nagkaroon ng malawak na pagkakasundo na ang isang karanasan at kontekstong kateketikal ay dapat maging isang ganap na priyoridad sa ngayon" (p.70).

Sa henerasyong ito, ang kabataan ay nagpapahayag ng kanilang sarili sa mga sayaw gamit ang *social media* tulad ng *Tiktok* o *YouTube Vlogs*. Sa pamamagitan ng pedagohiyang ito, maihahatid ang nilalaman ng katekesis habang pinupukaw ang kanilang interes at iniuugnay ito sa kanilang búhay.

Ang pagsayaw ay maaaring maging isang paraan ng katekesis na makatutulong na gawing kapana-panabik at kasiya-siya ang pagpapahayag ng Ebanghelyo. Maaari itong gamitin sa maraming bagay sa katekesis gaya ng mga sumusunod:

- para makapukaw ng pansin sa isang pagtitipon at magtakda ng *mood* o disposisyon sa simula o sa panghuling bahagi bilang tugon at mahikayat ang kabataan na sumunod kay Kristo;

- ekspresyon ng pagdarasal at pagsamba;

- maaari din itong maging pambungad bago ipahayag ang mensahe ng katekesis o leksiyon;

- pagpapakita ng interpretasyon *(interpretative presentation)* ng mensahe ng Ebanghelyo sa malikhaing pamamaraan.

## Mga Halimbawa:

- *Action song animator* (bilang isang dasal o gamitin ang mga galaw para ipakita ang mensahe)

- *Tambourine dance* (papuri at pagsamba)

- *Modern dance* (sa simula o dulo ng pagtitipon bilang panghihikayat na tumugon)

- *Interpretative* o *theatrical dance* (malikhaing galaw para iparating ang Ebanghelyo)

Ngunit mayroon tayong dapat isaalang-alang ukol sa paggamit ng sayaw. Ito rin ay dapat iangkop sa pagtitipon o selebrasyon (Catholic Answers, 2021).

- Sa Liturhiya, ang pagsayaw ay karaniwang hindi pinapayagan dahil maaaring ma-*desacralize* o mawalan ng paggalang sa mga banal na pagtitipon at gawain.

- Kung papayagan, sundin ang nararapat na parte o tagpo kung saan puwedeng ilagay at gawin ang sayaw (sa pambungad na awit, bago ang hulíng pagbabasbas o sa resesyonal). Ngunit minsan, ito ay pinapayagan depende sa “kultura” tulad sa *Africa* o sa *Pacific Islands*.

- Ang galaw at indak ay payak at naaangkop.

- Ang kasuotan ay naaangkop din sa pagsasayaw at may kahinhinan.

# Ang Sayaw at Indak ni Santa Teresa ng Avila

## *Kuwentong Kabanalan*



Ipinanganak si **Santa Teresa ng Avila** sa España at siya'y nakilála at naging isa sa mga pinakadakilang mistiko sa ating panahon. Siya ay isang "Pantas ng Simbahan" *(Doctor of the Church)* at tagapagtaguyod ng maraming bagay ("Sta Teresa of Avila", 2021). Ngunit sa puntong ito, tinitingnan natin siya bilang Patron ng Sayaw. Si Teresa ay isang madreng Carmelita at bilang pinunò ng kumbento, ginawa niya ang kaniyang makakaya upang ibuhos ang kaniyang kagalakan sa kalooban at maibahagi ito sa kaniyang mga kapatid na madre.

Sumasayaw siya at kumakanta! Madalas din siyang tumutugtog ng tambourine. Minsan, kapag ang kaniyang kagalakan ay likás na umaapaw, siya ay tumutuntong sa ibabaw ng mesa sa kumbento at sumasayaw habang naglalaro ng castanets. Sumasayaw rin sa kaniyang paligid ang masasaya niyang kapuwa-madre.

Naniniwala si Teresa na ang seryoso o masungit na mukha ng mga relihiyoso ay katawa-tawa at ang nais niyang makita ng lahat ay ang sayá at kaligayahang dama mula sa kaniyang malapít na ugnayan at relasyon sa Diyos. Gusto ipakita ni **Santa Teresa ng Avila** ang kagalakan ng kaniyang kaligtasan sa pamamagitan ng sayaw na expresiyon ng pagmamahal kay Hesus. Naniniwala siyang dapat at kaya rin itong gawin ng lahat.

Ang araw ng kapistahan ni **Santa Teresa ng Avila** ay tuwing Oktubre 15.

Sa ipinakita niyang disposisyon, nawa ay matuto tayong maging tulad ni **Santa Teresa ng Avila** sa pagpapahayag ng *Salita ng Diyos* sa ating panalangin at búhay-pananampalataya. Ito ay sa pamamagitan ng pagsasabúhay ng mga birtud ng pag-ibig, pag-asa at katatagan *(virtues of charity, hope and fortitude)* at sa paghingi sa mga biyaya ng Espiritu Santo na maging banal *(piety)*, may kagalakan *(joy)*, at may katapatan (faithfulness).

## Paggamit ng Sayaw sa Panalangin
### *Malikhaing Katekesis*

Isang halimbawa ay ipakita ang pag-unawa at mataimtim na pagdarasal ng "Ama Namin" o "The Lord's Prayer" at ipahayag ito sa pamamagitan ng paglikha at pagganap ng isang sayaw.

Magsimula sa pagninilay sa *Banal na Kasulatan* mula sa Ebanghelyo ni San Mateo 6: 9-13 at San Lucas 11:1-4.

**Sagutin ang katanungang ito:**

1. Kapag naisip mong magdasal, ano ang nasa isip mo?

    ◻ Ang panalangin ay pakikipag-usap at pakikinig sa Diyos. Sa panalangin, nakikipag-usap ang Diyos sa atin.

2. Ano ang panalangin ng Panginoong Hesus?

    ◻ Itinuro sa atin ni Hesus kung paano manalangin sa Ama gamit ang panalanging itinuro Niya sa mga alagad.



3. Bakit kailangan nating makipag-usap sa Diyos?

- Ang panalangin ay nagpapatibay sa ating ugnayan sa Diyos. Ito ang nagpapalalim ng ating pananalig sa Kaniya.

Naririnig ng Diyos ang ating mga panalangin at maaari tayong manalangin sa Kaniya anomang oras at tungkol sa anomang bagay. Maaari nating ipahayag ito sa mga salita at sa mga pagkilos at paggalaw din sa isang naaangkop na pamamaraan.

## Workshop ng Sayaw at Pagninilay (20 minuto):

1. Umupo sa isang komportableng posisyon sa sahig at ipikit ang iyong mga mata at pakinggan ang *Ama Namin* o *The Lord's Prayer* sa saliw ng awit. (limang minuto)

2. Pagnilayan ang panalanging na itinuro sa atin ni Hesus at kung paanong ang Panginoon ay nangungusap sa iyo. (limang minuto)

3. Tumayo at simulang gumawa ng maliit na paggalaw ng katawan habang mataimtim na nakikinig sa awit. Damhin kung ano ang kahulugan nito sa iyo.

4. Pahintulutan ang iyong sarili na bigyang-kahulugan ang kanta. Gumawa ng mga paggalaw habang nasa mataimtim na disposisyon na may panalangin. Hayaang gabayan ka ng Banal na Espiritu sa paglikha ng isang sayaw o paggalaw bilang pagpapahayag ng panalangin at pagsamba.



**Pagpoproseso (limang minuto):**

1. Ano ang pakiramdam mo habang sumasayaw ka?

2. Saan mo maiuugnay ang nararamdaman mo sa iyong mga paggalaw?

3. Naranasan mo ba na ang iyong sayaw ay maaaring pagpapahayag ng iyong pananampalataya, o panalangin at pagsamba sa Diyos?

4. Ibahagi ang iyong karanasan sa pangkat.

Bilang pagtatapos, pag-usapan ang pagdarasal at ibahagi ang katekesis tungkol sa panalangin.



# Panalanging Kateketikal

*Makapangyarihang Panginoon ng*
*Sayaw at indak ng búhay,*
*Biyayaan Mo po kami ng*
*Kagalakan sa bawat paggalaw,*
*Kasiyahan sa bawat pagkilos,*
*Kasiglahan sa pag-ikot, at*
*Kapayapaan sa pagbabahagi ng*
*Iyong Mabuting Balita sa mga*
*Mananampalatayang bahagi ng*
*Aming gawaing katekesis.*
*Patnubayan Mo po kami*
*Sa tulong ni **Santa Teresa ng Avila**,*
*Na ang búhay ay sayaw at indak ng*
*Mapagmahal na kabanalan.*
*Amen.*



*- Clarence M. Batan, NCS 2021: PARI Project*

# Mga Sanggunian


Catholic Answers. (2021). *Is "Liturtical Dancing" Permitted at Mass?* Retrieved from https://www.catholic.com/qa/is-liturgical-dancing-permitted-at-mass

Legaspi, L. (2007). *Passion for Catechesis*: *A Collection of Catechetical Talks and Articles.* Manila: UST Publishing House.

Maningas, O. (2003). *Contemporary Approaches in Religious Education:* St. Pauls.

Trinity Stores. (2021). *St. Teresa of Avila.* Retrieved from https://www.trinitystores.com/artwork/st-teresa-avila-5

Kabanata 10

# Teatro at Pelikula

Ser Allan G. Bodoraya

## Ang Dula at ang Pagiging Katekista


***Kuwentong Katekista***



Mahalagang bahagi ang ginampanan ng dula sa aking paglalakbay bilang Katoliko at bilang katekista. Una sa lahat, pinalakas nito ang aking loob upang humarap sa tao. Pangalawa, ay natuto akong maging panatag sa aking mga emosyon. At ang huli ay napalalim nito ang kaalaman ko sa aking pananampalataya.

Hindi ko maituturing ang aking sarili bilang aktibong Katoliko noong bata pa ako. Ni minsan, hindi ako dumalo sa mga gawaing pamparokya o nagsimba man lamang. Noong ako ay maglalabimpitong taong gulang na, naanyayahan ako ng aking mga kaibigan upang maging miyembro ng *Legion of Mary.* Hindi ako nakatanggi at nadala lang ng barkadahan at bulyawan. Ngunit iyon ang naging pinto upang makilala ko si Kristo nang lubusan at makapaglingkod sa ating Simbahan.

Naalala ko pa sa mga unang buwan ko sa *Legion*, hindi naging madali sa akin ang paggising nang maaga tuwing Linggo upang magsimba at pagkatapos ay dumalo sa *weekly meetings* ng aming *presidium*. Nakakatamad. Minsan, tinatakasan ko na lang ang pagdalo. Para sa akin, isa itong malaking responsibilidad. Napakaraming pinapagawa – nag-ikot sa barangay para maghanap ng bagong kasapi at magpanayam; dumalo sa *block rosary;* bumisita sa mga maysakit at may kapansanan; kumanta at nagdasal sa patay; at kung ano-ano pa. Ang konsolasyon ko lang ay ang mga handog na pagkain sa amin ng mga binibisitang bahay. Doon ako natuwa, libreng meryenda kumbaga. Sabi ko sa aking sarili, hindi para sa akin ang mga *activity* sa *Legion*. Hindi nakakaengganyo ang mga ito. Subalit isang gawaing pampaparokya ang nagpabago sa lahat. Taóng 1999 nang kami sa *Legion* ay naanyayahang makiisa sa isang dula na kabilang sa *Lenten Program* ng aming parokya. Na-*excite* ako. Ito ang aking unang pagkakataong gumanap sa entablado. Nakakakaba ngunit mas namayani pa rin ang pagkasabik at tuwa na aking nadama.



Ang dula ay tungkol sa pagpapakasakit, pagkamatay, at muling pagkabúhay ng Panginoon. Ito ay hango mula sa naratibo sa Ebanghelyo ni San Juan. Hindi ako mapagbasá ng *Bibliya* noon subalit nang makita ko ang nilalaman ng *script*, nagkaroon ako ng kamalayan tungkol sa sakripisyong alay ni Kristo para sa atin. Hindi nanatili ang búhay ni Hesus na isang kuwento lamang. Ito ay naisabúhay ng pagganap ng mga kasama ko sa dula. Nang lumuha ang aking kaibigan na gumanap na Maria, ramdam ko ang pighati ng isang inang nawalan ng anak. Gulo ng isip, malalim na kalungkutan, at hindi pagkapaniwala ang nabúhay sa aking loob nang

masaksihan ko naman ang magaling na pag-arte ng Maria Magdalena. Sa oras na iyon, tumigil ang aking mundo at nagsimulang magtanong tungkol sa aking pananampalataya. Bakit ganoon na lamang ang sakít na naramdaman ng mga alagad ni Kristo?... "Kristo, ang linya mo!" Sigaw ng direktor sa akin. Nawala ako sa aking sarili panandali kaya naman ay mabilis akong nagpaumanhin sa kaniya. Oo, ako ang gumanap na Hesus. Ako man ang gumanap na bida ngunit sa puso ko, ang Diyos ang nanguna. Marami akong natutuhan sa aming dula hindi lamang tungkol sa kuwento ng Panginoon kundi maging sa pagpapahalaga sa walang katumbas na pag-ibig na kaniyang inalay para sa sangkatauhan. Ang lahat ng ito ay nagpalalim sa emosyong umantig sa aking diwa mula sa mga karakter na binigyang-búhay ng mga aktor sa aming dula.



Pagkatapos ng palabas, nagsimula na ang aking kagustuhang maglingkod sa Diyos. Ako ay naging katekista at *youth volunteer* sa aming parokya. Ang pagiging katekista rin ang nag-udyok sa akin upang pumasok sa seminaryo. Hindi man ako naging pari, patuloy akong naglilingkod bilang gurong-katekista upang gabayan at antigin ang puso ng aking mga mag-aaral upang ang Diyos ay mahalin nila at paglingkuran.



# Dula sa Katekesis
***Kuwentong Pedagohiya***

Noong panahon ng mga sinaunang Griyego, ang isang dula ay hindi lamang para mang-aliw ng tao. Isa sa mga layunin nito ay ang pagsalamin sa mga pangyayari sa lipunan. Ang mga sinaunang pagsasadula ay sinaliwan ng mga diskurso, sayaw, at musika. Kadalasan din, ang mga pagganap ay nagtampok ng mga kuwentong panrelihiyon lalong-lalo na ang mga kabayanihan ng mga diyos ng bansang *Greece* (Lalioti, V., 2002). Sa modernong panahon, ang dula ay hindi na lamang masasaksihan sa mga entabladong pansining. Maaari rin nating iuri ang mga telenobela, dulang panradyo, at pelikula bilang mga anyo ng kontemporaneong pagtatanghal ng isang dula.

Ang mga dula at pelikula ay maaaring gamitin bilang malikhain at epektibong metodolohiya sa pagtuturo. Maliban sa pagtuturo, ilan sa karaniwang layunin ng mga dula at pelikula ay ang mang-aliw, magkuwento, magbigay-impormasyon, at manghimok. Marami nang pananaliksik ang nailathala na nagsasabing ang dula at pelikula ay mga mainam na pamamaraan sa pagtuturo ng iba't ibang akademikong disiplina at larangan. Gayundin naman, ang dula ay nagsusulong ng kritikal na pag-iisp mula sa mga nakakapanood nito lalong-lalo na kung ang palabas ay nagpapakita ng mga isyung nakapupukaw sa kamalayan.

Hindi iminumungkahi na magbuo ng isang dulang produksiyon para lamang magamit ang dula sa ating klase. Batid nating limitado ang mga kagamitan sa loob ng silid-aralan at simbahan upang magpalabas ng dula at pelikula sa pamamagitan ng telebisyon o *projector*. Limitado rin ang ating oras kung gagamit tayo ng *full-length movie* na ipapapanood. May mga gurong gumagamit ng dalawang oras o higit pang palabas sa kanilang klase ngunit sapat na ang lima hanggang sampung minutong *movie clip* kung napapaloob na rito ang mensahe na gusto nating itampok. Ang panonood ay ang pinakakaraniwang pamamaraan upang gamitin ang pedagohiyang dula at pelikula sa ating mga klase. Ang aktibidad ng panonood ay naglalayong hikayatin at ituon ang atensiyon, persepsiyon, at emosyon ng mga mag-aaral sa paksang ating pinag-aaralan. Pagkatapos ipakita ang isang *clip*, dapat bigyan ng guro ang mga mag-aaral ng mga pagninilayang tanong upang ibahagi ang kanilang naobserbahan, naisip, at naramdaman sa loob ng isang maliit na grupo o sa plenaryo. Maaaring suriin ng mga mag-aaral ang mga eksena, tauhan, at maging ang konteksto ng isang dula o pelikula.



Ang edukasyon sa pamamagitan ng dula at pelikula ay isang pedagohiyang gumagamit ng *performing arts* sa pagtuturo. Ang paraan ng pagtuturong ito ay hindi lamang nagtataguyod ng kritikal na pag-iisip. Pinalalakas din nito ang malikhaing kakayahan nating mga guro at ng ating mga mag-aaral. Tayong mga katekistang guro ay hindi nangangailangan ng *background* sa teatro o sa pag-arte upang maisagawa ang pagtuturo sa pamamagitan ng *performing arts*. Kailangan lang nating hikayatin ang ating mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga aktibidad na sila ay malayang

makakapagpapahayag ng kanilang mga sarili sa pamamagitan ng salita, kilos, at emosyon. Ayon kay Betty Jane Wagner (1998), isang tagapagtaguyod ng dula sa edukasyon, ang layunin ng dramang pang-edukasyon ay upang lumikha ng isang karanasan na ang mga mag-aaral ay maaaring maunawaan ang pakikipag-ugnayan ng tao, makiramay sa kanilang pinagdaraanan, at magkaroon ng mga alternatibong pananaw sa búhay. Halimbawa, maaaring ipaliwanag nating mga  gabay sa pag-aaral ang kahalagahan ng magagandang asal sa pamamagitan ng pagsasadula ng mga sitwasyon at pangyayari sa lipunan. Mabisa rin ang paggamit ng *role-playing* sa klase upang magsiyasat ng ibat ibang realidad lalong-lalo na sa mga isyung personal, pampamilya, at panlipunan. Ang *role-playing* ay maaaring gamitin sa anomang antas ng pag-aaral (Olrich, D.C., et. al., 2009). Subalit ang mga dramatikong pagpapahayag ay hindi lamang ginagawa sa pamamagitan ng pagsasadula at *role-playing.*

Nagiging malikhain ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagpapahayag ng mga sitwasyon, pananaw, at pagpuna sa iba't ibang sitwasyon nang walang salita sa pamamagitan ng *pantomime* at *facial* at *gestural expressions*. Ngunit dapat nating maunawaan na tayong mga guro ay dapat na maging aktibo sa ating pakikilahok sa pagsasagawa ng *performing arts-integrated activities* na may tiyak na mga layunin sa ating isip (Olrich, D.C., et. al., 2009).

Tayong mga katekistang guro ay mga direktor at mga *facilitator* sa pag-aaral. Hindi lamang tayo tagaproseso ng mga aktibidad bagkus aktibong tagaganap at tagapatnubay. Natututo ang mga mag-aaral tungkol sa kasaysayan, mga relasyon, at mga personahe kung tayo ang mangunguna sa pagsasadula ng mga ito. Sa pamamagitan nito, ang ating mga mag-aaral ay nahihikayat na makibahagi sa ating mga inihandang

gawain. Gayundin, sa pamamagitan ng pagsasadula, nakatutuklas ang ating mga mag-aaral ng mga bagong paraan sa pagharap sa mga hámon sa kanilang búhay.

Tayong mga kateksitang guro, sa halip na magbigay ng karaniwang panayam, pagkukuwento, o pagpapakita ng mga larawan o mga guhit ay maaaring i-*internalize* ang isang karakter at gampanan ang karakter na ito sa klase. Ang mga dula ay mabisang kasangkapan sa edukasyon dahil ginagamit nito ang mga kasanayan sa imahinasyon at malikhaing pag-aaral na kabilang sa tinatawag na *higher level of learning.*



Sa pagtuturo ng pananampalataya, ang mga kuwento sa *Bibliya* ay parang mga *script* ng isang dula o pelikula na nagpapakita ng relasyon ng Diyos at tao. Ang buong *Banal na Kasulatan* mismo ay isang kuwento ng pag-ibig sa pagitan ng Diyos at ng sangkatauhan. Maraming kapana-panabik na kuwento ang mababása sa ating *Banal na Kasulatan*. May mga pagsasalaysay, diyalogo, mito, talambúhay, at *auto-biography*. Lahat ng ito ay maaari nating isalin bilang mga dula o pelikula.

Ang lahat ng kuwento sa *Bibliya* ay batay sa karanasan sa pananampalataya ng *Israel* at ng mga disipulo ni Kristo. Ang *Bibliya* ay nagpapakita ng iba't ibang klaseng *genre* na kaakit-akit sa mga mambabása. Ang mga ito ay nagtuturo din ng mga aral sa búhay. Parte na ng kultura ng mga Pilipinong Katoliko ang pagsasadula ng mga kuwento mula sa *Bibliya* at sa tradisyong Kristiyano. Mayroon tayong tradisyonal na pagsasadula ng panunuluyan tuwing Pasko gayundin ang senakulo o dulang pasyon tuwing Kuwaresma at ang pagsasadula ng salubong tuwing Araw ng Muling Pagkabúhay ni Hesus. Ang lahat ng kuwentong ito ay kabilang sa kasaysayan ng

ating pananampalataya na binibigyang-búhay sa pamamagitan ng dula at pelikula.

Sa katekesis, ang pagsasadula ay isa sa mga pamamaraang maaari nating gamitin upang ituro ang ating pananampalataya kay Kristo. Maaari din nating gamitin ang pagsasadula upang ipakita ang mga katotohanang nakasalaysay sa *Bibliya* at sinasamplatayanan ng Simbahang Katolika. Bilang mga katekista, iniiwasan nating maging *spoon-feeding* lamang ang ating patuturo. Upang maituro ang Katolisismo, dapat nating tandaan na ito ay patungo sa *integral human formation* ng mga mag-aaral. Hindi natin nais na sila ay maging mga Katolikong mayroon lamang malalaking ulo dahil ang mga ito ay punong-puno ng impormasyong kanilang isinaulo. Ang tunay na pananampalataya ay isinasagawa.



## Santa Teresa ng Batang Hesus: Aktor at Manunulat

### *Kuwento ng Kabanalan*

Maliban sa layuning paligayahin si Kristo sa pamamagitan ng kaniyang búhay-kabanalan, papurihan ang Diyos sa pamamagitan ng kaniyang mabubuting gawa, at manalangin para sa ikapapalagay ng mundo, may iba pang natatanging nais ang batang santa na si Maria Francoise-Therese Martin o mas kilalá sa tawag na **Santa Teresa ng Batang Hesus**. Ang kaniyang panalangin ay ang maging makabayan tulad ng babaeng bayani ng bansang France na si Juana de Arco (Clarke, 2010). Bukod-tangi ang paghanga ni Teresa kay Juana na may taguring “Dalaga ng Orleans”. Si Juana de Arco ay ang Patrona ng France. Si Juana rin ang naging inspirasyon ni Teresa upang isabúhay ang kaniyang pangarap na maging santo.

Kaya naman noong siya ay nasa loob ng kumbeto sa Lisieux, sumulat si Teresa ng dalawang dula upang pagpugayan ang búhay ni Juana. Gayundin, gumanap si Teresa bilang bayaning santa ng France sa isa sa kaniyang mga isinulat na dula.



Nagkaroon din ng pagkakataon si Teresa na gampanan ang karakter ni Santa Agnes ng Roma sa panulat ng kaniyang kapatid na si Pauline Martin. Sina Pauline at Teresa ay magkasama sa kumbento ng mga *Discalced Carmelite* sa Lisieux bilang mga mongha. Sa kanilang pagiging madre at alagad ng Diyos, si Pauline ay tinawag na Sr. Agnes ni Hesus at si Teresa naman ay Sr. Teresa ng Batang Hesus bilang pagpupugay sa nagtatag ng kanilang orden na si Santa Teresa ng Avila.

Tinawag ni **Santa Teresa ng Batang Hesus** ang mga dulang kaniyang sinulat at binigyang-búhay na *"pious recreation"* (North, 2012) sapagkat sa pagsasadula ng búhay ng mga santo at mga kuwento sa *Bibliya* natututo tayo ng mabubuting asal at itinuturo sa atin ang búhay-kabanalan. Buong-pusong nilaan ng mabuting **Santa Teresa ng Batang Hesus** ang kaniyang panahon at kakayahan sa tuwing siya ay nagsusulat ng dula at gumaganap sa mga ito. Para sa kaniya, ito ay hindi isang pangkaraniwang gampanin. Ang pagbuo ng mga dula at pag-arte ay mga pagkakataong bigay sa atin ng Diyos upang ibahagi ang mga talentong biyaya niya sa atin. Higit pa rito, ang pagsasadula ng búhay ni Kristo at ng mga banal na tao ay isang paraan upang maipahayag ang *Salita ng Diyos* saan mang dako ng mundo.

# Dulaan
## *Malikhaing Katekesis*



Paano natin maituturo ang pananampalataya gamit ang dula o pelikula? Batid nating ang turo ng Kristiyanismo ay mula sa kasaysayan. Si Hesus ay isang tunay na tao; isa siyang makasaysayang pigura. Ang *Banal na Kasulatan* ay nagbibigay sa atin ng iba't ibang karanasang pakikibaka ng mga alagad ng Diyos. Ang búhay ng mga santo ay magandang halimbawa rin ng pamumuhay bilang Kristiyano. Sa madaling salita, may mga magagamit na tayong paksang pantalakayan na maaari nating masuri at maisadula. Pag-aralan natin ang sumusunod na halimbawa sa pagtuturo gamit ang dula at pelikula.

**Paksa**

- *Paschal Mystery*

**Layunin**


- Upang magkaroon ng kaalaman ang mga mag-aaral tungkol sa *Paschal Mystery*
- Upang maipahayag ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng iba't ibang klaseng emosyon at pagkilos ang kanilang reaksiyon sa mga piling naratibo patungkol sa búhay ni Hesus
- Upang mapagnilayan at mabigyang-búhay ng mga mag-aaral ang mga pinagdaanan ni Hesus sa kaniyang pagpapakasakit, pagkamatay, at muling-pagkabúhay

## Mga Paghahanda ng Katekista Bago ang Leksiyon

- Maghanda ng lima hanggang sampung naratibo tungkol sa mga Ebanghelyo kaugnay ng *Paschal* Mystery. Ang bilang ng mga kuwento ay nakadepende sa haba ng oras ng katekesis.

## Mga Halimbawa

1. Ang panalangin ni Hesus sa halamanan ng Gethsemane
2. Ang paghuli kay Hesus
3. Ang pagkaila ni Pedro kay Kristo
4. Ang paglilitis kay Hesus ni Pontio Pilato
5. Ang pagpili ng mga tao sa magnanakaw na si Barabas kaysa kay Hesus upang palayain
6. Ang paghampas kay Hesus na nasa haliging bato
7. Ang pagpuputong kay Hesus ng koronang tinik
8. Ang pagpasan ni Kristo sa krus hanggang Golgota
9. Ang dalamhati ng mga babae ng Jerusalem
10. Ang pagpako kay Hesus sa krus
11. Ang kuwento ng nagsising magnanakaw
12. Ang pagkamatay ni Kristo sa krus
13. Ang pagkakita ni Maria Magdalena sa walang lamang libingan ni Hesus
14. Ang pagpapakita ni Hesuskristo na muling nabúhay sa mga disipulo



Ang mga ito ay maaaring basahin sa klase o ipapanood sa mga mag-aaral kung may *available clips* mula sa mga *recorded* na dula o sa mga pelikula, o kaya naman ay ipakita sa klase na naka-*PowerPoint* na may kaakibat na mga larawan. Ihanda ang materyales bago ang klase.

## Mga Mungkahi sa Aktibidad

- Bago simulan ang pagbabahagi ng mga kuwento, sanayin muna natin ang mga mag-aaral sa iba't ibang ekspresyon ng mukha na nagpapakita ng mga karaniwang emosyon gaya ng tuwa, lungkot, gálit, kaba, at pagkasabik. Gabayan natin sila sa pag-arte at pukawin natin ang kanilang imahinasyon kung paano maipapakita ang mga emosyon sa pamamagitan ng kanilang *facial expressions* at *gestures*. Magbigay ng mga mungkahi kung sila ay mahihirapan. Ipakita sa mga mag-aaral na tayo rin ay handang umarte upang hindi sila mahiya.

- Sa pag-arte ng mga mag-aaral, maari silang nakaupo o nakatayo depende sa laki ng silid-aralán. Puwede rin silang nakamulat o nakapikit kung sila ay nahihiya.

- Basahin isa-isa ang mga kuwento. Matapos ang pagbasa ng isang kuwento, hingin ang emosyon na kanilang naramdaman hango sa kanilang narinig o natunghayan.



## Pagpoproseso

- Ipaliwanag na ang mga kuwento ng pagpapakasakit, pagkamatay, at pagkabúhay muli ni Kristo ay bahagi ng Kaniyang *Paschal Mystery.*

- Balikán ang mga emosyong naramdaman ng mga mag-aaral sa kuwentong napakinggan o napanood.

- Balikan ang mga emosyong naantig sa pamamagitan ng paghahalintulad ng mga ito sa mga karanasan ng mag-aaral o ng mga tao sa lipunan.

    - Tuwa – nagbibigay ng pag-asa at humihimok sa mga tao upang pasalamatan ang Diyos sa mga biyayang natanggap

    - Lungkot – nagtuturo ng pagtitiwala sa Diyos sa kabila ng mga unos at problema sa búhay

    - Gálit – naglalayong iwaksi ang masama at patawarin ang mga nagkakasala

    - Kaba – nagpapahalaga sa intuwisyon ng tao na maituturing na paggabay ng Diyos sa ating búhay

    - Pagkasabik – pumupukaw ng interes at nagsisilbing-inspirasyon sa pagkilos upang sundin at paglingkuran ang Diyos

- Bilang pagbubuod,v ibahagi ang kahalagahan ng *Paschal Mystery.*

    - Ang *Paschal Mystery* – ang pagpapakasakit, pagkamatay sa krus, at pagkabúhay na muli ni Kristo – ay ang sentro ng Ebanghelyo na inihayag ng mga apostol at ng Simbahan. Ang planong kaligtasan ng Diyos ay naisakatuparan "minsan at para sa lahat" (Hebreo 9:26) sa pamamagitan ng kamatayan ng kaniyang Anak na si Hesukristo bilang pagtubos sa atin (CCC, 571).

## Panalanging Kateketikal

*O Diyos, salamat po sa biyaya ng*

*Banal na búhay ni* ***Santa Teresa ng Batang Hesus,***

*Na ang tanghalan ng búhay ay pinuno ng Iyong pag-ibig,*

*At isinadula ang misteryo ng Iyong pagkadakila.*

*Tulad ni* ***Santa Teresa****, yakapin Mo po kami ng*

*Malikhaing biyaya ng mga ideyá at kuwentong*

*Magpapatalas sa aming kaisipan at*

*Magpapalaya sa aming mga imahinasyon -*

*Upang kaming Iyong mga katekistang-lingkod,*

*Maging epektibong tagapagpaganap ng*

*Makahulugang dula ng pananampalatayang ang*

*Sentro ay kabanalan.*

*Amen.*

*- Clarence M. Batan, NCS 2021: PARI Project*

# Mga Sanggunian


Catholic Church. (1997). *Catechism of the Catholic Church: Revised in accordance with the offical Latin text promulgated by Pope John Paul II. Washington*, D.C.: United States Catholic Conference.


Clarke, J. (2010). *Story of a Soul: The Autobiography of Saint Therese of Lisieux*: Saint Benedict Press. Tan Books.

Lalioti, V. (2002). Social Memory and Ethnic Identity: Ancient Greek Drama Performances as Commemorative Ceremonies. *History and Anthropology*, 13(2), 113-137.

North, W. (2012). *Life and Prayers of Saint Therese of Lisieux*: Wyatt North Publishing, LLC.

Orlich, D., Harder, R., Trevisan, M., Brown, A., & Miller, D. (2009). *Teaching Strategies: A Guide to Effective Instruction*. Wadsworth Publishing.

Wagner, B. J. (1998). *Educational Drama and Language: What Research Shows:* Pearson Education Press.

## Kabanata 11

# Larawan at Retrato




*Renniel Jayson Jacinto Rosales*

## Pagpapahayag ng Pananampalataya sa Pagguhit at Potograpiya

### *Kuwentong Katekista*


Ang mga katekista ay naging bahagi na ng makulay na búhay ko bilang isang mag-aaral mula pa noong ako ay nasa elementaya sa pampublikong paaralan. Bagamat hindi nabigyan ng mahabang oras at lingguhan lang ang naging pagtatagpo ng mga katekista at mag-aaral sa mga paaralang pinasukan ko, malaki ang naging ambag at hámon nila sa aking búhay na punô ng katanungan tungkol sa pananampalataya. Tandang-tanda ko noong ako ay *Grade three* pa lamang, ang aming katekista na si Sister Ningning mula sa *National Shrine of Our Lady of Lourdes* sa Quezon City ay nagpakita ng isang larawan ng tagpo sa *Bagong Tipan* kung saan bumalik ang alibughang anak at niyakap siya ng maawain niyang ama. Maaaring matagal nang naganap ang tagpong ito sa búhay-pananampalataya ko pero ito ay lagi't laging nagpapaalala sa akin sa tuwing ako'y nalulugmok na may isang maawaing Amang handang yumakap sa aking pagbabalik at paghingi ng tawad. Maaaring simpleng paliwanag lamang ang ibinigay



ni Sister Ningning sa amin ngunit ito ay tumatak sa akin magpahanggang ngayon dahil sa pamamaraan ng pagtuturo niya, isang biswal at madaling maalalang imahen.

Sa pagtuturo ko ngayon ng pananampalataya sa kabataan bilang isang guro ng *Catholic Religious Education at Theology*, hindi ko na maihiwalay ang mga larawan, pinta, at retrato sa aking pagtuturo dahil ito ay palaging may kiliti sa isip at pananampalataya at may kurot sa damdámin ng nakakakita. Sa aking pagtuturo, hinahayaan kong magpahayag ng nararamdaman ang mga mag-aaral ko tungkol sa larawang aking ipinapakita at kung paano itong nauugnay sa kanilang pananampalataya. Gayundin naman, hindi ko hinahayaang maging abstrakto lamang ang imahen ng kanilang saloobin kaya't palagian ay hinahayaan ko silang iguhit ang kanilang ideyá ng pananampalataya. Natututuhan ko ring maintindihan ang kanilang saloobin sa tuwing sila ay nagpapakita ng kanilang mga retratong kinunan gamit ang kanilang mga *gadget* at kung papaanong ang mga ito ay sumisimbolo sa kanilang pagkaintindi sa pananampalatayang Kristiyano.

Tunay nga na sa pamamagitan ng mga iginuhit na larawan at potograpiya ay makikita pa rin natin ang kadakilaan ng Diyos at ang walang hanggang biyaya ng pananampalataya na maaaring hindi makita ng ating mga mata sa simpleng tingin ngunit sa pamamagitan ng iba't ibang kulay ng krayola at lente ng mga kamera ay makikita at maipapakita natin ang ating pananampalataya sa ibang tao.



# Mainam na Larawan ng Pananampalataya

### *Kuwentong Pedagohiya*




Ang pagguhit at pagkuha ng retrato ay ilan lamang sa mga pamamaraan upang maipakita ang ating pagiging malikhain bilang mga guro at mag-aaral. Noon pa man, ang sining ng pagguhit ay ginagawa na kahit ng mga sinaunang tao sa mga kuweba upang alalahanin ang mga pangyayari sa kanilang búhay na nais nilang ipakita sa iba. Ang sining ng pagguhit noong unang panahon ay hindi lamang pagpapakita ng karangyaan at kagandahan. Higit sa lahat, ito ay pagpapahayag ng mga saloobin na kailanman ay hindi maiintidihan ng mga hindi nakababása. Sa panahon natin ngayon, ang pag-usad ng teknolohiya ay nagbigay-daan sa iba pang pamamaraan ng pagkuha ng konseptong biswal gaya ng potograpiya o pagkuha ng retrato. Sa isang banda, ang sining ng pagguhit at pagkuha ng retrato ay maaaring magkaiba sa maraming aspekto ngunit parehas nitong ipinapakita ang kahalagahan ng kanilang mga inilalarawan sa kung paanong pananaw naisin ng tagaguhit o pintor at potograpo. Sa kabilang banda, ang sinumang tumitingin at kumikilatis sa mga guhit at retrato ay maaari ding magkaroon ng ibang pananaw ngunit di nalalayo sa kung anoman ang nais ipaunawa ng lumikha nito.

Sa kasaysayan ng Kristiyanismo, ang unang iginuhit na sining na ginamit ng mga tagasunod ni Jesus ay ang *ichtys* (isda) na nakapinta sa iba't ibang lugar at bahay kung saan nagtipon nang palihim ang mga unang Kristiyano. Ang simpleng larawang ito ay nagpahayag ng malamin na pananampalataya na nakaugat kay Kristo, kung saan ang mga mananampalataya ay ang mga isdang


napasáma sa pamamalakaya ni Pedro na inatasan ni Kristong maging tagapamalakaya ng mga mananampalataya. Sa pag-unlad ng Kristiyanismo noong *Middle Age*, gumamit din ang Simbahan ng iba't ibang uri ng sining-biswal upang turuan ng katekesis ang mga mananampalataya sa pamamagitan ng magagandang pinta sa mga pader at kisame ng simbahan at sa mga *stained glass.* Sa pamamagitan ng mga guhit na ito, nagawa ng Simbahan na ipahayag ang mahahalagang tagpo sa *Bibliya* at ang nilalaman ng ating pananampalataya sa mga walang-kakayahang bumása. Ang mga sining na ito sa iba't ibang simbahan ay tinawag na *biblia pauperum* o *Bibliya* ng mga dukha dahil sa pamamagitan ng mga larawan ay nauunawan nila ang búhay at misyon ni Kristo na hindi nila bastang mauunawan kung nakasulat lamang.

Sa kasalukuyan, ang mga katekista at mga guro ng pananampalataya ay gumagamit ng iba't ibang pamamaraan upang maipahayag ang *Mabuting Balita* gaya ng mga larawan ng mga tagpo sa *Bibliya* upang mas madaling maalala ng mga tinuturuan ng katekesis. Bagamat ang pamamaraang ito ay hindi gaanong nagagamit ng mga katekista, dapat mapansin na ang pagtuturo gamit ang mga larawan ay isang napakabisang paraan, hindi lamang sa pagtuturo, kundi pati na rin sa pagpapanatili ng malilikhaing pagpapahayag ng ating pananampalataya. Hindi man tahasang nabanggit sa *Bibliya* ang paggamit ng mga larawan upang ituro ang pananampalataya, magugunitang sa aklat ng *Exodo* sa *Lumang Tipan* ay minsan nang naipakita ang kahalagahan ng sining upang ipahayag ang kadakilaan ng Diyos.



Ang mga likhang-sining na guhit at retrato ay ginagamit ng ating Simbahan dahil sa pamamagitan ng mga ito ay napapanatili at

naipalalaganap ang nilalaman ng ating pananampalataya, tradisyon, at mapagligtas na *Mabuting Balita* na minsan ay hindi na kailangan ng anopamang salita upang maipangaral.




Ang mga pamamaraan sa pagtuturo at pagkatuto ay mahahalagang aspekto ng pagpapása ng karunungan sa mga mag-aaral. Sa pagpasok ng ika-21 siglo, ang larangan ng edukasyon ay umayon din sa pagbabago ng lipunan, lalo na sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ito ay nangangahulugan din na ang tradisyonal na pagtuturo ay hindi na ganoon kaakma sa mga mag-aaral ng ika-21 siglo – at ito ay nagbigay-daan sa iba't ibang pamamaraan ng pagtuturo na umaakma sa iba't ibang pangangailangan sa pagkakatuto ng mga mag-aaral. Ang Simbahan ay hindi absuwelto sa mga pagbabagong nagaganap sa larangan ng pagtuturo. Ito ay isang tawag sa mga katekista at mga guro ng pananampalataya na maging malikhain sa pagtuturo. Ang maraming pamamaraan ng pagtuturo ay bahagi ng dalisay na kagustuhan ng Simbahan na magturo ayon sa mga kateketikal na proseso at pamamaraan na nagbubukas sa iba't ibang landasin (New Directory for Catechesis, 2020, 210).


Napapanahon na ang mga makabago at iba't ibang pamamaraan ng pagtuturo ng katekesis ay mausisa dahil ang kaugnayan ng pagtuturo sa mga mag-aaral ay nagdudulot ng pag-angkin sa kaalaman dahil ang mga mag-aaral ay mas natututo kung interesante ang pamamaranaan (Jeffrey & Craft, 2004). Dahil dito, ang ebanghelisasyon ay tumatawag ng mga makabagong pamamaraang malikhain pagdating sa pagtuturo at pagkatuto ng pananampalatayang Katoliko. Isa sa mga pamamaraang iminumungkahi ng bagong *Directory for Catechesis* (2020) ay ang paggamit ng mga sining biswal tulad ng pagguhit dahil tinutulungan nito ang mga táong maranasan ang pakikipagtagpo sa Diyos sa pamamagitan

ng pagninilay sa kagandahang dulot nito na siyang magbibigay-daan sa mas malalim na pagkaunawa sa pananampalataya.

Sa pagdaan ng panahon, makikitang ang mga katekista at guro ng pananampalataya ay itinuro ang mga nilalaman ng ating pananampalataya gamit ang mga tradisyonal na pamamaraan kung saan ang katekista lamang ang palaging nagsasalita. Noong mga unang taon ng Kristiyanismo, ang mga biswal na sining gaya ng mga larawan, bagamat hindi nakakaimik ay nakapagbigay ng mensahe sa mga mananampalataya – isang paraan ng pagpapása ng mensahe ng relihiyon (Gendle, 1979). Ang Simbahan, sa modernong panahon, ay nananawagan para sa mga makabagong pamamaraan ng pagtuturo ng pananampalataya upang mahúli ang interes at atensiyon ng mga mananampalataya na naaayon sa antas ng kanilang karanasan. Sa malikhaing pagtuturo, ang sining at retrato ay mainam na pamamaraan ng pagtuturo ng pananampalataya kung ito ay maipoproseso nang tama upang pasiglahin at pagyamanin ang pananampalataya.



Ang bagong *Directory for Catechesis* (2020: 210) ay itinataguyod din ang mga sining biswal na ito dahil "kapag ang mga likhang-sining ay maingat na pinili, maaari silang agarang makapagpakita ng maraming aspekto ng katotohanan ng pananampalataya, makaantig ng puso, at makatulong sa pagsasaloob ng mensahe". Gayundin, ginagamit ng Diyos ang sining upang makipag-ugnayan sa atin at bilang kapalit ay ginagamit din natin ang sining, sa pamamaraang káya natin, upang ipahayag ang pag-ibig natin sa Diyos (Nelson et al., 2013). Kahit ang dokumento ng *Vatican II* na *Sacrosanctum Concilium* (122) ay binigyang-linaw ang paggamit ng sining bilang isang



napakagandang pagpapakita ng galíng ng tao, isang paraan ng pagpapahayag ng walang hanggang kagandahan ng Diyos sa pamamagitan ng mga likhang-sining ng tao. Tunay na kailangan ng Simbahan ang paggamit ng sining-biswal gaya ng mga larawan at retrato dahil ang pananaw ng mga tao sa panahon natin ngayon ay nailalarawan sa *print media* (Hofman, 2012).

Ang pagtuturo ng pananampalataya ay dapat laging malikhain dahil kapag nakuha na ang interes ng mananampalataya, mawawala na ang puwang sa pagitan ng pagtuturo at pagkatuto. Sa paggamit ng pagguhit at retrato, magiging mas kaaya-aya ang pagtuturo ng katekesis para sa mga bata. Kapag ginamit ang mga iginuhit na larawan at mga retrato sa pagtuturo ng katekesis, mapalalawak ang pananaw ng mga mag-aaral ng pananampalataya dahil maipakikita sa pamamagitan ng isang larawan ang maraming aspekto at nilalaman ng aral at mensahe ng ating pananampalataya. Ang ipinakikitang larawan ng sining o retrato ay maaaring maging simula ng paglikha sa isip ng nilalaman ng ating pananampalataya na angkop sa kanilang antas ng pag-unawa at karanasan. Gayundin naman, ang mga mag-aaral ay magkakaroon ng malawak na pagtingin sa nilalaman ng pananampalataya na hindi na lamang limitado sa mga antas eskatolohikal at makalangit kundi, higit sa lahat, ay maiuugnay nila ito sa kanilang karanasan.


Ang uri ng pagtuturong ito na gumagamit ng larawan ay maaari ding makatulong sa mga mag-aaral ng pananampalataya na mag-isip at ilarawan ang pagkakaintindi nila sa pananampalataya sa

pamamagitan ng pagguhit o pagkuha ng retrato. Sa pamamagitan ng pagninilay, maaari nilang makita at maiugnay sa pananampalataya ang mga bagay, pangyayari, at senaryo na maaaring ilaman nila sa kanilang likhang-sining sa pamamagitan ng pagguhit o potograpiya. Ang pagiging malikhain ng isang katekista at ng mga mag-aaral ng pananampalataya ay isang hámon upang mapalawig ang pagpapahayag at pagkakaunawa ng pananampalataya sa paraang mas buo at malalim ngunit madali at kayang gawin ng lahat.

## Santa Veronica, Patrona ng mga Potograpo

***Kuwento ng Kabanalan***


Si **Santa Veronica** ay ang babae sa Jerusalem na pumunas sa mukha ng ating Panginoong Hesus habang pasan nito ang krus patungong kalbaryo. Pagkapunas ni **Santa Veronica** sa mukha ng Panginoon ay nag-iwan ito ng bakas ng mukha ni Kristo. Bagamat ito ay hindi nasusulat sa *Bibliya*, ang mga historyador ay nagpatunay ng kasaysayan ng tela na ginamit ni **Santa Veronica** upang punasan ang mukha ni Hesus. Si **Santa Veronica** ay isa sa mga babaeng umiyak, nangulila at nanaghoy kay Hesus na mababása sa Ebanghelyo ni San Lucas Kabanta 27.



Ang kahalagahan ng telang ipinunas ni **Santa Veronica** sa pagtuturo ng katekesis ay ang pagkakaroon nang malalim na ugnayan ng imahe at ng pananampalataya ng mga tao. Bilang isang uri ng sining, ang imahen ng mukha ni Hesus na naiwan sa tela ay pinagbukalan ng pagpapalalim ng pananampalataya ng mga tao noong unang panahon. Bagamat walang

anomang nakasulat na paliwanag ay malinaw na naipakita ng larawan ang kuwento ng pag-ibig at paghihirap ni Hesus para sa sangkatauhan.

Tayong mga katekista, bilang mga guro ng pananampalataya, ay may tungkuling kagaya ni **Santa Veronica**. Kahit na walang salitang mamutawi sa ating bibig, sa pamamagitan ng mga larawang maipakikita natin sa ating mga tinuturuan ay maaari nating mapalalim ang kanilang pananampalataya at maihatid sila sa daan ng kabanalan. Isang kaloob ng Espiritu Santo ang karunungang magdadala sa atin upang makita ang kagandahan ng ating pananampalataya – na kahit sa simpleng larawan at pagkuha ng retrato ng pang-araw-araw nating karanasan ay palagian nating mababanaag ang pag-ibig at kadakilaan ng Diyos.



# Halimbawang Gawain Gamit ang Pagguhit at Potograpiya

***Malikhaing Katekesis***

## Panimula

Ang Langit ay ang Ating Tahanan

## Panimulang Gawain para sa Katekista

- Ang katekista ay magpapakita ng larawan (maaaring iginuhit o retrato) ng isang maganda at malaking bahay.


- Kapag naipakita na ang larawan ay magtatawag ang katekista ng mga mag-aaral upang tanungin kung paano nila mailalarawan ang ipinakitang guhit o retrato ng bahay at ano ang kanilang mga saloobin patungkol dito.

- Tatanungin ng katekista ang mga bata kung ano ang kanilang *dream house* at ano ang kanilang gagawin upang mapasakanila ang kanilang ninanais na bahay.



- Pagkatapos ng maiksing pagbabahagi ay maaari nang ipakilala ng katekista ang paksa at tanungin ang mga mag-aaral kung ano sa tingin nila ang hitsura ng tahanan ng Diyos.

- Matapos ang pagbabahagi ay maaari nang simulan ng katekista ang diskusyon tungkol sa paksa. Maaari itong simulan sa pamamagitan ng pagbása ng *Mabuting Balita* na naaayon sa paksa.



## Gawain para sa mga Mag-aaral


### Pagguhit:

Ang katekista ay magbibigay ng panimula kung saan ang mga mag-aaral ay guguhit ng kung papaano nila ilalarawan ang "Langit" bilang ating tahanan kasáma ang Diyos. Magbibigay din ng maiksing paliwanag o pagninilay ang mga mag-aaral kung bakit iyon ang kanilang iginuhit bilang kanilang konsepto ng Langit.

### Retrato/Potograpiya:

Ang katekista ay maaaring magbigay ng gawain sa mga mag-aaral gamit ang anomang *gadget* na mayroon sila upang kunan ng retrato ang isang lugar, bagay, o pangyayari na maaaring magpaalala sa kanila ng "Langit." Hindi kailangang kaugnay sa mga relihiyosong bagay ang kunan nila ng retrato. Magbibigay rin ng maiksing paliwanag o pagninilay ang mga mag-aaral kung bakit iyon ang kinunan nila ng retrato bilang konsepto nila ng "Langit."

"Ang paggamit ng mga larawan sa katekesis ay mauulinigan sa sinaunang kabatiran pa ng Simbahan. Higit sa ano pa mang bagay, tinutulungan nito ang mga mananampalatayang malaman at makabisado ang mga tagpo ng kasaysayan ng pagliligtas sa mas mabilis at agarang paraan. Itong mga tinatawag na *'biblia pauperum'* (*Bibliya* ng mga dukha), isang organisadong koleksiyong nakikita ng lahat tampok ang iba't ibang malilikhaing pagpapahayag ng mga tagpo sa *Bibliya* na matatagpuan sa mga katedral at simbahan, ay isang totoong anyo ng katekesis ngayon" (New General Directory for Catechesis, 210).



## Panalanging Kateketikal

*Makapangyarihang Larawan ng Búhay,*

*Tulungan Mo po kaming mga katekistang-lingkod na*

*Mabanaag ang ganda, lalim, at kahulugan ng*

*Aming pananampalatayang Katoliko.*

*Ipakita Mo sa amin ang halaga ng guhit, kulay, at hugis*

*Sa aming mga gawaing katekesis hanggang*

*Higit naming matanto ang larawang-banal ng*

*Iyong kadakilaan na nasaksihan ni* ***Santa Veronica*** *-*

*Sa misteryong larawan na bunga ng*

*Pagdampi ng telang pinabanal ng larawan ni Hesus.*

*Panginoon, gabayan Mo po kami na*

*Maging mga larawan ng Iyong kabanalan.*

*Amen.*

*- Clarence M. Batan, NCS 2021: PARI Project*

## Mga Sanggunian


Gendle, N. (1979). Art as Education in the Early Church. *Oxford Art Journal*, 2(3), 3-8.

Hofman, F. (2012). Church Art and Faith for Our Times. *The Furrow*, 63(11), 523-531.

Jeffrey, B., & Craft, A. (2004). Teaching creatively and teaching for creativity: Distinctions and Relationships. *Educational Studies*, 30(1), 77-87.

Pontifical Council for the Promotion of the New Evangelization. (2020). *Directory for Catechesis.* Word and Life Publications.

Nelson, S., Beaudoin, M., & Maro, R. (2013). Five Core Methodologies for Catechesis. *New Theology Review.*

Vatican II. (1984). *Sacrosanctum Concilium (SC).* Paulines Publishing House.

## Kabanata 12

# Kalikásan



*Christine C. Balmaceda*


## Sa Ilalim ng Punò ng Narra

***Kuwentong Katekista***



Sa araw-araw kong pagtuturo bilang isang katekista sa mga mag-aaral sa *high school*, palagi kaming nababálot ng lamig na nagmumula sa *aircondition unit* at ng dilim ng kurtina sa aming silid-aralan. Ang artipisyal na liwanag mula sa ilaw sa kisame ang nagsisilbing aming tanglaw sa bawat aralin. May mga pagkakataong nakakarinig kami ng mga ingay, halakhak, kuwentúhan, yapak, o pagtakbo mula sa labas, ngunit ang mga ito ay hindi namin pinapansin. Minsan, nagtataka kami ngunit patuloy pa rin kami sa aming klase sa loob ng apat na sulok ng aming silid. Kasama ang artipisyal na liwanag at hangin, ang ganitong sitwasyon ay isang normal na larawan na ng bawat grupong aking tinuturuan.

Hindi ko makakalimutan ang isang araw na nawalan ng kuryente sa buong bayang nakakasakop sa aming paaralan. Dahil hindi namin matiis ang init at dilim sa loob ng silid, hinawi namin ang kurtina at dali-daling binuksan ang mga bintana at pinto na siyang nakapagpatigil sa amin. May isang minuto kaming hindi nakapagsalita. Para bang lahat kami ay iisa ang nasa isip. Hanggang ang isang bata ay naglakas loob "*Ma'am*, puwede po ba tayong lumabas muna?" Sa umpisa, ako ay kinabahan dahil nasanay ako na ang klase ay kontrolado ko sa loob ng isang lugar.



Natakot at napaisip ako, “Ano kayâ ang patakaran ng paaralan sa ganitong sitwasyon? Puwede kaya kaming lumabas muna at maupo sa ilalim ng punò na malápit sa aming silid? Baka mapagalitan ako.”

Ang mga agam-agam na ito ang siyang nanatili sa aking isipan mula sa isang simpleng tanong lalo na’t ako’y bagong guro pa lamang. Ngunit nagdesisyon ako kahit may kaba sa dibdib. Tumango at ngumiti ako sa bata at saka sinabing

“Sige, lumasap muna tayo ng sariwang hangin at magpahinga muna tayo sa labas”.

Noong kami’y nasa labas na, parang bumalik ang mga mag-aaral ko sa pagkabata. May biglang naglaro ng habulan, may nagmasid ng halaman at bato, may tumingin sa araw, may lumanghap ng hangin habang ang iba ay naghalakhakan. Isang tanawin na hindi mo makikita sa loob ng silid. Isang bagay na nagpaalala sa aking hindi mali ang aking desisyon na minsa’y lumabas. Sa oras na iyon, bigla kong naalala ang sinabi sa akin ng aking guro sa kolehiyo: “

Tayong mga tao ay nilikha na magkakaugnay sa lahat ng nilikha ng Diyos.”

Muli, tinawag ko ang aking mga mag-aaral at napagkasunduang ituloy ang aming klase sa ilalim ng punò. Sa mga upuang nasa ilalim ng Narra, sila ay nagsáma-sáma, nakinig at naging aktibo na animo’y nabigyan ng panibagong lakas at inspirasyon. Kahit ang itinuturing kong malikot sa klase ay biglang nakisalamuha sa mga kaklase at tumugon sa aking katanungan. Bilang pagninilay, ginamit namin ang karanasan kasama ang munting kalikásan upang mas mapalalim ang aming talakayan na noon ay tungkol sa konsensiya ng tao.

May gumamit ng bato, dahon ng halaman, tangkay ng punò, at ugat na naaapakan upang sila ay makapagbahagi. Nakakapanibago para sa akin ang sitwasyong ito. Hindi ko akalain na ang pagkawala ng kuryente ang siyang magiging dahilan upang mas maging maliwanag ang isipan ng bawat isa sa pagsasáma-sáma sa labas habang nakikita ang kalikásan. Mas lumawak pa ang aming silid-aralan. Napawi ng simoy ng hangin ang bagot at págod na nadarama. Tunay ngang ang tao ay kaugnay ng kalikásan.

Pagkatapos ng aming klase, narinig ko ang ilang mag-aaral na nag-uusap-usap at sinabing sana daw mawalan ulit ng kuryente búkas. Simula ng araw na iyon, naging parte na ng aking pagtuturo ang kalikásan – sa ilalim ng punong Narra. Doon, kami ay nagdarasal, naglalaan ng oras para manahimik at magnilay, at kung minsan ay naghahanap ng simbolismo at mapagkukunan ng inspirasyon sa iba pang gawain. Nakakatuwang isipin na ang mga bato na dati ay basta na lamang naming tinatapakan ay nagkaroon ng bagong saysay sa aming búhay.


## Kalikásan at Katekesis
### *Kuwentong Pedagohiya*



Ang tao ay may malalim na koneksiyon sa kalikásan. Bahagi ito ng biyolohikal at espiritwalidad ng bawat isa. Kung tutuusin, ang unang pakikipagtagpo sa Diyos ay naganap sa kalikásan tulad ng sa Paraiso, ang nasusunog na palumpong, ang punò ng igos, ang tinig ng Diyos mula sa hangin, at ang tubig na nagbibigay-búhayKung babalikan natin ang nasusulat *Genesis* (1:1-31), magkasunod na nilikha ng Diyos ang kalikásan at ang tao. Bago pa tayo nagkaroon ng sariling bakod at pundasyon ng bahay, tayo ay namuhay at patuloy na namumuhay kasama ang

kalikásan. Mula umpisa hanggang sa kasalukuyan, tayo ay kaisa na sa kalikásan. Ipinaparating sa atin ni ni Papa Francisco na sa kaniyang *Encyclical Letter* na *Laudato Si* na "ang sangnilikha (mundo) ay ang tahanan nating lahat". At kung ating iisipin, ilan sa pinakamasasayáng sandaling mayroon tayo sa ating búhay ay ang mga panahong ating ginugol sa labas kasáma ang ating mga mahal sa búhay at kaibigan (Robb & Mew, 2015).

Ang kalikásan bilang lugar ng pagkatuto ay handog sa atin na dapat pakaingatan sapagkat ang ating pagkatuto ay nagkakaroon ng kaganapan at mas malalim na kahulugan kung hindi lamang ito limitado sa apat na sulok ng ating mga silid. Nabubuo ang ating kaalaman kung may balanse sa pandama sa pamamagitan ng paggalaw at pagtunghay sa paligid at hindi sa simpleng pag-upo lamang (Robb & Mew, 2015). Katulad ng aking naibahaging karanasan, ang mga mag-aaral ay naging mas aktibo sa pakikilahok noong sila ay nasa labas sapagkat ito ay may naidulot ding maganda sa kanila.



Alinsunod dito, at ayon na rin sa mga pag-aaral, ulat at talakayan, ang kalikásan ay may epekto sa mag-aaral ng isang bata. Ayon kina Kuo et. al (2019), ang ating karanasan sa kalikásan ay maaaring mapahusay ang pag-aaral sa akademya, ang personal na pag-unlad, at ang pangangasiwa sa kapaligiran. May walong iba't ibang landasin na nag-aambag sa pag-unlad ng mga pag-aaral bilang mga tao at bilang mga tagapangasiwa sa kapaligiran:

Ang kalikásan ay (1) may nakapagpapasiglang epekto sa atensiyon; (2) nakababawas ng *stress* o págod; (3) maaaring magpatibay ng disiplina ng isang tao; (4) ay may mas mahusay na pagganyak, kasiyahan, at pakikitungo sa kapuwa; (5) nakatutulong din ang kalikásan upang

tayo ay magkaroon ng malusog na pangangatawan.; (6) nakapagbigay nang mas kalmado, mas tahimik, at mas ligtas na mga kaparaanan; (7) mayroon itong *pro-social effect* sapagkat ito ay nagtataguyod nang mas malalim at higit na sa kapuwa; at panghuli, (8) ang likás. Nakakatulong sa pagiging malikhain mas napapaunlad nito ang kakayahan natin sa paglutas ng mga problema na nakabase sa realidad dahil ang proseso ng pag-aaral ay nagaganap hindi lamang sa tradisyonal na kaparaanan at ang mga mag-aaral ay nagkakaroon ng pagpapahalaga sa kalikásan at sa pagpapanatili ng kagandahan ng kapaligiran.

Bagama't mahalaga na tayong mga gurong katekista ay may maayos na lugar sa pag-aaral, hindi maikakaila ang magandang epekto ng kalikásan sa pag-aaral. Halimbawa na lamang sa pagninilay. Bilang isang katekista, hindi mawawala ang bahaging ito sa ating pagtuturo ng katekesis. Sa halip na tayo ay manatili sa loob ng silid, bakit hindi natin bigyan nang higit na pagkakataon ang mga bata na maunawaan ang *Salita ng Diyos* at ang mga turo ng Simbahan sa pamamagitan ng kalikásan? Sa halip na sila ay bumuo ng imahinasyon sa kanilang isipan, bakit hindi natin hayaan ang mga mag-aaral na magkaroon ng malalim na pag-unawa sa tulong ng kalikásan? Ayon nga kay Christian (2017), ang pagkakatuto kasama ang kalikasan ay nakakatulong upang maisakatuparan ang layunin ng makakristiyanong edukasyon.Nakakatulong ito na mas mapalalim ang konektsyon ng tao sa Diyos. Sa katunayan, meron din ilang paaralan na ginagamit ang kalikasan upang maituro ang mga Jewish Spirituality at upang mas mapalawak ang pagkaunawa sa mga katuturan at tradisyon (Lane, 2021).



Katulad ni Hesus, hindi lamang Siya nagturo sa loob ng templo. Nangaral din Siya at nagpalaganap ng Kaharian ng Diyos kasama ang kalikásan. Nagturo siya sa dalampasigan ng lawa at dagat, sa mga bundok, at sa mga kapatagan.

Huwag nating limitahan ang ating lugar ng pagkatuto. Ang kalikásan ay likás na kasama natin sa prosesong ito.

Katulad ni Hesus, hindi lamang Siya nagturo sa loob ng templo. Nangaral din Siya at nagpalaganap ng Kaharian ng Diyos kasama ang kalikásan. Nagturo siya sa dalampasigan ng lawa at dagat (Mc. 2:13, Mc. 4:1, Lu. 5:3, Mt 13:1), sa mga bundok, at sa mga kapatagan (Mc. 3:13, Lc. 6:1, Mt. 5:1-12, Mt.8:1). Ginamit din niya ang kalikasan sa Kaniyang mga parabula (Mt. 13:1-9, Mt. 13:31-32) at pagpapakilala sa sarili (Jn. 8:37-38, Jn 8: 12, Jn. 15:1). Huwag nating limitahan ang ating lugar ng pagkatuto. Ang kalikásan ay likás na kasama natin sa prosesong ito sapagkat ang kalikasan ay nakakaapekto din sa ating makakalikasan na pag-uugali (Otto&Pensini, 2017).

## Ang mga Kapatid ni Kiko
***Kuwento ng Kabanalan***



Isang halimbawa ng malalim na ugnayan ng kalikásan at ng tao ay si **San Francisco ng Assisi**. Kilalá siya bilang Patron ng Ekolohiya, ng mga hayop, at ng mga mangangalakal. Ang kaniyang malalim na ugnayan sa kalikásan ay hindi lamang dahil sa simpleng paggugol ng oras sa kalikásan kundi itinuring niya ang kalikásan bilang kasáma, kabahagi, at kapamilya ("St. Francis of Assisi", 2021).


Sa isang kuwento tungkol kay **San Francisco**, sinasabing nangaral siya sa daan-daang ibon tungkol sa kaniyang pasasalamat sa Diyos sa lahat ng biyayang kaniyang natatamasa. Sinasabi sa kuwento na ang mga ibon ay nakatayo lamang habang naglalakad siya sa gitna ng mga ito. Lumipad lamang ang mga ibon nang sinabi niyang maaari na silang umalis. Ang isa pang tanyag

na kuwento tungkol kay **San Francisco** ay nagsasangkot sa isang lobo na kumakain ng mga tao. Kinausap ni **San Francisco** ang lobo at naging maamo ito sa kaniya at inalagaan pa siya ng buong komunidad. Tunay ngang mahal ni **San Francisco** ang kalikásan ("St. Francis of Assisi: Saints & Angels", 2021)  .

Ngunit ang malalim na ugnayang ito ay hindi lamang nangyari nang biglaan. Ito ay bunga ng kaniyang mataimtim na pagdarasal at pagninilay kasama ang kalikásan. Ang paglalaan ng oras at pakikipamuhay sa kalikásan ang nagbigay-daan kay **San Francisco ng Assisi** upang matuklasan na ang araw, buwan, mga bituin, hangin, apoy, tubig, mga bulaklak, at iba pang nilalang ay kaniyang mga kapatid ("St. Francis of Assisi", 2021). Ang kaniyang panalangin na kilalá sa tawag na *"Canticle of Brother Sun and Sister Moon"* ay isang patunay rito.

Tulad ni **San Francisco**, tanggapin natin ang kalikásan bilang isang kapatid na nagtuturo sa atin. Sa isang pamilya o grupo, lagi tayong may kinikilalang "kapatid" na siyang tumutulong sa atin upang mas mapalawak natin ang ating mga kaalaman. Ituring nating kapatid ang kalikásan na siyang magtuturo sa atin ng mas malawak na pagkaunawa tungkol sa Diyos. Mas napalalim ni **San Francisco** ang kaniyang pagmamahal sa Diyos dahil sa kalikásan. Tularan natin ang kaniyang mabubuting halimbawa.

Ayon sa Aklat ni Job 12: 7–10, "Sa mga hayop at mga ibon, ika'y may matututuhan, magtanong ka sa kanila, at ikaw ay tuturuan. Kausapin mo ang lupa at ikaw ay tuturuan, magpapahayag sa iyo ang mga isda sa karagatan. Silang lahat ay nakakaalam na ang Diyos ang sa kanila'y lumalang. Ang Diyos ang nagpapagalaw sa lahat ng bagay. Ang búhay ng bawat isa ay nasa kaniyang mga kamay."



# Ang Kalikásan Tungo sa Kalakasan
## *Malikhaing Katekesis*

Ang pagkatuto na nakaayon sa kapaligiran ay isang paraan ng pagtuturo. Sa katunayan, ang pag-aaral sa labas ng silid ay makakatulong sa atin upang magkaroon ng lugar para sa pagninilay o ang tinatawag na *contemplative space*. Ang pagkakaroon ng ganitong lugar sa labas ng silid ay makakatulong sa atin na makapagmuni-muni at magkaroon ng aktibong pakikilahok. Maaaring ang mga bata ay lumikha ng mga tula, kanta, at piyesa na sumasalamin sa kanilang karanasan.


Unawain ang isang halimbawa ng aktibidad na nagpapakita ng pagkatuto sa kalikásan.

| | |
|---|---|
| **Paksa** | Ang Sampung Utos ng Diyos |
| **Materyales** | *Bibliya*, instrumental na musika |

- Dalhin ang mga bata sa isang lugar na malápit sa kalikasan, maaaring ito ay sa isang hardin ng paaralan, o sa isang bahagi ng paaralan na may punò o halaman na malayo sa ingay.

- Bago magtungo sa lokasyon, bigyan ng pangkalahatang tagubilin ang mga mag-aaral katulad ng mga gámit na dadalhin at eksaktong lugar na pupuntahan. (Mahalagang mabigyan ang mga bata ng tamang panuto upang mas maging epektibo ang gagawing aktibidad.)

- Sa lugar ng pagninilay, bigyan ng ilang minuto ang mga mag-aaral na magmasid sa kapaligiran. Ang pagmamasid sa lugar ng pagninilay bago mag-umpisa ang gawain ay makakatulong upang maging panatag at komportable ang mga bata sa lugar.



- Bilang panimula, basahin ang *Mabuting Balita* ayon kay San Mateo (Mateo  22:34-40). Maaaring ito ay basahin ng indibidwal kung ang lahat ng bata ay may *Bibliya* o kaya naman ay ng isang mag-aaral na magbabasá para sa lahat.

- Basahin nang dalawang beses ang kasulatan. Ito ay upang mas mabigyan ng pagkakataon ang mga bata na maunawaan ang tekstong binása.

- Matapos magbasá:

    - □ Magmasid sa kapaligiran. Humanap o pumili ng dalawang bagay sa kalikásan na nagpapakita ng katangian ng dalawang pinakadakilang utos ni Hesus. Bakit ito ang iyong napili?

    - □ Anong katangian ng kalikásan ang mayroon ka na nagiging daan upang sundin mo ang utos ng Diyos?

    - □ Ibahagi ang iyong pagninilay sa buong klase.


- Ang mga bata ay maaaring maglakad-lakad o maglibot habang nagninilay. Maaaring magpatugtog ng *instrumental music* habang ito'y ginagawa.

- Ang pagbabahagi ay gagawin din sa lugar ng pagninilay. Ang pagbabahagi ay maaaring gawin sa pamamagitan ng pagsasalaysay, pagtula o pagkanta ayon sa naging bunga ng kanilang pagninilay.

- Bilang pagtatapos, ang buong klase ay magtitipon sa gitna ng lugar ng pagninilay at doon ay ipagdarasal ang isa't isa na makasunod sa mga utos ng Diyos.

Ang gawaing ito ay maari ring ipagpatuloy sa loob ng silid-aralán. Maaaring gumawa ang mga bata ng *acronym* ng kanilang natutuhan tungkol sa paksa batay sa napili nilang simbolismo. Halimbawa, maaaring ang napili ng isang mag-aaral na simbolismo ng utos ng Diyos ay ugat ng punò sapagkat katulad ng ugat ng punò, ang mga utos ng Diyos ay nagpapatatag sa lupa upang maiwasan ang pagguho nito. Ang utos ng Diyos ang nagpapatatag sa ating kagustuhan na sumunod sa Kaniyang kalooban at huwag mahulog sa kasalanan. Bilang pagpapatuloy, ang salitâng UGAT o PUNO ay maaaring maging *acronym* ng kaniyang natutuhan tungkol sa utos ng Diyos.

**P** agsunod sa utos ng Diyos ay isang misyon
**U** pang maipalaganap ang kaniyang pag-ibig
**N** akabibighani ang biyayang ito
**O** ras na upang ingatan ito bilang mga lingkod



Ang pagkakaroon ng koneksiyon sa kalikásan ay isang oportunidad sa atin upang tayo ay mas mapalapít sa Diyos. Ang pagkakaroon ng ugnayan sa kalikásan ay makakatulong din upang mas maunawaan natin ang ating responsibilidad at tungkulin bilang mga tagapangasiwa ng sangnilikha. Huwag nating hayaan na tayo ay mapalayô sa kalikásan sapagkat para na rin tayong napalayo sa ating pamilya at sa Panginoong Lumikha.

# Panalanging Kateketikal

*Amang Makapangyarihan at Tagapaglikha,*
*Pagkalooban Niyo po kami ng biyaya ng*
*Pagmamalasakit at pagmamahal*
*Sa lahat ng Iyong mga nilalang.*
*Turuan Niyo po kaming gumalang*
*Sa Inang Kalikasan,*
*Na sa inspirasyon ng búhay*
*Ni* ***San Francisco ng Assissi****,*
*Maunawaan nawa namin ang tunay*
*Na kahulugan ng Iyong mga likha.*
*Gawin Mo po kaming kumakalingang*
*Tagapagtanggol ng katekesis ng kalikasan.*
*Amen.*

*- Clarence M. Batan, NCS 2021: PARI Project*



# Mga Sanggunian


Catholic Online. (2021). St. Francis of Assisi: Saints & Angels. Retrieved from https://www.catholic.org/saints/saint.php?saint_id=50

Christian, B. (2017). Nature-based learning in Christian schools: Essential element or optional extra? *Journal of Christian Education*, 11(1), 21-27.


Kuo, M., Barnes, M., & Jordan, C. (2019). Do Experiences With Nature Promote Learning? Converging Evidence of a Cause-and-Effect Relationship. Frontiers In Psychology, 10. https://doi.org/10.3389/fpsyg.2019.00305

Lane, D. (2021). *Religious Spirituality Made Visible Through Nature.* Retrieved from https://natureexplore.org/religious-spirituality-made-visible-nature/

Otto, S., & Pensini, P. (2017). Nature-based environmental education of children: Environmental knowledge and connectedness to nature, together, are related to ecological behaviour. *Global Environmental Change*, 47, 88-94.

Praying Nature. (2021). *St. Francis - A Guide for Nature Lovers & Ecologists.* Retrieved from http://www.praying-nature.com/site_pages.php?section=Guide+for+Nature+Lovers

Robb, M., & Mew, V. (2015). *Learning with Nature.* Retrieved from https://www.edutopia.org/blog/learning-with-nature-marina-robb-victoria-mew



# Kabanata 13
# Katahimikan

***Abigael Maitim-Padilla***
*Orihinal na isinulat sa English at*
*isinalin sa Filipino ni* ***Jio Savillo Orense***

## Ang Tinig ng Diyos sa *Kuwentong Katekista*



Nagsimula ang lahat sa tanong na, "Gusto mo bang magboluntaryong magturo ng lingguhang katekesis sa ating kapilya?"

Sa katahimikan ng aking puso, narinig ko ang tawag ng Diyos. Dito nagsimula ang aking kuwentong katekista,sa pagninilay-nilay at pagpili sa pagsunod sa Kaniya. Kayo rin ba?

Nagsisimula ang lahat ng desisyon at aksiyon sa pamamagitan ng pagninilay-nilay, repleksiyon, paghinto sa ginagawa, at pagtahimik. Nagiging makabuluhan ang gagawin at sasabihin kung ito ay pinag-isipan muna nang mabuti. Lumalalim ang ugnayan sa Diyos sa pamamagitan ng taimtim na pagdarasal. Dito papasok ang pedagohiya ng katahimikan. Nagagamit ko ito hindi lamang sa loob ng klase kundi pati na rin sa pang araw-araw na pamumuhay. Natutulungan ako nito upang makapag-isip nang tama, makapagdesisyon nang nararapat at ayon sa ikabubuti ng nakakarami, makilala nang higit ang aking sarili, at higit sa lahat, makapagdasal nang payapa.

Ang katahimikan ay mahalagang pegadohiya sa aking pagtuturo. Sa mahabang panahon ng pagtuturo ko ng



katekesis – simula noong ako ay nasa mataas na paralan pa lamang hanggang sa magkolehiyo at maging guro – hindi nawala sa aking gawain ang *moment of silence*, ang paghinto sa pagtuturo, upang pagnilayan ang *Salita ng Diyos* at turo ng Simbahan, at makapagdasal nang taimtim. Ang metodong ito ay natatangi sapagkat hindi lahat ng asignatura ay pinipili na maging tahimik ang klase. Pero para sa akin, ito ay napakahalagang gawain upang matulungan ang mga mananampalataya na matutong tumahimik, makinig, at magnilay-nilay ayon sa kanilang karanasan.

Sa panahon ngayon na masyado nang maingay ang daigdig, sinusubukan kong bigyan ang mga mag-aaral ng panahon upang tumahimik; na magkaroon ng oras upang magnilay, madama, at maisabúhay ang *Salita ng Diyos*.

## Katahimikan at Katekesis
### *Kuwentong Pedagohiya*

Ang epektibong katekesis ay maisasakatuparan kapag ang mga katekista ay gumagamit ng iba`t ibang metodo upang maisali at maisangkot ang mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto (Nelson et al., 2013) at isa na nga sa mga ito ay ang katahimikan. Ang katahimikan ay madalas na ginagamit sa pagdarasal at pagbubulay-bulay ngunit hindi palagi sa pagtuturo. Ang katahimikan ay maaaring maging isang pamamaraan sa pagtuturo sapagkat sa





katahimikan ay naaanyayahan natin ang ating mga mag-aaral na huminahon, magbulay-bulay sa kanilang nararamdaman, at makagawa ng sariling repleksiyon (Vassilopoulos & Konstantinidis, 2012). Ito ay isang sandali para namnamin nila ang Ebanghelyo o Magandang Balita na kanilang natanggap.

Palagi ko itong naririnig at paulit-ulit ding sinasabi na sa katahimikan ng kapaligiran, puso at isip, naririnig ng isang tao ang tinig ng Diyos. Ang pamamaraang ito ay makikita din sa búhay ni Hesus. Nang Siya ay humiwalay sa mga tao, napag-isa siya sa piling ng Diyos at nanalangin (Lucas 4:12, 14-15, Lc 5:16, Lc 6: 12-13, Lc 22: 39-44, Mat. 14: 1-13, Mar 1:12, Mar 3:13, Mar 6: 30-32, 6:46). Ito ay isang mahusay na kasanayan upang turuan ang mga mag-aaral na bumuo ng isang malapít na ugnayan sa Diyos. Binibigyan sila ng pagkakataong huminto nang panandalian at makausap ang Diyos nang taimtim. Isang sesyon na tatahimik sila, magdarasal, at magmumuni-muni sa mga nakaraang araling natutuhan.

Sa kontekstong pang-edukasyon, ang isa sa mga batayan ng proseso ng pag-aaral ay ang pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral sa guro sa pamamagitan ng talakayan. Ang pinakakaraniwang aktibidad ay ang pagbabahagi ng gawain, mapapares o pangkatan. Sa ganitong paraan, nahihimok ang mga mag-aaral na makipag-usap sa kanilang mga kaklase (Ollin, 2008). Ito ay isang huwarang proseso ng pag-unlad para sa mga mag-aaral ngunit mahalaga ding isípin at pag-aralan ang kanilang mga salita at sagot bago magtalakayan. Sa puntong ito papasok ang katahimikan.


Ang katahimikan ay isa sa mga naisasantabing pedagohiya sa pagtuturo. Ito ay higit pa sa pagiging


tahimik ng silid-aralan. Ito rin ay isang uri ng pagpapahinga o pagkalma upang magawa ng mga mag-aaral na maunawaan ang mga ideyá, mapagnilayan ang mga ito, at makuha nang tama. Nakatutulong din ito sa kanila upang makapagpokus, magkaroon ng disiplina, at makapag-isip ng mga ideyá. May iba't ibang paraan upang maipatupad ang tahimik na pedagohiya tulad ng pagsulat, pagguhit, yoga, atbp. (Ollin, 2008). Ang katahimikan ay nagbibigay ng kapayapaan, bumabawas ng *stress*, mas nagpapakilala ng sarili, nagtuturo ng pagkontrol sa emosyon upang maging matatag, nagbubukás sa kamalayan sa nangyayari sa paligid, at nagpapabuti ng konsentrasyon (Hyde et al., 2014). Ang pamamaraang ito ay isang magandang pagkakataon para sa mga mag-aaral na mapagnilayan ang kanilang personal na búhay, o búhay-pananampalataya.

Ayon kay Pope Emeritus Benedict XVI (2012), *"Only in silence can the word of God find a home in us, as it did in Mary, a woman of the word and, inseparably, a woman of silence."* Sinabi ng dáting Santo Papa na kapag walang katahimikan, ang isang tao ito ay hindi makakarinig, makakaunawa, at makakatanggap ng bagong salita. Iyon ang dahilan kung bakit mahalaga na maituro ang totoong kahalagahan ng katahimikan.

Ang layunin ng katahimikan ay makinig sa tinig ng Diyos. Ayon kay San Benito ng Nursia, "Makinig, O anak ko, sa mga turo ng iyong Panginoon at ihandog ang tenga ng iyong puso." Ang katahimikan ay maaaring humantong sa mga sandali ng pagdarasal at ito rin ay tumutulong upang mabuo ang kabutihan ng pagbabantay. Pinapataas din nito ang ating karunungan at nagbubukas ng ating mga puso sa Diyos (Gorss, 2017).

Para kay Santa Teresa ng Calcutta, "ang bunga ng katahimikan ay panalangin.... At ang Diyos ay nagsasalita sa






katahimikan ng ating puso". Tungkulin ng katekesis na turuan ang mananampalataya sa pagdarasal at palalimin pa ang pagiging Kristiyano" (Directory for Catechesis, 2020, 86). Mahalaga ring maipakita ng tagapagturo ng relihiyon sa kaniyang mismong búhay ang pedagohiyang ito (sinipi ni Berryman sa Hyde et al., 2014). Bilang mga katekista, mahalagang magkaroon tayo ng oras pagmumuni-muni ng pagdarasal sa klase. Isang araw ng katahimikan na magpapahintulot sa mga mag-aaral na marinig ang tinig ng Diyos. Kahit sa panahon ni Hesukristo, "nagpunta siya sa isang lugar kung saan siya maaaring mag-isa; doon ay nanalangin siya" (Marcos 1:35). Katulad din ito ng búhay ni San Jose. Siya ay isang tahimik na tao sa Ebanghelyo. Wala kang mababásang salita na nagmula sa kaniya kundi sinunod niya ang kalooban ng Diyos sa pamamagitan ng mga kilos (Mateo 2: 13-15, 2:23). Turuan natin ang ating mga mag-aaral na makinig sa Diyos nang may katahimikan.

Isa sa mga gawain ng katekista ay maihanda ang mga mag-aaral sa isang mataimtim na panalangin na hahantong sa pagtahimik ng kanilang mga puso at isipan upang mula dito ay maituon nila ang kanilang pananampalataya kay Hesus (CCC 2715). Ang mapanlikhang panalangin ay "ang pinakapayak na pagpapahayag ng misteryo ng panalangin" (CCC 2713). Para kay Santa Teresa ng Avila, ang mapanimdim na pagdarasal ay "walang iba kundi ang isang malapít na pagbabahagi sa pagitan ng mga kaibigan; nangangahulugan ito ng paglalaan ng oras upang mapag-isa sa Kaniya (Hesus) na alam nating mahal tayo" (CCC 2709).

Ang panalangin ay hindi lamang pagpikit at pagkausap

sa Diyos sa katahimikan ng iyong puso. Maaari kang gumawa ng tahimik na pagdarasal habang gumuguhit, nagpipinta, nag-uukit, nagsusulat, nagta-*type*, nagpapadala ng mensahe sa *text* o *messenger*, atbp. (Ollin, 2008). Maaari mo ring gawin ang ehersisyo sa pakikinig at ehersisyo sa paghinga.

Maglaan ng isang araw na tatahimik ang mga mag-aaral habang ginagawa ang kanilang mga gawain upang ipahayag ang kanilang natutuhan sa nakaraang talakayan, pangunahin sa pamamagitan ng panalangin. Magtakda ng isang kalmadong kapaligiran na hihikayat sa mga mag-aaral na magkaroon ng isang mapanlikhang panalangin sa Diyos. Ito rin ay isang mahusay na pagtatasa upang makilala kung may natutuhan sila mula sa talakayan.



# Ang tahimik na Búhay ni San Benito
## *Kuwento ng Kabanalan*




Si **San Benito ng Nursia** ay ipinanganak sa taóng 480 A.D. at namatay noong 547 A.D. Ang kapistahan niya ay tuwing Hulyo 11. Kakambal niya si Santa Scholastica.

Kilalá si **San Benito** sa *motto* na *"Ora et Labora"* (Dasal at Paggawa). Sinubukan niyang balansehin ang pagtatrabaho at pagdarasal sa loob ng kaniyang monasteryo. Bago siya naging maipluwensyang monghe, siya muna ay nag-isa sa kuweba sa bundok ng Subiaco sa loob ng tatlong taon. Naranasan niya roon ang kapayapaan at katahimikan ng mundo. Pinanatili niyang tahimik ang kaniyang búhay sa kuweba habang nagmumuni-muni ng *Salita ng Diyos*. Kahit siya ay nasa loob ng kuweba, maraming táong pumunta sa kaniya upang humingi ng gabay espirituwal kaya siya ay lumabas sa kuweba at nagtayo ng monasteryo sa lugar na iyon.

Para magabayan ang mga monghe, si **San Benito** ay nagsulat ng *Holy Rule* na tumulong na magkaroon ng búhay na nakasentro kay Hesukristo at mapatakbo ang monasteryo nang tama. Sa ikaanim na kabanata ng kaniyang libro ay binigyang-diin ni **San Benito** ang kahalagahan ng katahimikan.

Sa monasteryo ng mga *Benedictine*, sila ay may oras para magdasal, magbulay-bulay ng *Salita ng Diyos*, at magbasá ng mga *Banal na Kasulatan*. Sabi ng isang mongheng *Benedictine*, mayroon silang itinalagang oras para tumahimik at mapag-isa. Madalas, ito ay nangyayari sa gabí, sa loob ng kanilang silid.

Tama si **San Benito**. Hindi ka makakapakinig kung ikaw ay nagsasalita palagi. Kaya para sa kaniya ay mahalaga ang pananahimik. Ang unang pangungusap sa kaniyang libro na makikita sa *prologue* ay, *"Listen with ear of your hearts"*. Ang Diyos ay nagsasalita sa atin sa Banal na *Bibliya* at sa kaibuturan ng ating puso. Kung patuloy tayong magsasalita, hindi natin ito maririnig.

Para kay **San Benito**, sa katahimikan tayo matututo kung paano sasagutin at haharapin ang pang-araw-araw na pangangailangan ng búhay. Lumalawak ang ating karunungan sa katahimikan (Arce, 2021). Ang búhay ni **San Benito** ay isang magandang halimbawa ng kahalagahan ng pagbabalanse ng búhay upang magtrabaho, magdasal, at tumahimik. Huwag nating kalilimutan ang kaniyang sinabi sa kaniyang libro ng *Holy Rules, "Strive for silence"* (42)*, we are called to have a love for silence; it's incredibly healthy and spiritually beneficial* (4) (Fry, 1981)*.*

Tandaan na ang katahimikan ay nagbibigay ng kapayapaan, malinaw na pag-iisip, at kaayusan. Kaya maglaan tayo ng oras sa ating araw upang tumahimik at makinig sa *Salita ng Diyos* na tumatawag sa atin.




## Tahimik na Paligid, Palalim na Katekesis

***Malikhaing Katekesis***

### Tandaan

Matapos maituro ng katekista ang aralin tungkol sa Sampung Utos ng Diyos, gagawin ang mga aktibidad na nagmumuni-muni upang mapalalim ang talakayan.

| | |
|---|---|
| **Paksa** | Ang Sampung Utos ng Diyos |
| **Layunin** | Ang pag-unawa sa pamamagitan ng pagninilay sa mga gawain at panalangin na ang pag-ibig sa Diyos at sa iba ay nangangahulugan ng pagsunod sa mga utos ng Diyos. |
| **Pagpapahalaga** | Katahimikan |
| **Oras** | Isang oras |
| **Lugar** | Maaaring sa loob o sa labas ng silid-aralan |



## Bago magsimula ang aktibidad

1. Sabihin agad sa mga mag-aaral ang gagawin sa susunod na pagkikita upang sila ay magkaroon ng ideyá at maihanda nila ang kanilang sarili at mga dapat gamitin.

### Mga dapat dalhin

- *Bibliya*
- *Art Materials*

2. Pagpasok sa silid-aralan, ibigay ang lahat ng tagubilin bago simulan ang aktibidad upang maiwasan na magsalita ang katekista habang ginagawa ang aktibidad at upang malaman kung may tanong ang mga mag-aaral tungkol dito.

### Mga dapat tandaan

- Ang lahat ay inaanyayahang tumahimik sa loob ng isang oras habang ginagawa ang aktibidad.

- Hindi maaring magtanong o makipag-usap sa kapuwa mag-aaral at kahit sa katekista. Ito ay panahon upang makapag-isa at matapos ang lahat ng aktibidad nang tahimik.

- Ipapasa ang lahat ng ipinagawa ng katekista sa susunod na pagkikita.

3. Sabihin din ang magiging daloy ng aktibidad upang maging tuloy-tuloy ang gawain. Maganda din kung bibigyan ng kopya ang mga mag-aaral ng daloy ng aktibidad upang maging gabay habang ginagawa ito.

## Habang nangyayari ang aktibidad


1. Maaaring magpatugtog ng mahinahong musika para manatiling mahinahon ang kapaligiran. Puwede ring walang musika.

2. Maaaring baguhin ang ayos ng silid-aralan na mas komportable ang mga mag-aaral. Puwede ring lumabas sa silid kung may pagkakataon. Ito ay panahon upang makapag-reflect.

3. Kung lalabas ng silid-aralan, siguruhing magtatakda ng lugar na madaling mapupuntahan ang katekista at makikita ang mga mag-aaral. Huwag kalimutang sabihin sa lahat na bumalik sa silid-aralan limang minuto bago matapos ang klase.

## Pagkatapos

1. Walang sasabihin sa pagtatapos. Hihintayin lang ang susunod na guro bago umalis sa loob ng silid-aralan.



## Daloy ng Aktibidad

1. **Ang unang bahagi ng *Lectio Divina*:** Sa katahimikan, basahin ang kuwento ng Sampung Utos (Exodo 20: 1-17).

    **Panuto**

    - ◻ Matapos basahin ang naibigay na sipi, pumili ng isang salita / parirala na pinakanagbigay ng *impact* sa iyo. (Huminto nang dalawang minuto)

    - ◻ Basahin ang sipi ng *Bibliya* sa pangalawang pagkakataon, pagkatapos ay manahimik at makinig sa tinig ng Diyos. Pansinin kung ano-anong saloobin, damdámin, at pagsasalamin ang nabubuo sa loob mo. (Huminto nang tatlong minuto).

2. **Sandali ng Katahimikan**

    - ◻ Aling utos ang maituturing mong pinakamahirap sundin? Bakit?

    - ◻ Ano ang pinakamabisang maaari mong gawin para masunod ito?

3. **Tahimik na Gawain:** Maaaring sagutin ng mag-aaral ang aktibidad na ito sa pamamagitan ng pagsulat o pagguhit.

    - ◻ Mag-isip ng pang-araw-araw na sitwasyon sa búhay na lumalabag sa Sampung Utos ng Diyos pagkatapos ay magpakita ng isang solusyon upang maitama ang mga ito.

4. **Pagpapatuloy ng *Lectio Divina* (Ikalawang Bahagi)**

**Panuto**

- Basahin ang sipi ng *Bibliya* sa ikatlong pagkakataon, pagkatapos ay magdasal nang tahimik. (Huminto nang apat na minuto).

- Basahin ang sipi ng *Bibliya* sa ikaapat na pagkakataon, pagkatapos ay magpahinga sa presensiya ng Diyos sa mga saloobin at repleksiyon. Makipag-usap sa Diyos sa pamamagitan ng katahimikan. (Huminto nang limang minuto).

## Panalanging Kateketikal

*Dakilang Tagapaglikha ng tinig, tunog, at awit,*

*Ipadala Mo po ang malambing na*

*Ihip ng hanging yayakap sa aming misyong kateketikal.*

*Yakapin nawa kami ng Iyong mapagmahal na himig*

*Na hanggang ang lahat ay tumigil at manahimik.*

*Sa tulong at gabay ni* ***San Benito****,*

*Pagkalooban Mo po kami ng*

*Kabanalang regalo sa aming mga gawaing katekesis*

*Na nagpupuri't nagpapasalamat*

*Sa gitna ng biyaya ng Iyong katahimikan.*

*Amen.*

*- Clarence M. Batan, NCS 2021: PARI Project*

# Mga Sanggunian


Arce, K. F. (2021). On Silence in the Rule of St. Benedict. *Obsculta*, 14(1), 116-132. Retrieved from https://digitalcommons.csbsju.edu/cgi/viewcontent.cgi?article=1239&context=obsculta

Catholic Church. (1997). *Catechism of the Catholic Church.* Revised in accordance with the offical Latin text promulgated by Pope John Paul II Washington, D.C.: United States Catholic Conference.

Gorss, D. (2017). *Four ways to Encourage Silence.* Catechist's Journey. Retrieved from https://catechistsjourney.loyolapress.com/2017/03/four-ways-to-encourage-silence/

Hyde, B., de Souza, M., & Kehoe, T. (2014). The sound of silence: Stillness and quiet—a case study of the role of Christian meditation in children's prayer life. *Journal of Religious Education*, 62(1), 39-49.


Nelson, S., Beaudoin, M., & Maro, R. (2010). Five Core Methodologies for Catechesis. *New Theology Review.*


Ollin, R. (2008). Silent pedagogy and rethinking classroom practice: Structuring teaching through silence rather than talk. *Cambridge Journal of Education*, 38(2), 265-280.

Pontifical Council for the Promotion of the New Evangelization. (2020). *Directory for Catechesis*: Word and Life Publications.

Pope Benedict XVI. (2012). General Audience of 7 March 2012. Retrieved from https://www.vatican.va/content/benedict-xvi/en/audiences/2012/documents/hf_ben-xvi_aud_20120307.html

Vassilopoulos, S., & Konstantinidis, G. (2012). Teacher use of silence in elementary education. *Journal of Teaching and Learning*, 8(1).



# Kabanata 14
# Talambúhay

*Mc Kyle F. Vilaz*

## Mga Banal na Talambúhay
***Kuwentong Katekista***

Sa Mama ko unang narinig ang talambúhay ng ating Panginoon. Sa kaniya rin ako unang namulat sa kuwento tungkol sa mga santo. Sa madaling sabi, siya ang unang katekistang nagpakilala sa amin ng pananampalatayang Katoliko. Sa aking pagkamulat marahil nag-ugat ang hilig ko sa pagbabasá ng talambúhay ng mga santo sa kabila ng mura kong edad. Naalala ko pa na sa pagkamangha ko sa mga kuwento nila, gumawa ako ng sarili kong *lives of the saints compilation* na base sa aking mga nabása, sa mga ibinahagi sa *religion class* ng aking guro, at sa pagkukuwento ng aming butihing *principal* sa tuwing natatapos ang aming morning rosary. May pa-*Once Upon a Saint* si Sister. Manghang-mangha ako sa mga kuwentong-búhay ng mga santo, lalo na sa mga pamamaraan kung paano sila namuhay nang banal. Aliw na aliw ako sa mga milagrong nagawa nila, na sa aking imahinasyon, ay talaga namang nakamamangha at di-pangkaraniwan.




Ngunit dumating din sa puntong may mga talambúhay na walang kuwentong milagro kundi kuwento ng kadakilaan at katapatan. Nasa ikaapat na baitang ako noon at hinding-hindi ko maalis sa aking isipan ang mga salitang binitawan ni San Lorenzo Ruiz noong

siya ay pinahihirapan ng mga Hapones na nakahuli sa kaniya. Wika niya, "Ako ay Katoliko at buong-puso kong tinatanggap ang kamatayan para sa Diyos. Kung mayroon akong isang libong búhay, iaalay ko lahat nang ito para sa Kaniya."

Hindi ko mawari kung bakit sadyang ganoon na lang ang aking paghanga sa mga salitang binitiwan niya. Iyong pagkaaliw ko sa mga kuwentong milagro ay naroon pa rin ngunit mas hinahanap ko na ang kung ano ang kanilang mga ginawa, naibahagi, at naipakitang katapatan.

Sa pamamagitan ng talambúhay ng mga santo na pinag-aralan namin sa *religion classes*, sa mga nabása ko sa aming aklat-aralin, at sa pagkukuwento ng aming butihing *principal* na madre tungkol sa búhay, kadakilaan, at milagro ng mga santong dáting mga makasalanan ngunit binago ng kanilang pagkakakilala at pagkatuto sa mga aral ng Panginoong Hesus, nakahugot ako ng lakas, saligan, at inspirasyong nagpatotoo sa kadakilaan at katotohanan ng ating pananampalataya sa Panginoong Hesukristo. Ang talambúhay ng mga Santo ang siyang sumasaksi na ang Panginoong Hesus ay buháy at masigasig, patuloy na humihipo at nagpapabago sa mga táong tumutugon sa kaniyang panawagan. Ipinapahiwatig din ng kanilang mga talambúhay na kung nagawa nila, marahil magagawa din natin.

Dahil dito, sa aking pagtuturo sa unibersidad ng pananampalataya, pagmamahalan at pagkakaisa, sinisikap kong maisama o mabanggit ang mga kuwento ng mga banal na ehemplo – ang mga santo. Sila ang nagpapatunay na ang mga turo o aral na natututuhan natin mula sa pagbabása at pagninilay sa talambúhay ng ating Panginoong Hesus sa mga Ebanghelyo ay nagpapalaya sa atin mula sa mga bagay na humahadlang sa pagkakamit ng tunay at walang hanggang



kapayapaan at kaligayahan na sa Pangingoong Diyos lamang matatagpuan. Ika nga ni San Agustin "Ako ay papayapa lamang sa piling mo (O Diyos)."

## Talambúhay na Nakapagpapabago ng Búhay
***Kuwentong Pedagohiya***

Kung walang talambúhay na naisulat o nailathala, ano kaya ang mapagkukunan natin ng leksiyon na mag-uudyok, hihikayat, at magbibigay-inspirasyon sa atin na harapin ang mga hámong nadaig na ng iba? Kung walang nakapagkuwento ng mga kaganapan sa kasaysayan, ano kaya ang kondisyon ng mundo ngayon? Malamang, walang kasaysayan.




Marahil, ganoon din, kung walang naging masugid na tagapagtalâ at tagapagpahayag ng kuwento ng ating Panginoon Hesus at ng mga sinaunang Kristiyano, malamang, ang pananampalatayang Kristiyano ay wala na. Magiging isa itong alalaang natuldukan sa oras na nabigo itong ibahagi ang mga kuwentong-pananampalataya at mahahalagang pangyayaring pinagmulan nito. Sadyang napakalaking pagpapala ang iginawad ng Diyos sa atin sapagkat sa buong dalawang libong taon ng pag-iral ng Simbahang Katolika, ang talambúhay ng mga tapat na Kristiyano na namuhay nang banal - ang mga santo - ay sumasalamin sa katotohanan at kapangyarihan ng Ebanghelyo na magpalaya, magbago, at magbigay-sigla sa búhay ng mga mananampalataya. Ang kanilang mga talambúhay ay tumatatak sa kaluluwa katulad ng espiritwal na lebadura:


Kaya masasabi nating tunay nga na ang ang ating pananampalatayang Katoliko ay isang pananampalatayang buháy dahil sa mga huwarang nag-

alay ng kanilang búhay upang ipakilala at palaganapin ito. At ang kanilang talambúhay ay kuwento ng mga makasaysayang personalidad at kaganapan na siyang nagpapatotoo na tunay ngang tayo ay nakukubkob ng makapal na bilang ng mga saksi (Heb. 12:1) na patuloy na nagsisilbing gabay at batayan natin sa pagharap sa mga hámon at pag-uusig sa ating pananampalataya.

Bagama't napakahalagang maibahagi ang doktrina sa ating mga mag-aaral, tayo ay manganganib kung ang doktrina lamang ang nag-iisang magiging tuon ng pagbabahagi ng pananampalataya. Kinikitil nito ang makapangyarihang kakayahan at kabuluhan ng kuwentong talambúhay na pagtagpuin ang diwa ng ikinukuwento at ng mga tagapakinig at patunayan na ang mga doktrina ay tunay na makabuluhan sa pagsasabúhay. Ang mga salaysay tulad ng talambúhay ay nagpapabúhay at nagpapasigla sa diwa at imahinasyon ng mga mag-aaral sapagkat ang Diyos ay hindi lamang nakikilala o natatagpuan sa *theological abstractions* bagkus Siya ay nababanaag sa dugo at utak ng mga buháy na karanasan o kaganapan sa búhay ng tao (Rogers, 2011) na siyang magdudulot sa mga mananampalataya na hindi maging balintiyak na tagapakinig lamang kundi mga nakikipag-ugnay at nagmamana ng mayamang legasiya. Katulad sa kung paano ikuwento ng ating mga guro ang mga pambansang bayani upang buhayin ang pagmamahal natin sa bayan, muli din nating ikuwento ang búhay ng mga santo bilang pagpapatunay na ang Diyos ay aktibong nakikipag-ugnayan sa atin kahit sa pamamaraan ng pagkukuwento o pagsasalaysay ng talambúhay na nagsisislbing mitsa upang makamtan ang lubos na kaligayahan (Luzerne-Oi, 2018).



Bagama't may iba't ibang klase ng talambúhay at pamamaraan ng pagtuturo ng mga ito, dapat iwasan nating mahulog sa hukay ng pagtalakay



ng talambúhay kung saan ang mga punto ay nalilimitahan lamang sa *timeline* at nababalewala ang makakabuluhang aral tungkol sa mapanghámon at matagumpay na talambúhay. Alalahanin natin na ang sentro ng talambúhay ay ang kuwento ng tao at ang mga pangkaraniwang pangyayaring nagdulot ng kaniyang pagkakilanlan at ng mga aral na kalakip nito. Ang layunin natin ay matutuhan ng mga mag-aaral ang aral mula sa talambúhay na magsisilbing pamantayan at inspirasyon na muling isipin at pagbutihin ang kanilang mga sarili at pagiging Kristiyano.

Sa panahon ngayon na ang kabataan ay marami nang tinitingalang modelo o idolo na karamihan ay bunsod ng konsumerismo, *advertisements*, at *entertainments*, higit ang pangangailangang gamitin natin ang talambúhay ng mga banal bilang isang pedagohiyang pangkatekismo upang mabigyan ang mga mag-aaral ng pagkakataong makilala at mapagnilayan kung totoo bang mahalaga ang kanilang mga pinahahalagahan, kung tunay nga bang nakapagpapasaya ang mga nagpapaligaya sa kanila, at kung talaga bang makabuluhan at walang hanggang ang mga pinagtutuunan nila ng pansin at enerhiya (Rogers, 2011; Root, 2017). Sa pamamagitan ng ating malikhaing pagtuturo, ang ating mga mag-aaral ay maipapakilala sa mga kuwentong-búhay na marahil, gaya nila ay minsang nasadlak sa mga bagay na humihiwalay at nagnanakaw sa kanila sa kung anoman ang nararapat at mas mahalaga upang mamuhay nang makabuluhan at may ambag sa Simbahan at lipunan. Kung may mga mag-aaral tayong mamumulat at tutulad sa mga modelo ng ating pananampalataya, sila rin ay magiging modelo at huwarang tutularan ng kapuwa nila mag-aaral.

Sa pamamagitan ng malikhaing pagtuturo ng talambúhay, nagiging kasangkapan ang ating klase ng pagtatagpo *(encounter)* kung saan ang kapangyarihan at pag-ibig ni Kristo ay nasasaksihan, nadarama at napagtatantong aktibo sa búhay ng tapat na

mananampalataya. Sa pamamagitan ng mga talambúhay, ang imahinasyon ng kabataan ay naaakit na pagnilayan ang makabuluhan at nakakapagpabagong karanasan na nagdudulot ng inspirasyon at tibay ng loob na gumaya at mamuhay nang tapat sa pagsunod sa ating Panginoon. Ang talambúhay bilang isang pedagohiyang pangkatekismo ay nagsisilbing gabay sa mga mambabasá o tagapakinig na matuklasan ang kasangkapan at bunga ng isang búhay na binago ng pagkakatagpo kay Kristo, na kailanman ay hindi na kapareho ng dati niyang pagkatao.



Kaya bilang malilikhaing katekista, nararapat na patuloy nating pagnilayan o pag-isipan kung paano natin matutulungan ang ating mga mag-aaral na makilala, matangkilik, at mapagnilayan ang talambúhay na ating ipinapakilala upang hindi ito mahulog sa pagiging isang *entertainment*. Sa pamamagitan ng mga gabay na tanong o mga gawain o mga diyalogo sa klase, mapagninilayan ng mga mag-aaral kung paano ba sila dapat kumilos bilang mga tapat at mapagmahal na tagasunod ni Kristo gaya ng ginawa ng ating mga santo. Bagamat ang pangunahing hangarin at gawaing katekesis ay maipása ang pananampalataya sa mga mag-aaral, mas mahalaga na sila ay mahikayat na bigyan ng pagkakataon ang pagsasabúhay sa mga turo ni Kristo na nagdudulot ng totoong kaligayahan at katuparan ng búhay na pinatototohanan ng mga talamubahay ng mga santo.

Maging layunin natin at pagsikapan na ang ating mga klase ay maging isang oportunidad ng pag-aalala, pagdiriwang, at pagpapanibago ng ating pananampalataya bilang mga katekista ng ating mga mag-aaral. Nawa'y mabanaag ng ating mga mag-aaral ang *salvific stories* kung paanong ang Diyos ay naging aktibo at patuloy na binabago ang búhay ng marami sa pananampalatayang Kristiyano ngayon at sa buong kasaysayan.

# Mga Banal sa Likod ng Isa ring Banal
## *Kuwento ng Kabanalan*

Sa isang liham para sa kaniyang tiyuhin na si Isidore Guerin, isinulat ni Saint Thérèse: "Mahilig akong magbasa ng búhay ng mga santo. Ang salaysay ng kanilang kabayanihan ay nag-aalab sa akin ng lakas ng loob at nagpapaalab sa aking tularan sila."

Ang kakayahan ng talambúhay ng mga banal ay para bang magnet sa kaluluwa na nagbibigay-daan na maikonekta ang kanilang pamumuhay sa búhay ng mga mambabása o tagapakinig (Rogers, 2011), at makilatis ang kanilang mga búhay base sa balangkas ng pagsasalaysay na tumutukoy sa matapat na pag-uugali ng isang mananampalataya.



Sa pagbabasá ng mga talambúhay nina San Francisco ng Assisi at Santo Domingo de Guzman nang wala ni katiting na pagnanasa sa kabanalan, seryosong napaisip at nagbalik-tanaw si Iñigo Lopez de Oñaz y Loyola sa mga nagdaang taon ng kaniyang búhay at kung gaano kalaki ang dapat niyang gawing penitensya para sa mga ito. Ang pagnanais na gayahin ang mga santo ay nagmulat sa kaniyang kaisipan. Mula noon, patuloy na nagimbal ang kaniyang saloobin at kaisipan na bumalot sa kaniya sa haba ng panahon, ang mga bagay na maka-Diyos at maka mundo (Conor, 2018). Lahat nang ito ay nagsimula sa kaniyang pagbabasá na nagdulot ng pagmumuni-muni at siyang nag-udyok sa kaniya na magtanong tungkol sa kabuluhan ng kaniyang búhay na siyang naging daan sa pagbabago.

Ano kaya kung gawin ko ang ginawa ni San Francisco o ang ginawa ni Santo Domingo? Ganito kalakas ang kapangyarihan at taglay na kakayahan ng talambúhay, nakakaudyok ito sa mambabása na sumunod sa yapak ng táong binabasa. Kaya naman, napakahalaga ng

talambúhay sa pagtuturo at pagpapatotoo sa ating pananampalataya kay Kristo. Maaaring hikayatin ng talambúhay ang mga mag-aaral na sumali sa kuwento, na pagnilayan ang mga kuwento gaya ng pagninilay nila sa kuwento ng sarili nilang búhay, upang mabigyang-kahulugan ang mundo ayon sa lente ng talambúhay ng mga banal, at tumugon sa hinaharap sa kasalukuyan sa malikhaing paraan gaya ng matapat na pagtugon ng mga santo. Mapagtatanto natin na ang talambúhay ay nagtuturo, nagbibigay-inspirasyon, pumupukaw, o humahamon ng pagkilos sa mga mag-aaral, at sa lahat, anopaman ang edad at saanpaman ang lugar.

Dahil dito, ang dáting Iñigo na makamundo ay nakilalang si **San Ignacio** na bukas-palad na inihandog ang lahat ng kaniyang kalayaan, kalooban, isip at gunita - lahat ng hawak niya at kung anoman ang magiging pagkilos at galaw niya - para lamang sa walang hanggang kaluwalhatian ng Diyos. Ipinakita sa atin ni **San Ignacio** na ang pag-ibig at grasya lamang ng Dios ay sapat na, at sa pagsunod sa kaniyang kalooban, tayo ay papayapa at makakamit ang walang-humpay na kaligayahan.




Dahil sa kagandahang-loob at kabanalan na kaniyang isinabúhay, kasama ang anim pang iba, sinimulan nila at itinatag ang samahan ng *Society of Jesus* noong 1540 na lumago sa higit sa isang libong miyembro na nagtatag ng mga simbahan at paaralan ng mga Heswita sa buong Europa. Naging kapansin-pansin sila sa pagtatayo ng mga paaralang kahanga-hanga dahil sa lawak ng kaalaman at galing sa pagtuturo. Sila rin ay naglakbay hanggang sa Kanluran ng Brazil at Silangan ng Japan upang ipalaganap ang pananampalataya. Sa mga panahon ding iyon, nangyari ang pagkakawatak-watak ng



mga Kristiyano bunsod ng naganap na Repormasyong Protestante (Conor, 2018). Malaki ang naging gampanin ni Ignacio at ng mga kasamahang Heswita sa pagtatanggol na pananampalatayang Katoliko at pagsupil sa Protestantismo. Ipinakita ni **San Ignacio** na bagama't hindi siya sundalo ng kahit anong kaharian o katanyagan, siya naman ay sundalo ng Panginoong Hesukristo. Ang mga Heswita ay masunurin sa Santo Papa na kahit saang ibayo sila ipadala upang magmisyon, sila ay sumusunod. Sa kasalukuyan, ang mga Heswita ay ang pinakamalaking orden ng kalalakihan sa Simbahan na may 16, 500 miyembro sa buong mundo. Isa sa pinakatanyag na miyembro ng Ordeng ito ay walang iba kundi ang kasalukuyang Santo Papa Francisco.

Kung mayroon mang hiningi si **San Ignacio**, iyon ay ang tulong o grasya ng Diyos upang maging bukas-palad siya na ang lahat ay kaniyang maialay nang walang pag-aalintana kahit mahirap man at walang kapalit. Kahit ilang siglo na ang nagdaan mula nang yumao si **San Ignacio**, dahil sa kaniyang kabanalan, kabutihang-loob na bunsod ng kaniyang pagsunod sa mga kuwentong kabanalan mula sa talambúhay ng mga santo, ang kaniyang búhay ay patuloy na inaaalala at ipinag diriwang kagaya ng mga tinuluran niya. Tunay ngang ang Diyos ay hindi malalampasan sa kabutihang-loob.

Ang pagbabasá at pag-aaral tungkol sa mga banal ay makatutulong sa isang tao na magkaroon ng bagong pag-iisip na nakatuon sa Diyos at ng mapagpakumbabang tpagtanggap sa kaniyang kalooban sa ating mga gawain. Kapag binabasa ang mga sulat ng isang dakilang santo,

ang layunin ay hindi lamang para matapos ang pagbása. Ito rin ay upang mapag-isipan ang isang kasabihan na talagang tumimo sa iyo o bumihag ng iyong atensiyon at yakapin kung ano man ito. Ang mga salita o parirala mula sa naisulat na kuwento ng búhay ng isang santo na nagbibigay-inspirasyon ay madalas na tumatagos at bumibihag na pala sa iyo.



## Malikhaing Katekesis

Bilang malilikhaing katekista, paano nga ba natin gagamitin ang "talambúhay" sa pagtuturo natin ng katekesis?

**Pagbása ng Ebanghelyo**

"Ito naman ang katulad ng mga binhing nalaglag sa matabang lupa. Sila ang mga táong nakikinig at tumatanggap sa *Salita ng Diyos* at namumunga nang masagana; may tigtatatlumpu, may tig-aanimnapu at may tig-iisandaan." *Mark 4:20*

## Pagpapakilala ng Paksa

- Tanungin ang mga mag-aaral kung may kilála o naaalala silang kuwento tungkol sa isang/mga santo at kung sino ang nagkuwento nito sa kanila (kahit hanggang tatlong mag-aaral ay puwedeng mabigyan ng pagkakataong sumagot).

- Iproseso ang mga sagot upang maipakilala ang kahalagahan ng talambúhay.

- Tanungin kung mayroon ba silang mga idolo o modelong hinahangaan at ginagaya o tinutularan. Paano nila tinutuluran ang mga idolo o modelo nilang ito?

## Ang Kakayahang Taglay ng Talambúhay

- Gamiting halimbawa ang talambúhay ni **San Ignacio** na sa pagbabasá ng talambúhay ay nag-udyok na tumulad o gumaya sa naging búhay ng mga nabasa niyang santo.

- Ang Kahalagahan ng Talambúhay

Ituon na ang pag-aaral sa layunin ng pag-aaral ng talambúhay. Inaasahang ang mga mag-aaral ay magkakaroon ng mga ideyá tulad ng:

- Ang mga talambúhay ay tungkol sa mga tao o búhay ng mga tao batay sa mga totoong kaganapan

- Mga nagawa/kontribusyon ng tao



- Mahahalagang petsa o *timeline* sa búhay ng tao
- Mga larawan ng tao at mga damit na suot nito o mga damit na kilalá sa kaniya *(trademark)*
- Mga libangan at interes ng tao, kahit na may kasámang nakakagulat / di-karaniwang mga katotohanan

**Pagpapakilala sa Talambúhay ng Santo**

Pagpapakilala sa pamamagitan ng *lecture* o himno na alay sa santo o pagpapakita ng mga larawan. Kung may *video* na available sa *YouTube*, ipapanood ang búhay ng santong tatalakayin.

**Mga opsiyon na puwedeng ipagawa**


a. **Dula-Dulaan**

- ◻ Pagkatapos malaman ang tungkol sa talambúhay ng santo, magmungkahi ng isang malikhaing *acting monologue presentation* tampok ang natutuhan ng mga mag-aaral tungkol sa táong ito.
- ◻ Hayaang magsuot ang mga mag-aaral ng isang artikulo ng katulad na damit batay sa kanilang napiling talambúhay; ang *setting* ng silid-aralan ay dapat makamit ang isang malikhain at masayang kapaligiran.



- ◻ Hilingin na magdala ang mga mag-aaral ng isang mahalagang bagay na nauugnay sa táong tinalakay.

### *b. One-Page Wonder*



- Isang nakaeengganyong biswal na aktibidad gamit ang mga materyal pansining upang mapatuklas at masanay ang mga mag-aaral sa pagiging malikhain.
- Dapat lumikha ang mga mag-aaral ng isang-pahinang buod ng búhay ng santo na may *timeline* at paglalarawan.
- Ipakita sa mga mag-aaral ang mga *output* nang paisa-isa upang magkaroon ng pagpapalitan ng mga ideyá.

### *c. Do It Your Own Way*

- Hayaang magsulat ang mga mag-aaral ng isang kanta, tula o kasabihan tungkol sa kadakilaan ng mga santo na nais nilang tularan o kung paano nila ito isasabúhay.



# Panalanging Kateketikal

*Ama ng Pag-asa at Sandigan ng sanlibutan,*

*Ipadala Mo po ang Iyong mga anghel*

*Sa aming mga katekistang-lingkod upang*

*Gumabay, sumabaybay, at magbigay-búhay -*

*Sa aming mga talambúhay na*

*Naglalakbay sa ministeryong kateketikal ng*

*Simbahang mahal.*

*Na tulad ng misyonerong banal na*

*Si **San Ignacio de Loyola**,*

*Ituro Mo po na ilaan ang aming búhay*

*Para sa paglilingkod sa Iyong kaharian at*

*Sa mga kapuwang higit na nangangailangan.*

*Amen.*

*- Clarence M. Batan, NCS 2021: PARI Project*


# Mga Sanggunian


Conor, J.F.X. (Ed.). (2018). *The Autobiography of St. Ignatius.* New York, Cincinnati, Chicago Benziger Brothers Printers to the Holy Apostolic See, Retrieved from https://d2y1pz2y630308.cloudfront.net/15471/documents/2016/10/St.%20Ignatius-The%20Autobiography%20of%20Ignatius.pdf

Luzerne-Oi, S. L et Kirschenmann, J. (2018). Engaging Language Learners with Biography-Based Lesson, Units, and Courses. *English Teaching Forum,* 13-14. https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1191435.pdf

Rogers, F. (2011). *Finding God in the Graffiti: Empowering Teenagers Through Stories.* Cleveland: Pilgrim Press.

Root, A. (2017). *Faith Formation in a Secular Age: Responding to the Church's Obsession with Youthfulness.* Grand Rapids: Baker Academic. Chapter 7 & 9.



## Kabanata 15

# Mga Kislap ng Kabanalan

## Malikhaing Ministeryong Kateketikal na Naghahatid ng *Mabuting Balita* Tungo sa Búhay na Banal


***Leonardo O. Quimson, Jr. at Joan Christi Trocio-Bagaipo***

### Katekistang Lingkod

**Ni Clarence M. Batan**

*Ang pagiging katekista'y*
*Parang isang awit,*
*Sipag ang titik*
*Ang lirikong himig,*
*Ang bawat paggalaw*
*At kumpas ng isip*
*Ay para sa Diyos*
*Dahil sa panatang*
*Kantada ng lambing*
*Sa bawat tinuruan*
*Tiyempong mapusuan*
*Aral at karunungan*
*Ng Inang Simbahan.*
*Ang paglilingkod, entranda*
*At finale,*
*hanggang*
*Manatiling dama't dinig*
*Kinantang awit - ang*
*Katekistang-lingkod -*
*Pag-asa ng Simbahan*
*Tagapagtanggol ng*
*Pananampalataya't*
*Pag-ibig, ang*
*Sandatang-awit!*

*Para sa Diyos,*
*Para sa Simbahan,*
*Para sa lipunang*
*Pilipinas.*





Ang **Katekistang-Lingkod** (Batan, 2018) ay isa sa mga tulang nahabi mula sa *NCS 2016-2018*. Binigyang-kahulugan ng tula ang napakahalagang gampanin ng mga katekista sa pagtuturo ng pananampalataya. Mapapansing inihahambing ang mga katekista sa isang awit. Ang mga elemento ng awit tulad ng titik at liriko ay sumasalamin sa búhay ng isang katekista. Tulad ng malikhaing paglalarawan ng tula sa mga gawain ng mga katekista, ang pagtuturo ng pananampalataya ay maaring gawing malikhain upang mas maging kapana-panabik. Sinasabing walang iisang anyo ang mga metodo sa pagtuturo ng katekesis subalit may iba't ibang paraan upang maihatid ang *Mabuting Balita*.

Tulad ng mga awit na ang musika'y pumapalaot sa hangin na tila ba nagniningning na mga bituin, maari nating sabihing ang mga katekista ay mga bituing kumikislap, naghahatid-musika sa bawat tinuturuan, at ang bawat kumpas ng kanilang mga salita ay para bang kislap ng pag-ibig ng Diyos na nagliliwanag dahil sa malikhaing pamamaraan ng paghahatid ng *Mabuting Balita*. Ang mga katekista ay kumukuti-kutitap na tila walang-humpay na umaawit ng papuri't pasasalamat sa Maylikha na Siyang simula at wakas ng lahat ng ating mga pagsisikap.

Ang mga pedagohiyang binigyang-búhay sa aklat na ito ay malilikhaing gabay-turo ng mga katekista na tumutugon sa panawagan ng Simbahan para sa mas epektibong paraan ng pagtuturo ng pananampalataya. Ang mga parabula, panalangin, *lecture*, kuwentúhan, tula, awit, sayaw, teatro at pelikula, larawan at retrato, katahimikan, at talambúhay ay iba't ibang malilikhaing anyong tumutugon sa mga pedagohiyang ibinalangkas ng *General Directory for Catechesis* (2020).

Sa loob ng limang taóng pananaliksik sa búhay at kuwento ng mga katekista, nasubaybayan ng *NCS 2021 PARI Project* ang pagkilala ng Simbahan sa apat na mabubuting Kristiyanong Pilipino. Sila na inialay ang búhay sa mga gawain ng kabanalan, mga gawaing nagbigay-puri sa kabutihan ng Diyos. Sila na ang búhay ay naging tunay na saksi sa *Mabuting Balita*, ang búhay na naghatid ng *Mabuting Balita*. Sila na nagpatotoo na ang mga katekista ay tunay ngang kislap ng kabanalan. Halikayo't silipin natin ang búhay nina **Obispo Alfredo Ma. Obviar, Arsobispo Teofilo Camomot, Madre Francisca del Espiritu Santo de Fuentes,** at **Laureana "Ka Luring" Franco** kung paanong ang pagsasabúhay nila ng mga turo ng ating pananampalataya at ang kuwento ng kanilang kabanalan ay patotoo na ang paghahatid ng *Mabuting Balita* ay tunay na kinalulugdan ng Diyos. Halikayo't tumingin tayo sa kanilang mga mata upang makita natin ang nakita nilang kabutihan ng Diyos, ang kabutihan ng Diyos na ibinahagi nila sa mundo, ang kabutihan ng Diyos na nagdala sa kanila sa kabanalan.

## Ang Kislap ng Isip: Ang Kuwentong Katekista ni Obispo Alfredo Ma. Obviar



Lubhang nagbigay-galak sa puso nang mabalitaan natin ang pag-aanunsiyo ni Papa Francisco noong ika-7 ng Nobyembre 2018 na si **Obispo Alfredo Ma. Obviar, D.D.**, isang Pilipinong obispo ay itinanghal na bilang *Venerable* ("Bishop Alfredo Ma. Obviar", 2012; Dollentas, 2018). Kinumpirma ito ng *Catholic Bishops Conference of the Philippines* at sinasabing kinikilala ng buong Simbahan si **Obispo Obviar**, ang unang obispo ng Lucena, sa kaniyang mabuting pamumuhay bilang Kristiyano at maaaring maging modelo ng

kabayanihan at pananampalataya. Sa anunsiyong ito ng Santo Papa, ilang hakbang na lamang at magiging “santo” na si **Obispo Obviar**.

Ngunit sino nga ba si **Obispo Alfredo Obviar**? Ano ang kaniyang naging malaking ambag sa malikhaing ministeryong kateketikal? Ipinanganak siya noong ika-29 ng Agosto 1889 sa Lipa, Batangas. Kaisa-isang anak siya ng mag-asawang sina Telesforo at Catalina na pawang mga Katoliko. Ngunit sa kasamaang-palad, maagang naulila ang batang Alfredo at siya'y lumaki kasama ang kaniyang mga kamag-anak sa kaniyang ina. Naramdaman niya ang tawag ng Panginoong Hesus sa kaniya na magpari kaya pumasok siya sa *San Francisco Javier Jesuit Seminary* noong 1907 sa kursong *Liberal Arts*. Pagkatapos, siya'y nagpatuloy sa kaniyang paghuhubog bilang pari sa *Central Seminary* sa *Unibersidad ng Santo Tomas (UST)* at naordinahan bilang pari noong 1919. Una siyang naatasan bilang kura paroko sa Malvar, Batangas at dito, nakitaan na siya ng mga katangian bilang malikhaing katekista. Agad siyang nanawagan sa mga nais magboluntaryo bilang mga katekista sa parokya. Marami rin siyang itinatag na mga *catechetical formation center* sa kaniyang nasasakupan. May mga nagpatotoo na mahigit 300 katekista ang nais magturo tuwing linggo sa kaniyang parokya. Ito ay nagpapatunay sa kaniyang malaking ambag at impluwensiya sa ministeryong kateketikal sa Pilipinas. Dahil sa kaniyang malilikhaing gawain bilang tagahubog ng mga katekista, ang nanunungkulang Obispo noon na si Obispo Alfredo Ma. Versoza ay itinalaga siyang *Vicar General* ng Diyosesis ng Lipa at noong 1944 ay naging *Auxiliary Bishop*. Inatasan siya na mas palawakin pa ang paghuhubog sa mga katekista sa buong diyosesis.



Sa kabila ng mga pangyayaring ito sa paglilingkod ni **Obispo Obviar**, siya ay muling sinorpresa ng Panginoon. Siya ang napili ng Roma bilang unang obispo ng katatatag

na Diyosesis ng Lucena. Malaking hámon ito sa kaniyang misyon ngunit hindi niya ito alintana. Nagpatuloy siya sa kabila ng kakulangan ng mga pari sa bagong diyosesis. Naisip niyang hindi sasapat kung iilang pari at mga laykong katekista lamang ang gagawa ng ministeryong kateketikal. Kaya niya itinatag ang *Missionary Catechists of St. Therese of the Child Jesus (MCST)* noong ika-12 ng Agosto 1958 sa San Narciso, Quezon. Ang mga madreng *MCST* ang nagpatuloy at umalalay sa adhikain ni **Obispo Obviar** na palawakin ang ministeryong kateketikal sa kaniyang nasasakupan. Bukod sa kanila, pinaigting pa rin ng Obispo ang pagsasanay at paghuhubog sa mga katekista kahit na siya'y may dinaramdam nang sakít dulot na rin ng katandaan. Hindi niya alintana ang hírap at sakít maipagpatuloy lamang ang mga programa para sa mga katekista. Sa kaniyang nalalabing mga taon, siya'y sinamahan at inalalayan ng mga madreng *MCST* hanggang sa kaniyang pagpanaw noong Oktubre 1, 1978 sa edad na 89. Ito rin ang kapistahan ni Santa Teresa ng Niño Hesus, ang patrona ng misyon at ng kaniyang itinatag na kongregasyon.

Tunay ngang nakakaantig ang naging búhay at paglilingkod ni **Obispo Obviar** bilang katekista. Kahit sa mahirap na kalagayan at edad ay hindi siya tumigil na gumawa ng mga paraan upang hubugin ang mga katekista at hikayatin sila na lalong pag-alabin ang kanilang mga puso sa pagpapahayag ng Mabuting Balita higit sa malalayong lugar na hindi pa naaabot ng Ebanghelyo. Tulad ni **Obispo Obviar**, nanatili siyang inspirasyon sa mga katekista upang hindi sumuko at patuloy na maging malikhain sa kanilang ministeryo. Sa naging búhay niya, ating napatunayan na mahalaga ang pag-aaral ng ating pananampalataya (lalo na ang *Banal na Kasulatan* at ang mga katuruan ng Simbahan) bilang mga tagapagturo nito sa mga nakatanggap ng katekesis.




# Ang Kislap ng Paggawa: Ang Kuwentong Katekista nina Arsobispo Teofilo Camomot at Madre Francisca del Espiritu Santo de Fuentes

Isa sa mga natatanging berso sa *Bibliya* ay ang sulat ni Apostol Santiago. Sinabi niya, "ang pananampalataya na walang paggawa ay patay" (Santiago 2:14). Ika nga ng isang pari sa kaniyang homiliya, ipinahayag niya na "madaling magsabing mahal kita. Ngunit ang malaking hámon ay ipakita ito sa gawa." Ganoon din ang paghubog sa mga katekista upang sila'y maging tunay na malikhain. Kinakailangang ang pananampalataya ay hindi lamang sa isip manatili kundi maipamalas sa ating mga kilos at paggawa. Tingnan natin ang naging pagsasabúhay nina **Arsobispo Teofilo Camomot** at **Madre Francisca del Espiritu Santo de Fuentes**.



Si **Teofilo Camomot** ay ipinanganak sa bayan ng Cogon, Carcar, Cebu noong ika-3 ng Marso taóng 1914 ("Arsobispo Camomot", 2021). Ikatlo siya sa walong anak nina Luis Camomot at Angela Bastida. Naging seminarista siya sa Seminario de San Carlos sa Cebu at kalaunan ay naordinahan bilang pari noong ika-15 ng Disyembre 1940. Noong taóng 1943, siya ay itinalaga bilang Kura Paroko sa Santa Teresa Parish, Talisay, Cebu. Nakilala siya bilang isang pari na napakapayak ng pamumuhay at walang luho't karangyaan. Bago siya magdiwang

ng Banal na Eukaristiya, siya ay dumadalaw muna sa mga maysakit at mga dukha at dumudulog sa kanilang mga pangangailangan. Tunay ngang may biyayang kaloob ang Diyos sa kaniyang taos-pusong paglilingkod bilang pastol ng kaniyang kawan. Noong 1955, itinalaga siya bilang bagong katuwang na obispo *(Auxiliary Bishop)* ng Jaro, Iloilo. Noong 1959, kasabay ng kaniyang bagong misyon bilang *Co-adjutor Archbishop* ng Cagayan de Oro at Kura Paroko ng Santa Rita, Balingasag, Misamis Oriental, itinatag niya ang *Carmelite Tertiaries of the Blessed Eucharist* na mas kilala na ngayon bilang *Daughters of Saint Teresa (DST)*. Dahil sa kaniyang pagkakasakit sa bato noong 1968, nagbitiw siya bilang *Co-adjutor Archbishop* at bumalik na lamang sa Cebu upang maglingkod sa parokya. Binawian ng búhay ang mabuting Arsobispo noong ika-27 ng Setyembre 1988, kapistahan ni San Vicente de Paul dahil sa isang aksidente sa sasakyan. Maraming pagpapatotoo ang nagsasabi na napakabuting tao ni Arsobispo Camomot at kabilang sa mga testimonyang lumitaw ay ang kaniyang *bilocation* o ang pagpapakita ng kaniyang presensiya sa dalawang lugar nang magkasabay. Isang kuwento ang naisalaysay na kasama umano ng isang saksi ang naturang obispo habang nasa pagpupulong ngunit nakita rin siya ng isang babae sa oras ding iyon na nasa bundok at nagbibigay ng huling sakramento sa mga maysakit na malápit nang pumanaw. Isinabúhay ni Arsobispo Camomot ang pananamplataya sa pamamagitan ng kaniyang mga kilos at gawa. Nakilala siyang payak at matulungin lalo na sa mahihirap at nangangailangan. May isa ring kuwentong nakalap ang noo'y Arsobispo ng Cebu na si Ricardo Cardinal Vidal na napuna noon si Arsobispo Camomot na hindi suot ang kaniyang *pectoral cross* o ang krus na sinusuot ng isang obispo. Napag-alaman na kaniya pala itong isinanla upang makatulong sa mga maysakit at nangangailangan. Doon di'y binigyan siya ng bagong  krus at binilinan na huwag na muli itong gagawin.



May isa pang pagpapatotoo na noong siya ay hinoldap at kinuha ang lahat ng kaniyang pera, tinawag pa ng butihing obispo ang magnanakaw at iniabot pati ang kaniyang singsing dahil sa kaniyang malasakit. Dahil sa mga pagpapatotoong ito sa kaniyang búhay bilang isang mabuting lingkod ng Diyos, kinilala ng *Vatican* sa ilalim ng *Theological Commission of the Congregation for the Causes of Saints* ang kaniyang mga ginawa at pinaboran ng buong kongregasyon ang malalim pang pagsusuri at pag-aaral sa kaniyang búhay. Dahil dito, sa permiso ng Santo Papa, isa nang *Servant of God* si Arsobispo Camomot, ilang hakbang na lamang bago siya tawaging isang Santo. Ito'y tunay na pagdiriwang ng buong Simbahan lalo't higit sa Pilipinas.

Si **Madre Francisca del Espiritu Santo de Fuentes** naman ay ipinanganak noong 1647 at pinangalanang **Francisca de Fuentes** ng kaniyang mga magulang na sina Simon at Ana Maria na tubong-Maynila (Peterson, 2018; Sta. Catalina College, 2019; Wise Friar, 2020). Siya'y agad nabiyuda sa kaniyang asawa at hindi nagkaroon ng bunga ang kanilang maikling panahong pagsasama. Ngunit sa kabila nito, ibinigay ni Francisca ang kaniyang sarili para sa paglilingkod at pag-aalaga sa mga maysakit, matatanda at mahihirap. Noong 1682, siya ay pumasok sa kongregasyon ng mga Dominiko at napabilang sa *Third Order* at tinanggap ang pangalang **Madre Francisca del Espiritu Santo de Fuentes**. Kinilala si Madre Francisca sa kaniyang "walang maliw na pananalig at pagtalima sa misyon nang may katatagan at buong pagtitiwala sa Diyos". Itinatag ni Madre Francisca ang *Congregation of the Dominican Sisters of Saint Catherine of Siena* ngunit dumaan din ang kaniyang kongregasyon sa matinding




pagsubok. Noong 1703, ninais ng nanunungkulang arsobispo ng Maynila Don Diego Camacho na mapasailalim sa kaniya ang paghawak sa opisyal na kombento o mas kilala bilang beaterio nina Madre Francisca at ng mga kasamahan niya. Dinanas ni Madre Francisca ang hírap ng mga pagdinig upang makiusap sa arsobispo na muling ibigay sa kanila ang pamamahala sa beaterio. Hindi siya bumitiw at sumuko sa layuning ipagpatuloy ang misyong kaniyang sinumpaan sa Diyos at kay Santo Domingo para sa paghuhubog ng pananampalataya. Sa lakas ng loob at pananalig ni Madre Francisca, lumambot ang puso ng arsobispo at muli silang pinayagang makabalik sa kongregasyon upang mangasiwa.  Sa muli nilang pagbabalik, ginawaran ang beaterio ng permisong magtatag ng isang *colegio*. Doon sila nagsimulang tumanggap ng mga mag-aaral sa layuning maturuan sila ng *4 R's (Religion, Reading and writing and a Rithmetic with music)*. Sa natirang mga taon n g kaniyang búhay, itinuro ni Madre Francisca sa kaniyang mga kasamahan at tagasunod na gawing sentro ng kanilang búhay si Hesus na nasa Banal na Sakramento at patuloy na maglingkod sa mga nangangailangan. Pumanaw siya noong ika-24 ng Agosto taóng 1711 sa edad na 64. Siya ay idineklarang *venerable* o "kagalang-galang" ni Papa Francisco noong taóng 2019.

Isang tunay na katekistang malikhain si Madre Francisca dahil sa iniwan niyang malaking ambag sa ministeryong kateketikal. Ang kaniyang itinatag na *Congregation of Dominican Sisters of St. Catherine of Siena* ay naglayong mapaigting ang pagpapalaganap ng pananampalataya sa pamamagitan ng *Catholic Christian Education.* Sa panawagan ng Simbahan, tumugon ang kongregasyong naiwan ni Madre Francisca at ipinagpatuloy ang misyong kaniyang iniatas na maglingkod lalo na sa mga nagnanais maging katekista sa pamamagitan ng pagtatatag ng Madre *Francisca Catechetical*



*and Missionary Formation Institute (MFCMFI).* Naglalayon itong "magbigay ng pagkakataong makapag-aral sa mga karapat-dapat na nagnanais maging katekista at dadaan sa masusing paghuhubog upang maging ganap na tagapagturo ng katekesis" (Lazaro, 2017, p. 49).

Sa ministeryo at karanasan bilang katekista, makikita natin ang pagkilos ng Panginoong Diyos upang hubugin ang mga katekista sa pamamagitan ng pagtulong sa maraming tao tulad ng mga ginawa nina Arsobispo Camomot at Madre Francisca upang makapag-aral at sumailalim sa paghuhubog o *formation* ang maraming nagnanais na maglingkod bilang mga katekista at guro ng pananampalataya. Isang biyaya mula sa Panginoon ang mahubog, makapagtapos at makita ang kagandahang-loob ng Diyos sa tulong ng Kaniyang mga instrumento. Nawa'y marami pang mga institusyon ang maantig at mahikayat sa mga nasimulan nina Arsobispo Camomot at Madre Francisca na tumulong sa mga dukha at nangaingailangan, lalo't higit sa paghuhubog ng mga katekista hindi lamang sa salita at aral, kundi pati sa kilos at gawa. Tunay ngang sila ay mga katekistang malikhain, mga kislap ng kabanalan.




# Ang Kislap ng Puso: Ang Kwentong Katekista ni Laureana “Ka Luring” Franco

Minsan, may isang katekistang matapos magturo ng leskiyon sa kaniyang mga mag-aaral ay nilapitan ng isang mag-aaral na nagsabi, “*Sir*, puwede po bang magpadasal?” Nakakatuwa at nakakagaan ng kalooban na sa kabila ng lahat, hindi nangiming lumapit ang bata upang humingi ng tulong at panalangin sa kaniyang guro. Hindi nakatiis ang guro at tinanong niya ang mag-aaral. “Anak, bakit ka humihingi ng tulong na magdasal sa akin? Bakit ako, anak?” Ngumiti ang bata at kaniyang nasabi, “*Sir*, malapít ka po sa Diyos. Inilalapít po ninyo kami sa Kaniya.” Kinilabutan ang guro sa sagot ng kaniyang mag-aaral. Napaisip siya sa napakalaking responsibilidad na nakaatang sa kaniya bilang katekista. Sa isang pagtitipon ng mga katekista ng Arkidiyosesis ng Maynila, ipinaalala ni Msgr. Gerry Santos na,


“Mga katekista, huwag tayong titigil sa pagdarasal. Dito tayo humuhugot ng lakas upang ipagpatuloy ang misyon”.

Totoo ngang ang ating pananampalataya ay “nagmumula sa ating mga pusong umaasa at nagtitiwala sa Panginoong Diyos at pinalalakas ng panalangin at pagsamba sa Diyos” (CFC, 1997, 133). Napakahalaga ng panalabgin at malalim na relasyon ng isang katekista sa Panginoon dahil sa malikhaing gawain na ito, naaakit ng katekista ang mga tumatanggap ng katekesis na mapalapít sa Diyos. Isa sa mga katekistang higit na nagpatotoo na ang panalangin ay magdadala sa atin sa búhay ng kabanalan ay si Ka Luring.

Ipinanganak si **Laureana “Ka Luring” Franco** sa isang payak na pamilya noong ika-4 ng Hulyo 1936 sa



Hagonoy, Taguig. Sa kaniyang kabataan ay agad siyang sumali sa *Legion of Mary* dahilsa kaniyang debosyon at pagmamahal sa Mahal na Birheng Maria. Dahil sa kaniyang marubdob na pag-ibig sa Diyos, tumugon siya sa tawag na magbitiw sa kaniyang matagal nang trabaho bilang *accounting clerk* sa *Philippine Air Force* noong Dekada '60 at piniling mag-aral sa *Institute of Catechetics in Archdiocese of Manila (ICAM)* para maging boluntaryong katekista sa kanilang Parokya sa Santa Ana, Taguig. Masayang naglingkod at nagturo ng katekesis sa mga bata si Ka Luring kahit walang bayad. Masigla niyang inihanda ang mga bata edad pito hanggang walong taóng gulang na tumanggap ng Banal na Komunyon sa Misa sa pamamagitan ng katekesis.



Dumating din sa matinding pagsubok ang katapatan ni Ka Luring nang minsan ay may mga lumapit sa kaniya mula sa ibang relihiyon para siya ay kumbinsihing maging katekista nila at bayaran siya ng *10,000 US dollars* kada buwan kapalit ng pagtalikod niya sa kaniyang pananampalataya. Nakaratay sa karamdamang kanser ang kaniyang ina noong mga panahong iyon. Ngunit mahinahong sinagot ni Ka Luring ang paanyaya sa kaniya:

"Maaaring tanggapin ko ang halagang ito at magturo para sa inyo... Ngunit hindi ko kailanman maloloko ang Diyos. Alam Niya ang totoo mula sa aking puso."

Nalaman nang marami ang kaniyang paninindigan sa bokasyong maging katekista at marami ang humanga sa kaniyang malalim na relasyon sa Panginoong Diyos. Noong Disyembre 1989, siya ay ipinatawag ni Kardinal Jaime Sin ng Maynila dahil siya ay napili para gawaran ng *Papal Award* na *Pro Ecclesia et Pontifice* dahil sa hindi matatawarang paglilingkod niya sa Simbahan bilang katekista.

Isa pa sa kahanga-hangang katangian ni Ka Luring ay ang kaniyang pagiging huwarang katekista sa kaniyang búhay-panalangin at paglilingkod lalo na sa mahihirap. Dahil sa kaniyang galing at dedikasyon, maraming seminaryo ang lumalapit sa kaniya upang humingi ng tulong upang gabayan ang mga seminarista na magtuturo ng katekesis sa mga *public school*. Marami sa mga seminarista at maging mga pari ay lumapit sa kaniya upang humingi ng panalangin dahil sa kaniyang angking kabanalan bilang malikhaing katekista. Sa hawak niyang rosaryo at palagiang pagdalaw sa Banal na Sakramento, siya ay isang tunay na *prayer warrior* na nilapitan at pinagtiwalaan ng maraming tao. Nagkasakit ng kanser si Ka Luring at siya'y sumakabilang-búhay noong ika-17 ng Oktubre 2011. Napakalaki ng puso ni Ka Luring kung kaya't sa kaniyang paglisan, maraming tao ang kumilala sa kaniyang pagmamahal at paglilingkod sa kapuwa at sa Simbahan. At nitong Oktubre 17, 2021, sa ikasiyam na taon ng kaniyang pagpanaw ay inanunsiyo ni Obispo Mylo Hubert Vergara, D.D. Obispo ng Diyosesis ng Pasig ang *Diocesan Process of Inquiry* para sa kaniyang *beatification*. Tunay ngang inspirasyon ang katekistang malikhain na si Ka Luring. Naroon na siya sa Langit kapiling ang Panginoon.

## Pangwakas

Sa mga kuwento nina **Obispo Obviar, Arsobispo Camomot, Madre Francisca** at **Ka Luring**, masasabi nating tunay ngang napakadakila ang maging katekista. Hindi madali ang misyong ito ngunit dahil sa kanilang pagmamahal sa Panginoon at sa Simbahang Kaniyang itinatag, patuloy nilang inihasik ang mga binhi ng pananampalaya upang maihatid ang *Mabuting Balita* sa lahat ng bansa. Tulad ng kislap ng mga bituin, patuloy na nagniningning ang hatid nilang kabanalan sa búhay natin at ng ating mga tinuturuan. Maging




inspirasyon nawa ang kanilang mga nagawa at naiambag sa ating ministeryong kateketikal at parating umasa sa mapagpalang biyaya ng Espiritu Santo na Siyang gagabay sa atin at magpapamalas na "kapiling natin ang Diyos… hanggang sa wakas ng panahon" (Mateo 28:20).

Lumalabas sa mga datos ng *NCS 2021* na ang mga katekista ay tunay na masaya sa kanilang pagiging katekista sa kabila ng madalas na hindi nabibigyan ng kaukulang atensiyon sa larangan ng pasahod at mga rekursong kateketikal. Patuloy silang gumagawa nang may kababaang-loob at buong-sigasig na naglilingkod nang walang hinihintay na kapalit (OCEP, 1993).

Ang katotohanang ito ay siyang tunay na nagbibigay-larawan sa isang katekistang lubos na nauunawaan na ang tiyak na mahalaga sa pagtuturo ng pananampalataya ay hindi ang sarili kundi Siya na simula at wakas ng buong gawaing kateketikal - ang Dakilang Guro na siyang sa atin ay gumagabay tungo sa búhay na walang hanggan. Ang katekistang hindi tumitigil sa paghahanap ng mga malikhaing pamamaraan upang maihatid ang *Mabuting Balita* sa mga tinuturuan ay siyang kinalulugdan ng Diyos – ang Dakilang Guro.

At bilang pagwawakas, samahan nawa tayo ng butihing mga katekistang banal ng ating bayan, **Obispo Obviar, Arsobispo Camomot, Madre Francisca** at **Ka Luring** sa panalanging ito.



# Panalanging Kateketikal

*Poong Maykapal, aming Ama, aming Pag-asa,*
*Maraming salamat po sa Iyong*
*Walang hanggang Liwanag na*
*Nagbibigay-búhay sa aming*
*Masiglang ministeryong kateketikal*
*Sa Simbahang Katolika ng Pilipinas.*
*Salamat Panginoon sa mga biyaya*
*Ng mga kislap ng kabanalang*
*Mababanaag sa búhay ng mga*
*Katekistang Pilipinong nilakbay ang mundo ng katekesis*
*Na may pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig.*
*Sa inspirasyon ng mga Lingkod ng Diyos (Servant of God) -*
***Arsobispo Teofilo Camomot** at*
***Sister Laureana "Ka Luring" Franco**,*
*At mga kinilalang Kagalang-galang*
*Sa harap ng Panginoon (Venerable) -*
***Obispo Alfredo Ma. Obviar** at*
***Madre Francisca Del Espiritu Santo De Fuentes**,*
*Biyayaan Mo po kami ng marami pang katekistang banal.*
*Amen.*

*- Clarence M. Batan, NCS 2021: PARI Project*



# Mga Sanggunian


Archbishop Camomot. (2021) *Biography: Archbishop Teofilo Camomot.* Retrieved from https://www.archbishopcamomot.ph/biography/

Batan, Clarence. (2020). *Katekista: Mga Tulang Pananaliksik hango sa National Catechetical Study.* Catholic Bishops' Conference of the Philippines (CBCP) – Episcopal Commission on Catechesis an Catholic Education (ECCCE), University of Santo Tomas (UST) Research Center for Social Sciences and Education (RCSSED). Manila.

Bishop Alfredo Ma. Obviar. (2012). Brief Biography. *The Servant of God: Bishop Alfredo Ma. Obviar.* Retrieved from https://alfredomaobviar.wixsite.com/bamo/about

Catholic Bishops' Conference of the Philippines. (1997). *Catechism for Filipino Catholics.* Quezon City: Claretian Publications.

Dollentas, L. (2018). *Venerable Alfredo Obviar - A Man with a Passion for Catechesis.* Retrieved from https://www.oclarim.com.mo/en/2018/11/23/venerable-alfredo-obviar-a-man-with-a-passion-for-catechesis/


Lazaro, G. (2017). In the World and for the Church. *The Missions Newsletter.* Retrieved from http://pms-phil.org/wp-content/uploads/2018/06/In-the-World-and-for-the-World-1.pdf

Peterson, L. (2018). *This Filipino Bishop Believed God's Word should be Proclaimed from the Rooftops.* Retrieved from https://aleteia.org/2018/11/13/this-filipino-bishop-believed-gods-word-should-be-proclaimed-from-the-rooftops/

Pontifical Council for the Promotion of the New Evangelization. (2020). *Directory for Catechesis.* Word and Life Publications.

Sta. Catalina College. (2019). *Life of Mother Francisca Del Espiritu Santo.* Retrieved from https://stacatalinacollegemla.com/page/life-of-mother-francisca-del-espiritu-santo

Wise Friar. (2020). *Laureana "Ka Luring" Franco: The Holy Catechist of Manila.* Retrieved from https://wisefriar.blogspot.com/2020/06/probable-filipino-saints-5-laureana-ka.html


# Pangwakas na Mensahe

Sa halos anim na taong nagdaan na aking pamumuno sa *CBCP-ECCCE*, nakasama ko kayo, ang maraming **katekistang-lingkod** sa bawat sulok ng ating Simbahang Katolika sa Pilipinas. Personal kong nasaksihan ang hindi matatawarang pagpapahalaga at pagmamahal ninyo sa kateketikal na misyong maging mabuti at epektibong tagapagturo ng ating pananampalataya.

Ayon nga sa ating *National Catechetical Study (NCS) 2016 - 2021*, ang mga katekista ay maituturing na "natatagong kayamanan ng ating Simbahan". Ang inyong yamang-taglay ay hindi materyal kundi ang disposisyong maglingkod na walang inaasahang anomang kapalit. Ito ang masasabi kong simula ng pagtahak sa daan ng kabanalan.

Kaya't bilang pasasalamat at pagkilala sa inyong mga sakripisyo't pagmamahal sa ating Simbahan, ito ang isang modyul na binuo para sa inyo - ang aming mga mahal na katekista. Ito ay batay sa pananaliksik ng *NCS* at isinulat ng mga kapuwa guro't katekista mula sa iba't ibang institusyon.

Espesyal ang modyul na ito dahil tungkol ito sa pagkilala ng inyong talento't kasanayan bilang mga Katekistang Malikhaing bukas sa paggamit ng samo't saring pedagohiya upang ang katekesis ay maging makabuluhan, malalim, at mapaghuhugutan ng inspirasyon ng kabanalan.



Naalala ko tuloy si Padre Thomas Green, isang paring Heswita. Para sa kaniya, simple lang daw ang maging santo; kailangan lang daw ay makinig tayo sa kalooban ng Diyos. Ayon sa kaniya, kapag ipinahiwatig ng Diyos ang kaniyang Banal na Kalooban, kailangan natin itong gawin nang buong puso, lakas, at kaluluwa. Sa madaling salita, isabúhay ang kalooban ng Panginoon.

Naniniwala akong kinakatawan ng modyul na ito ang panibagong inspirasyong sa pagpapalawig ng gawaing katekesis ng ating Simbahan tungo sa kabanalan. Kasama kaming inyong mga obispo, kaparian at mga relihiyoso, tayong lahat, sa pamamagitan ng librong ito, ay may panibagong dahilan upang maging mabuti at epektibong mga katekista para sa ating Simbahang nagdiriwang ng ikalimang daang taon ng Kristiyanismo sa ating bansa.

Taimtim kong dalangin na magsilbing liwanag ang bawat isang pedagohiya na isinalarawan sa librong ito. Nawa'y mas maging makahulugan ang lahat ng gawaing katekesis na mag-iiwan ng kislap sa mga mata ng bawat Katolikong maglalakbay patungo sa daan ng kabanalan.

Halikayo at sabay-sabay natin ibahagi ang kabanalang-bunga ng ***Katekistang Malikhain!***



**✞ Obispo Roberto C. Mallari, D.D.**
*Diyosesis ng San Jose de Nueva Ecija*
*Tagapamuno, CBCP-ECCCE (2016-2021)*

# Tungkol sa Mga May-akda at Mga Taga-disenyo ng Libro

## Mga May-akda

### *Patnugot*

Si **Clarence M. Batan** ay isang sosyologo sa larangan ng kabataan, edukasyon, trabaho, at Katolisismo partikular sa larangan ng ministeryong kateketikal. Naging *Research Director* siya ng *Research Cluster for Culture, Education, and Social Issues (RCCESI)* (2015-2016). Kasalukuyan siyang Propesor sa Sosyolohiya at Tagapag-ugnay ng *Departamento ng Sosyolohiya* ng Pakultad ng mga Sining at Panitik *Unibersidad ng Santo Tomas (UST)*. Pinamunuan ang *National Catechetical Study (NCS) 2016-2018* at nagsilbing Lider-Mananaliksik ng *National Catechetical Study (NCS) 2021: Pastoral Action Research and Intervention (PARI) Project.* Isa siyang tagahanga ng mga katekistang Pilipino ng Simbahang Katolika.

### *Mga Katuwang na Patnugot*

Si **Keith Aaron T. Joven** ay Katuwang sa Pananaliksik at Dokumentasyon ng *National Catechetical Study (NCS) 2021: Pastoral Action Research and Intervention (PARI) Project.* Siya ay nakapagtapos ng *BA Sociology* sa *Unibersidad ng Santo Tomas (UST)*. Siya ay naglilingkod bilang *instrumentalist* sa *Our Lady of Grace Parish,* Mabalacat City, Pampanga.

Si **Joan Christi Trocio-Bagaipo** ay isang katekistang nagtapos sa *Mother Francisca Catechetical and Missionary Formation Institute* sa *Siena College Inc. Quezon City.* Sa kasalukuyan, siya ay nagtuturo sa *Insitute of Religion* at *Reseach Associate* ng *Center for Theology, Religious Studies and Ethics* ng *Unibersidad ng Santo Tomas (UST)*. Siya rin ay naging *Fellow* ng *Komisyon sa Wikang Filipino* sa larangan ng pagsasalin. Maliban sa pagtuturo at pananaliksik, aktibo rin siya sa iba't ibang propesyonal at sibikong gawain.

Si **Renniel Jayson Jacinto Rosales** ay isang guro ng Teolohiya, Pilosopiya, at pananaliksik sa *Senior High School* ng *Sta. Teresa College, Bauan, Batangas* at isang *Certified Family Educator* na iginawad ng *CBCP-Episcopal Commission on Family and Life (ECFL)*. Siya ay nagtapos ng kaniyang *Master of Arts in Applied Theology* at kasalukuyang nag-aaral ng *PhD in Applied Theology* sa *De La Salle University (DLSU) Manila* kasabay ng *Advanced Certificate in Adult Faith Formation* sa *Fordham University*, *New York*. Siya ay isang lingkod-pastoral sa *San Isidro Labrador Parish,* Cuenca, Batangas kung saan ay pinangungunahan niya ang *Parish Social Communications* at *Parish Ministry on Social Services*. Ang kaniyang mga interes sa pag-aaral at pananaliksik ay umiikot sa espirituwalidad, *religious education*, *Catholic Social Teachings*, at *faith formation*.

Si **Leonardo O. Quimson, Jr.** ay isang guro at katekista mula sa *Senior High School (SHS)* ng *Unibersidad ng Santo Tomas (UST)* at Arkidiyosesis ng Maynila. Siya ay nagtapos ng *Bachelor of Secondary Education Major in Religious Education* sa *UST* noong Marso 2010 at ng *Master of Education Major in Religious and Values Education* sa *De La Salle University (DLSU)* noong 2021. Siya ay nagturo rin sa *Paco Catholic School* mula 2010 hanggang 2018 at naging Tagapag-ugnay sa Edukasyon sa Pagpapakatao at *Christian Living Education*. Siya rin ay naglilingkod bilang *volunteer catechist* at *lay minister* sa *Our Lady of Peñafrancia de Manila Parish,* Paco, Manila.

Si **Jonathan James O. Cañete** ay isang lisensiyadong guro ng S*enior High School (SHS)* at isang katekista mula sa *La Salle College* ng Antipolo. Siya ay nakapagtapos ng *Master of Arts in Applied Theology* at sa kasalukuyan ay kumukuha ng kaniyang *PhD in Applied Theology* sa *De La Salle University (DLSU) Manila*. Ang kaniyang interes ay nasa larangan ng katekesis at *religious education, empirical Theology, Theology of disability, youth studies, digital Theology, at sosyolohiya ng relihiyon.*

## *Kasama sina*

Si **Christine C. Balmaceda** ay nakapagtapos ng *Bachelor of Secondary Education Major in Values Education*. Siya ay lisensiyadong guro na nagtuturo sa *St. Bridget College-Batangas*. Sa kasalukuyan, siya ay patuloy na nag-aaral at kumukuha ng programang *Master of Education Major in Religious and Values Education* sa *De La Salle University (DLSU) Manila*. Siya rin ay aktibong katekista at lektor sa *Sta. Rita de Cascia Parish* na naglalaan ng kaniyang oras sa pagbibigay ng *pre-jordan* at *pre-confirmation seminar* tuwing araw ng Linggo.

Si **Ser Allan G. Bodoraya** ay isang Katuwang na Propesor ng *Institute of Religion* ng *Unibersidad ng Santo Tomas (UST)*. Siya ay nagtapos ng *AB Classical Philosophy* sa *San Carlos Seminary*. Nagtapos siya ng kaniyang *Master of Arts in Applied Theology* sa *De La Salle University (DLSU) Manila*. Bilang *volunteer* at *sign language interpreter* ng *Archdiocese of Manila Ministry for Persons with Disabilities*, ang kaniyang pag-aaral ay nakatuon sa pagpapalalim ng Katolikong pagninilay sa paksang *Disability Theology.*

Si **Tricia Mae V. Cruz** ay isang katekista at guro mula sa *Senior High School (SHS)* ng *Unibersidad ng Santo Tomas (UST)*. Siya rin ay isa sa mga tumatayong tagapayo ng *Young Ones for Unity – UST SHS*. Mula sa parehong Unibersidad, siya ay nakatapos ng *Bachelor of Secondary Education Major in Religious Education* noong 2015 at ng *Master of Arts Major in Theology* noong 2020. Mula taóng 2015 hanggang 2017 ay nagturo siya sa *St. Theresa's College,* Quezon City ng *Christian Living Education* sa una at ikalawang baitang.

Si **Arthur G. Octubre** ay isang katekistang nagtapos ng *Bachelor of Secondary Education Major in Religious Education*, *Minor in English Literature* sa *Mother Francisca Catechetical and Missionary Formation Center* sa *Siena College Inc. Quezon City*. Naglingkod siya bilang isang *lay missionary-catechist* sa mga katutubong Aeta sa Porac, Pampanga sa gabay ng *Congregation of Dominican Sisters of St. Catherine of Siena* at naging katekista ng Diyosesis ng Novaliches. Sa kasalukuyan, siya ay guro ng *Religious Education* at *Values Education*, at isang *Institutional Campus Ministe*r sa *Siena College of San Jose, Inc.* sa loob ng 21 taon.

Si **Maria Elena P. Octubre**, mula pagkabata, ay sumasama na sa mga gawaing kateketikal ng mga *Franciscan Immaculatine Sisters* hanggang maging propesyonal na katekista ng Arkidiyosesis ng Maynila at guro ng relihiyon. Sa kasalukuyan, siya ay guro ng *Christian Living and Values Education (CLVE)* sa *Senior High School (SHS)* sa *Siena College of San Jose, Inc*.. Nakapagtapos siya ng *Master of Arts in Education Major in Teaching the Early Grades* noong 2018 at kasalukuyan ay kinokompleto ang kaniyang *PhD in Educational Management* sa *University of Caloocan City*.

Si **Abigael Maitim-Padilla** ay isang *religious educator* sa *De La Salle University (DLSU) Laguna Campus*. Siya ay nagtapos ng kolehiyo sa *Don Bosco Canlubang* ng *Secondary Education Major in Religious Education* at nag-aaral ng *Master of Education Major in Religious and Values Education* sa *De La Salle University (DLSU) Manila*. Siya ay matagal na naging katekista sa *Mary Help of Christians Parish,* Calamba, Laguna. Ang kaniyang interes ay nasa larangan ng katekesis, *religious education*, at s*pirituality*.

Si **Maria Corazon C. Sanin** ay isang katekista at guro mula sa *Senior High Schoo*l *(SHS) ng Unibersidad ng Santo Tomas (UST)* mula pa noong 2018. Naging bahagi ng *Institute of Religion, UST* at nagturo ng *Religious Education* at *Christian Living* sa kolehiyo at *Junior High School (JHS)* sa *St. Paul University of Quezon City*. Nagtapos siya ng *Master in Pastoral (Ministry) Theology* sa *San Carlos Seminary Graduate School of Theology, Guadalupe, Makati City* noong 2004.

Si **Mc Kyle F. Vilaz** ay isang Katuwang na Propesor at katekista sa *De La Salle (DLSU) Araneta University*. Siya ay nakapagtapos ng *Master of Arts in Religious Education* sa *Siena College Inc. Quezon City* noong 2019. Kasabay ng kaniyang pag-aaral ng *Advanced Certificate in Adult Faith Formation* sa *Fordham University, New York*, siya rin ay kumukuha ng *PhD in Religious and Values Education* sa *De La Salle University (DLSU) Manila*. Ang mga interes niya ay sa larangan ng *youth studies*, *Jewish roots*, *catechetical methods*, at *religious education studies.*

## Mga Taga-disenyo ng Libro

Si **Gracelle C. Tungbaban** ay tagapaglikha ng koleksiyon ng **linyang-sining** at isa sa nagdisenyo ng *layout* ng librong ito. Siya ay mag-aaral ng *Bachelor of Arts in Sociology* sa *Unibersidad ng Santo Tomas (UST)* at katuwang sa *multimedia* ng *NCS 2021: PARI Project*. Ang kaniyang kasalukuyang interes sa pananaliksik ay sosyolohiya ng kabataan at kalusugang panlipunan.

Si **Vincent Reuben E. Valientes** ay tagapamuno ng mga sosyologong mag-aaral na katuwang sa *multimedia* ng *NCS 2021: PARI Project*. Isa sa nagdisenyo ng pabalat at *layout* ng librong ito. Kasalukuyang mag-aaral ng *Bachelor of Arts in Sociology* ng *Unibersidad ng Santo Tomas (UST)* na kung saan ang kaniyang interes sa pananaliksik ay sosyolohiya ng kabataan, Katolisismo, *sports*, at metodong biswal *(visual sociology)*.

Si **Jayson U. Dela Cruz** ay ang nagdisenyo ng *Mga Larawang Retablo ng mga Katekistang Banal*. Sa kasalukuyan, siya ay isang mag-aaral ng *BA Sociology Program* ng *Unibersidad ng Santo Tomas (UST)* at katuwang sa *multimedia* ng *NCS 2021: PARI Project.* Siya ay Tagapag-ugnay ng Ministeryo ng mga Lingkod-Altar sa *Parokya ni San Hudas Tadeo* sa Diyosesis ng Pasig. Ang kaniyang interes sa pananaliksik ay sosyolohiya ng relihiyon, Katolisismo, at mga isyung pastoral.

Makatutulong ang aklat na ito upang magabayan ang ating mga katekista upang patuloy nilang maituro ang pagmamahal ni Hesukristo sa pamamagitan ng iba't ibang mga malikhaing pedagohiya, bukod pa sa mga nakasanayang "lecture method" at "pagkukwento ng karanasan".


**✞ Obispo Pablo Virgilio S. David, D.D.**
*Diyosesis ng Kalookan*
*Pangulo, CBCP (2021-2023)*

Espesyal ang modyul na ito dahil tungkol ito sa pagkilala ng inyong talento't kasanayan bilang mga ***Katekistang Malikhaing*** bukas sa paggamit ng samo't saring pedagohiya upang ang katekesis ay maging makabuluhan, malalim, at mapaghuhugutan ng inspirasyon ng kabanalan.

**✞ Obispo Roberto C. Mallari, D.D.**
*Diyosesis ng San Jose de Nueva Ecija*
*Tagapamuno, CBCP-ECCCE (2016-2021)*

Isa sa mga yaman ng ating kulturang Pilipino ay ang paghahabi *(weaving)*. Nakamamangha na ang hiwa-hiwalay na sinulid ay nagiging isang tela. Ganitong imahen ang naiwan sa aking diwa matapos kong mabása ang ***Katekistang Malikhain.***

**Fr. Amado (Bong) V. Gino**
*Catechetical Director, Diyosesis ng Kalookan*



Ang librong ito ay makatutulong sa ating mga katekista, lalong-lalo na sa mga sanay lamang sa paggamit ng mga nakagawiang pagtuturo ng katekesis. Nakasisiguro akong matututo sila ng iba't ibang paraan at pedagohiyang nakalahad sa aklat na ito na makatutulong sa kanilang ministeryo bilang mga katekista.

**Vanessa B. Sabit**
*Katekista, Diyosesis ng Bacolod*



Ang iba't ibang pedagohiya ay magiging panibagong daan sa mga katekista upang maihatid sa kabataan at sa mga mananampalataya ang turo ng Simbahan na may kislap at epekto sa kanilang pang araw-araw na búhay.

**German J. Calacat, Jr.**
*Katekista, Arkidiyosesis ng Cagayan de Oro*

Ambag ng *Unibersidad ng Santo Tomas (UST)*
sa paggunita ng 500 Taon ng Kristiyanismo sa Pilipinas

gifted to give
500 YEARS OF CHRISTIANITY IN THE PHILIPPINES

Isang *Research-based Intervention Outcome (RIO)* batay sa mga resulta ng *National Catechetical Study (NCS) 2016 - 2021: Pastoral Action Research and Intervention (PARI) Project* ng *Research Center for Social Sciences & Education (RCSSED), Unibersidad ng Santo Tomas (UST).*